

APOCALIPSIS, IKAAPAT NA KABANATA BAHAGI II



Ikinagagalak ko na makaparito muli sa umagang ito. Iniisip ko lang kung gaanong ang niyebe na ito . . . Ngayon, kung nasa Colorado tayo, itong niyebe po'y malambot sana at mahimulmol, at siguro'y mga apatnapu sa ibaba ng zero ang temperatura, at kapag kayo'y, *phew*, sa paghinga n'yo nang paganoon, at mabubuo 'yun patungo sa alikabok. At magiging ganoon na 'yun buong taglamig mismo. Pero ngayon, yamang nandito tayo, dito sa medyo . . . sa may kalagitnaan, nasa gitnang rehiyon, hayan nga't ito'y nagiging basa talaga at maputik at di kaaya-aya, at—at mukhang ganoon nga ito na gusto ko—gusto ko nang makasakay ng eroplano, papunta sa Arizona, at maghintay dun hanggang sa sumapit ang tagsibol at pagkatapos ay babalik.

² Yan po ang dahilan kung bakit lahat tayo'y sinisipon, na 'yung mga mikrobyo't mga bagay-bagay ngayon ay nagkalat mismo sa lupa at titigas ito at pagkatapos matutunaw, at pagkatapos titigas at pagkatapos matutunaw. At aangat 'yun paitaas at nalalanghap natin, at nagkakaroon tuloy tayo ng pamamaga sa lalamunan, sakit ng ulo, at sakit at pangingirot. At, grabe, grabe, grabeng panahon po, grabeng dako.

Ngunit may Lupain sa kabila ng ilog,
Na magpakailanmang kairog-irog,
At marating lang natin yaong Baybay
sa pamamagitan ng pananampalatayang
taglay;
Isa-isa tayong lumalapit sa lagusan,
Na doon maninirahan kasama ang mga walang
kamatayan,
Balang araw ay kanilang patutunugin yaong
mga kampanang gintuin para sa inyo at sa
akin.

³ Doon nga tayo Uuwi para maglumagi, siyanga po ba? Yan ang araw na inaasam-asam natin.

⁴ Ngayon, kagabi po'y tunay na nagalak ako sa kahanga-hangang mga pangangaral at mga bagay na narinig ko mula sa aking mga kapatid. Nasaan po si Pat Tyler, nandito ba siya sa umagang ito? Pat, oh, hindi kita napansin na nakaupo ka pala riyon na anupa't punung-puno ng buhay at dumoble pa ang pagkanatural. At—at hindi kita—hindi kita napansin na nakaupo riyon. Siyanga't unang beses na si Pat . . . napakinggan ko si Pat

na nagsalita; tunay na ikinagalak ko mismo, tiyak din ako na lahat tayo'y nagalak talaga.

⁵ At pagkatapos ang munting kapatid na nagbigay ng nag-aalab na patotoo ukol sa pangangaral dito na talagang parang tunog ng machine gun na rumaratrat. Kahanga-hangang kapatid, na nakatagpo ko, na taga-Ohio. Nandito ba siya sa umagang ito? Nandito ba? Nabanggit ni Kapatid na Neville na ang kapatid na ito'y sunud-sunod talaga kung rumatrat.

⁶ Tapos si Kapatid na J.T. Parnell ang sumunod. At—at sa palagay ko hindi na umabot kay Kapatid na Beeler. At siya ba, si Kapatid na Parnell ba'y nandito? Kapatid na Parnell, Kapatid na Beeler? Di ko lang sigurado, sa palagay ko nakita ko si Kapatid na Beeler.

⁷ Ito pong mga ilaw, ito po'y. . . Kapag itatayo na nila ang bagong tabernakulo, umaasa ako na maiiba nila ang ayos nito, nang medyo iba. Ito kasi'y unang disenyo natin, kaya eksperimento pa. At kaya kapag nakapagpatayo na tayo ng bago, siyanga't, ang gusto nati'y medyo iba na kumpara rito; sa ganito kasi'y di ka makaaninag; nais ko na kapag napatayo na nila ang tabernakulo'y medyo humihilig nang *paganito*, sa mga tagapakinig. Nakaharap ka kasi nang direktso sa mga tagapakinig mo sa tuwina. At lalong-lalo na sa mga pagtitipon ng may espirituwal na pagkilala, para makabaling-baling ka sa palibot. Kita n'yo, magagawa mo silang maisa-isa sa palibot nang *paganito*, nang pabalik-balik. At pagkatapos, siguro'y kahit may munti ka lang na balkonahe na iuusli diyan, mas mainam kung ganoon.

⁸ Si Kapatid na Littlefield, siyanga't kung nandito si Billy, tumawag siya sa akin kagabi at ipadadala raw niya ang mga disenyo ng tabernakulo na idinedika ko roon, na ang mga arkitekto. . . Kapatid na Wood, ang halaga nun, sa palagay ko, ay limang daang dolyar na agad sa pagpapadisenyo nun sa arkitekto. At kanyang—kanyang ipapadala 'yun na nakalakip na dun 'yung presyo at lahat na nung lahat ng materyales at bawat dos-por-kuwatro at ganito-por-ganoon na kalakip nun. At kanyang ipapadala 'yun sa atin, at gusto niyang pumunta; at ang sabi'y pupunta raw siya sa mga nagbebenta ng kahoy at kung ano pa at titingnan kung maibibilin niya ba sa kanila na—na putulin ang mga kahoy sa disenyo na ginawa nila noon para sa kanya. Napakaganda pong tabernakulo, hindi ganoong kalakihan, pero ang ganda po ng istruktura.

⁹ Kaya nabanggit ko sa kanya, sabi ko, "Ibigay ko—ibigay ko 'yan sa mga katiwala't mga diyakono sa oras mismo na maipadala mo ito kay Billy at—at pagkatapos ipapatingin natin sa kanila kung magkano ang ilalaan nilang panggastos para masimulan ang gusali."

10 Sabi niya, “Kapag napagpasyahan n’yo na, pupunta ako’t, magsusuot ng pares ng overall at hihimpil kasama n’yo sa panahon na ’yan.” Si Kapatid na Littlefield po’y tunay na mabait na tao, mapagbigay na tao, siyanga’t napakainam.

11 Ngayon, lahat ba kayo’y damang-dama n’yo na ba ngayon ang pagsapit, ng Bagong Taon ngayon? Amen! Tamang-tama po mismo sa Bagong Taon. Gusto nating masimulan ang taon nang tama, na naglilingkod sa Panginoon. Ilan ba ang bumangon kaninang umaga at pinasalamatan Siya para sa nagdaang taon at kung ano ang buong kahulugan nito, at humiling sa Kanyang, “Kalimutan ang nagdaan”? Siyanga’t, ginawa nga natin sa tabi ng higaan kanina noong bumangon tayo, at pagkatapos ay tumungo sa mesa at sa dako kung saan kadalasan ay may munting pampamilyang altar, na sila’y dumadako palibot sa altar na ito at nananalangin.

12 At mangyari nga na pinagsisikapin natin sa tuwina na ugaliin natin ang pananalangin sa gabi bago matulog. Ganyan po ang ginagawa ko, na, simula noong una akong mapagbagong-loob. Babangon sa umaga, at talagang madilim pa at makulimlim para ako’y makapaglakad, na hindi ko—hindi ko nga alam kung saan ako papunta. Pero kung hihilingin ko sa Kanya na kunin ang aking kamay at pangunahan ako sa buong araw.

13 Siyanga’t naalala ko, sa pagtawid lang ng kalsada rito, noong medyo bata-bata pa ako noon, tatlong taon pa lang noon halos si Billy Paul, o apat, at diyan lang kami sa pagtawid ng kalsada nakatira. At isang gabi gusto niyang uminom ng tubig, at nasa kusina po, ’yung tabo na nakalagay sa balde. Tapos sabi ko . . . Oh, pagod na pagod ako noon, nagtrabaho ako nang buong araw at nangaral nang kalahating gabi. Tapos—tapos sabi niya, “Daddy, gusto ko—gusto ko ng maiinom.”

14 Tapos sabi ko, “Billy, magpunta ka lang sa kusina diyan, nasa ibabaw ’yun ng munting lamesa.” Sabi ko . . .

15 Bumangon siya, nagpunas-punas pa ng kanyang mata, at tumanaw roon, sabi niya, “Daddy, natatakot akong pumunta.” Kita n’yo?

16 Tapos sabi ko, “Buweno, ’yan . . . ayos lang ’yan.” Sabi ko, “Tumakbo ka lang, anak, at kunin mo ’yung inumin. Pagod na pagod si Daddy.” Di naman ganoong kalayuan, halos ganyan lang ang layo sa bintana riyon.

Tapos ang sabi niya—sabi niya, “Pero natatakot talaga ako, daddy.” Kita n’yo?

17 Buweno, tumayo ako’t sinamahan ang munting bata. At iniabot ko ang kamay ko at humawak siya sa kamay ko, at mainam na bagay nga ’yun; dahil hindi pa kami nakakalakad nang apat o limang hakbang nang maapakan niya ang basahan kung saan pinakintab ni Meda ang sahig, at doon sa kapiraso

ng linolyum, at alam n'yo naman kung paano 'yun. At nadulas nga siya, pero hawak ko ang kamay niya, at pagkatapos ay humigpit lalo ang pagkakahawak niya sa akin. At pagkatapos tumayo ako roon pansumandali, at sa isip-isip ko, "Diyos, tama po talaga." Kita n'yo? "Hindi ko nanaisin na lumakad ni isang hakbang na hindi Mo hinahawakan ang aking kamay, dahil hindi ko alam kung kailan ako bigla na lang madudulas." Kita n'yo? "At hangga't nararamdaman ko ang Iyong malaki't, makapangyarihang kamay na humahawak sa kamay ko, alam ko na Iyong ibabangon ako sa mga panahon ng aking..." Kita n'yo?

¹⁸ Kaya pinagsusumikapan ko na ugaliin 'yun, na—na panatilihin ang kamay ko sa Kanyang kamay. At kung minsan nakakagawa ako ng mga bagay na tila katawa-tawa sa sarili kong paningin, na mga bagay na mukhang di natural sa pantaong kaisipan; pero kung ipauubaya natin 'yun, siyanga't nasumpungan ko na 'yun lang pala ang tanging bagay na magagawa na tama.

¹⁹ Alam n'yo, ang mga bagay na mukhang di tama rito, kung pangungunahan kayo ng Diyos sa mga bagay na 'yun, ang mga 'yun nga'y magiging tama rito sa isang dako, kita n'yo, dahil alam Niya kung papaano manguna. Kaya, yamang nakikita na Siya ang ating buong-kasapatang biyaya, at ang buo natin mismong kailangan o nililingap ay nasa Kanya, kung ganoon ay isantabi natin ang lahat ng bagay na hindi Siya at manghawakan sa di-nagbabagong kamay ng Diyos.

²⁰ Dati-rati'y may inaawit tayong awitin dito, matagal-tagal ko na ring hindi ito naririnig na inaawit. Ngayon, di po ako nakakaawit at may... Sa palagay ko nama'y walang mga baguhan sa piling natin. Kaya aking... Yan po ang dahilan kung bakit sinusubukan ko ang mumunting mga awitin na ito, alam n'yo, dahil sadyang gustung-gusto ko po ito. At Gene, naku't kung irekord mo ito sa teyp na 'yan para marinig ng publiko! Dati-rati po'y inaawit ko ang isang munting awitin dito:

Ang panahon ay punung-puno ng mabilis na
pagbabago,
Walang bagay sa mundo ang hindi maguguho.
Ang iyong pag-asa'y itayo sa mga bagay na
Walang Paglaho,
Sa kamay ng Diyos na di nagbabago halina't
manghawakan tayo!

Ilan sa inyo ang narinig na ang awiting ito? Oh, gustung-gusto ko nga ito, hindi ba't kayo rin? Sige't subukan natin ang isang talata nito:

Hold to God's unchanging hand!
Hold to God's unchanging hand!

Build your hopes on things Eternal,
Hold to God's unchanging hand!

Subukan natin ang isang talata:

When our journey is completed,
And to God we have been true,
Fair and bright your home in Glory,
Your enraptured soul shall view!

Hold to God's unchanging hand!
Hold to God's unchanging hand!
Build your hopes on things Eternal,
Hold to God's unchanging hand!

²¹ Tumayo po tayo ngayon pansumandali para sa pananalangin, kung mamarapatin n'yo, habang itinataas natin ang isa sa ating mga kamay sa Diyos at awitin natin uli ito:

Hold to God's unchanging hand!
Hold to God's unchanging hand!
Build your hopes on things Eternal,
Hold to God's unchanging hand!

Covet not this world's vain riches,
That so rapidly decay,
Build your hopes on things Eternal,
They will never pass away!

²² Makalangit na Ama, habang kami po'y nakatayo, Panginoon, sadya pong gustung-gusto naming awitin ang makalumang mga awitin na ito, ang mga ito'y talagang tumitimo nang husto sa kaloob-loobang bahagi ng aming puso at inilalabas ang pagpapahayag ng aming pag-ibig sa Iyo, na buhay na Diyos. At habang itinataas namin ang aming mga kamay, Panginoon, sa umagang ito, ito'y munting pagpapakita lamang na "Iyo pong hawakan ang aming mga kamay, Panginoon." At gaya ng ikinukuwento ko ang tungkol kay Billy Paul, kung papaanong hinawakan niya nang mahigpit ang aking kamay, mangyari nga na siya'y madudulas kung hindi ko siya hawak-hawak noon. At, Oh Diyos, makailang beses nga na kami'y nadulas na sana kung hindi Mo po hinawakan ang aming kamay! Kung iisipin nga ang kalagayan niya, na walang nanay, bilang isang munting bata . . . at kung papaanong . . . kung papaanong sa buhay niya, sa mga landasin na tinugaygay niya, ay napatay na siya marahil nang matagal na panahon na, pero may isang malaking Kamay na magagawang umabot sa dako na ang aking kamay ay di makakaabot, at hahawak. Ngayon, kami po'y lubos na nagpapasalamat para roon.

²³ Ikinagagalak naming malaman, Panginoon, na kapag mararamdaman na namin na ang aming kaluluwa ay humihiwalay na mula sa katawang ito, ay may kamay pa rin na maaabot namin at mahahawakan, na mangunguna sa amin sa pagtawid sa ilog. Pinasasalamatang Ka namin para sa mga

bagay na ito, para sa katiyakan na ito, para sa pinagpalang katiyakan na tamo-tamo namin, na isang Angkla ng kaluluwa, na nagpapanatili sa aming matatag habang kami'y lumalakad sa paglalakbay na ito o sumasalimbay sa maringal na karagatan ng buhay.

²⁴ At dalangin namin, Ama, gaya ng sinabi ng makata, “Ang namamanglaw, at lumubog nating kapatid, sa pagkakita niya sa ating pagiging matatag (na diretso ang kilya), na sa pagkakita niya rito, ay muling mabubuhay ang pag-asa, o lalakas ang loob muli at susubok uli”; na yamang nalalaman na ang buongkasapatan na Diyos, kung kami man ay madadapa o babagsak, ang Kanyang malaking kamay ay nariyan para tulungan kami. Ang Kanyang biyaya ay sapat.

²⁵ Ngayon dalangin namin, Diyos, na kami, sa umagang ito, ay pasisimulan ang Bagong Taon sa mga himno at pag-aawitan at pagbubunyi, at yamang nababatid na papatnubayan kami ng Diyos sa pagtugaygay namin sa lakbayin ng buhay at sa pagtawid namin sa ilog ng kamatayan, patungo sa ipinangakong Lupain. Ang aming mga mata po'y nakatuon sa ibayo ng rumaragasang pagdaloy ng Jordan sa umagang ito, kung saan naroon ang kaparangan ng—ng clover at ang kaparangan ng luntiang mga puno na tumutubo, at dalangin namin, Diyos, na masalo ng aming mga kaluluwa ang pangitain na 'yun at hindi 'yun maiwaglit. Balang araw sa pagsapit po namin sa ilog na 'yun kung saan siya'y dumadaloy, na, katulad ni Elias noong unang panahon, hahampasin ng Balabal ng Diyos ang mga daloy ng kamatayan at kami'y lalakad nang walang pangamba. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

²⁶ Iyo pong tulungan kami habang papadulog kami sa Iyong Salita. Oh Panginoon, dalangin ko papahiran ng Iyong Espiritu Santo ang mga Salitang ito. Kami po'y tunay na di-sapat para turuan sila, yamang hindi isang guro. Batid namin na ang tanging paraan na aming malalaman Ito ay kung ang isang dakilang dalubhasang Guro ay paparito at dadako sa Kanyang—Kanyang puwesto ng pananahan sa aming mga puso, at—at hustong lulukuban ang aming mga kaisipan sa isang paraan (at ang aming pag-iisip) na anupa't kami'y. . . Kanyang ipapaliwanag ang Banal na Mga Kasulatan sa amin. Kami'y mataimtim na dumedeponde po roon.

²⁷ At pinagbubulay ito, Diyos, oh, ganoon na lamang kahanga-hanga na ang isang buhay na Ama na gaya nun, na mula . . . 'yun ang mismong pagsibol ng Walang Hanggan, na bababa sa mga mortal na nilalang at tutulungan kami, at ihahatid ang Kanyang Salita at ilalagay Ito sa aming mga bibig at mga puso at mga tainga nang sa gayon ay marinig namin Ito at maipamuhay, para tubusin kami mula sa sumpa na wala man kaming kinalaman sa pagpasok nito, Ama, dahil naipangyari ito sa sangkatauhan at kami'y ang mga supling ng—ng unang

mag-asawa. “At kami’y ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan.” Pero batid mismo ng isang matuwid at buhay na Diyos na wala kaming kinalaman tungkol dun, kaya gumawa Siya ng daan para makaalpas kami at ibinigay sa amin ang pribilehiyo na makalapit. Ganoon na lamang ang kagalakan namin na makadako sa Bahay ng Ama!

²⁸ Dalangin po namin ngayon, na Iyong pagpapalain ang aming iglesya rito, si Kapatid na Neville, na aming—aming masigasig na pastor, na Iyong mapagpakumbabang lingkod. Idinadalangin namin ang aming mga diyakono at aming mga katiwala, na pagkalooban Mo po sila ng pinaka dakilang taon na makakamit nila. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyo pong pagkalooban sila ng mahabang buhay. Iyo pong palakasin sila, Panginoon, sila po’y Iyong mga lingkod. Nawa sila’y manatiling masigasig sa tuwina sa iniatang na tungkulin sa kanila. Iyo pong pagpalain ang mga nananambahan, ang mga—mga miyembro, ang Iyong sinisinta’t minamahal na mga anak na dumadako sa bahay na ito. Diyos, hinihiling po namin ang kaluluwa ng bawat isa sa kanila na humadaan sa pintuan ng bahay na ito. Amin pong inaangkin sila para sa Iyo, Panginoon. Iyo pong tulungan kami na maging ganitong mga ministro na ihahatid ang Salita nang sadyang payak at sadyang totoo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, para ang mga tao’y mag-asam na maging gaya Mo, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ito. Iyo pong pagalingin ang mga maysakit at mga nagdadalamhati na pumapasok dito. At maging sa buong palibot ng mundo, Iyo pong ipagkaloob ito sa bawat bahay ng Diyos.

²⁹ Sa dulo, kapag Ikaw po’y tapos na, Panginoon, nawa’y pumasok kami sa Iyong mga pintuan, at kami’y maupo sa maligayang pagtanggap na hapag ng Diyos, at kumain at mabuhay nang sama-sama sa walang katapusan na mga kapanahunan. Pero habang hindi pa dumarating ’yun, nawa kami’y magkamit ng mainam na kalusugan at kalakasan, kaligayahan, galak, kapangyarihan at lakas, at mga pagpapala ng Espiritu Santo para pangunahan kami. Amin pong hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. Maaari na po kayong maupo.

³⁰ Nalulugod ako sa mainam na tugtugin na ’yun ngayong umaga. Magyangi po. . . Saktong-sakto po, ang pagpasok ko, habang nakikipag-usap ako kanina sa butihin kong kaibigan, si Kapatid na Skaggs, at—at kay Kapatid na Gene diyan sa likod, at sa isa pang kapatid diyan sa may pinto; hanggang sa marinig ko ang bahagi nun, pero napakaganda po ng labas nun sa rekorder.

³¹ Sige’t gaano pong lubos na nagagalak ang lahat ukol sa Apocalipsis? Mainam po ba? Sa palagay ko’y kagayang-kagaya mismo ng munti kong anak na babae, si Sarah, diyan sa likod, haya’t naging “mga rebolusyon” po sa akin, talaga pong—talaga pong nagrerebolusyon nang paulit-ulit. Alam n’yo, umaasa po ako na magkaroon na tayo hanggang sa bandang Marso o Abril,

na maglalagay tayo ng malaki't malapad na katsa sa likod dito at ibababa kapag umaga at nakaguhit doon ang mga larawan at ang buong tsart, at itataas lang ang mga 'yun at ibababa na parang tabing ng bintana, alam n'yo, gaya po ng lagi kong inaasam na balang araw ay magkaroon ng malaki't maluwig na tabernakulo sa isang dako't aabutin ko lang at hihilahin pababa ang tsart na ito, na kasing lapad mismo ng entablado; at maipakita 'yung mga kapahayagan at mga interpretasyon na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon, at kukuha ng panturo at sisimulan 'yun dun at ilaladlad itong mga kapanahunan. Tapos kapag tapos na tayo sa isang 'yun, itataas 'yun, hihilahin naman itong isa pa pababa nang *paganito* at pasisimulan 'yun, at tutugaygay sa pagtuturo nun. Oh, ang pakiramdam nga'y magiging tila munting langit mismo, hindi po ba? Mauupo lang tayo nang buong taglamig, na sadyang mauupo kasama ang Panginoon.

³² Napakainam po na makapag-isa kasama Siya! Alam n'yo, may inaawit tayong awitin noon, "May mga panahon na nais kong mapag-isa kasama si Cristo na aking Panginoon, masasaysay ko sa Kanya ang lahat ng aking bagabag nang mag-isa." Kita n'yo, sa ganoong paraan nga 'yun. Inaawit nila dati, si Roy Davis, inaawit nila dati 'yung munting awitin na 'yun, *Steal Away and Pray with Jesus*. Ang lahat nga'y tumuturo mismo . . . saan mo man dako tingnan ay talagang tumutugaygay sa tuwina pabalik sa direksyon ni Jesus Cristo, hindi po ba?

³³ Ngayon, tungkol sa mga kapanahunan ng iglesya na pinag-usapan natin, nitong huling walong araw ng pagtitipon . . . Pagkatapos kagabi sa palagay ko nakaabot tayo sa ika-2 talata ng ika-4 na kabanata ng Apocalipsis. At sa tingin ko'y nandito lahat kayo kagabi para—para makuha 'yun. At kaya ako . . . marahil kung uusad na ako nang isang talata o dalawa nun sa umagang ito, at . . . O sa kung gaanong kahaba mangunguna ang Panginoon, hindi ko alam. Ang inilista ko rito'y hanggang sa mga ika-6 o ika-7 talata, haya't munting konteksto lang na naisulat dito para makabalik-balik ako sa iba't ibang bahagi ng Mga Kasulatan at hugutin ang mga 'yun, at sa mga dako na pinag-aralan ko kahapon.

³⁴ At ngayon, nasumpungan natin, huminto tayo kagabi, sa palagay ko, sa ika-2 talata, sa pagsisimula ng ika-3, sa palagay ko'y doon nga. At huminto tayo roon sa "Ang Tinig ng Trumpeta." Tama po ba, "Ang pagpapatunog ng Tinig"? Hayaan n'yong basahin ko ang lahat ng ito para mabalikan natin ngayon:

Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at, narito, ang isang pintong bukas sa langit: at ang unang tinig na aking narinig ay sa pakakak na nakikipag-usap sa akin; na nagsasabi, Umakyat ka rito, at ipakikita

ko sa iyo ang mga bagay...na dapat mangyari sa haharapin.

At pagdaka'y napasa espiritu ako: at, narito, may isang luklukang nalalagay sa langit, at sa ibabaw ng luklukan ay may isang nakaupo.

At ang nakaupo sa luklukan...ang nakaupo ay katulad ng...jaspe at...batong sardio: at may isang bahaghari na naliligid sa palibot ng luklukan, na tulad sa anyo ng isang esmeralda.

³⁵ Ngayon, ang magandang, oh, magandang aralin na ito! At ngayong umaga, bago lamang ako magpunta rito, tumuloy ako rito sa ika-6 na talata, sa isip-isip ko, “Oh, grabe, hindi nga ako makaliban dito, dahil heto ang isang bagay rito sa ika-6 na talata na nais kong ang lahat ng mga tao’y marinig mismo nang maigi, kapag dumako na tayo rito sa *mga hayop*.” Ang iba’t ibang kahulugan ng mga hayop dito, na tutunghay pabalik sa orihinal, haya’t ang isa’y isang uri ng hayop, at itong ibang apat na hayop ay iba naman. Ang isa’y hayop, sa Griyego, na gaya sa “mabangis na hayop.” Itong isa naman dito’y hindi naisalin nang tama sa King James, dahil hindi ito *mga hayop*, ito’y mga “buhay na Mga Nilalang.” At kung papaano ang Mga Nilalang na ’yun, kung ano nga sila, haya’t hindi ito tao ni hindi rin ito Anghel. Kaya ito’y “buhay na Mga Nilalang,” at mangyari nga na may apat na mukha sila at apat... Oh, grabe, tutugaygayin nga natin ’yan mismo sa Ebanghelyo, at tutugaygayin natin pabalik at ipupuwesto ito ngayong araw nang sadyang ganap katulad dito. At, alalahanin n’yo, ang bilang na *apat* ay isang makalupang bilang. Kita n’yo? At ito’y sadyang magandang aralin diyan, at kaya ako—ako’y nakakatiyak na hindi tayo makakaabot dun; pero marahil makaabot tayo. Pero ito po’y kahanga-hanga talaga!

³⁶ Pagkatapos, loobin ng Panginoon, pagkatapos kung narito uli tayo, marahil sa susunod na Linggo ay susubukan natin uling ituloy; sisikapin po, na tugaygayin, titingnan natin kung matatapos natin itong ika-4 na kabanata bago tayo dumako sa iba. Hindi lang po natin alam kung kailan mismo ang susunod na pagsisimula.

³⁷ Ngayon, nasumpungan natin itong *pagkatapos*, “Pagkatapos ng mga bagay na ito.” Ang ibig sabihin ng *pagkatapos* ay “Pagkatapos na matapos ang mga kapanahunan ng iglesia.”

³⁸ Pagkatapos nga’y tinawag si Juan na umakyat pa nang mas mataas, “umakyat ka rito,” na ang ibig sabihin ay “umakyat ka sa dako rito.” Kanyang ipinakita sa kanya ang lahat ng mangyayari sa daigdig ng—ng kapanahunan ng Iglesia. Pagkatapos na matapos na ang mga kapanahunan ng iglesia, nasumpungan natin pagkatapos na si Juan ay ang tipo ng bawat

totoong mananampalataya na tatawagin ni Cristo Paitaas. Tama ba? Pinatawag, “Umakyat ka rito.”

³⁹ At nalaman natin na ang Tinig na nagsalita sa kanya ay ang Tinig ng isang trumpeta, na malinaw, maliwanag, at 'yun ang siya ring Tinig na nangusap sa kanya rito sa lupa. Kita n'yo, hangga't Siya'y nasa gitna ng pitong gintong kandelero, Siya'y nangungusap sa . . . *o mula*. Oh, gustung-gusto ko 'yun, “nangungusap mula sa mga kandelero.” Kita n'yo, nandun Siya sa mga kandelero, na nagsasalita mula sa kanila sa Kanyang Iglesya. Pagkatapos noong matapos na ang kapanahunan ng iglesya, nilisan Niya ang lupa't pumaitaas sa Kalangitan at Kanyang tinawag ang Kanyang mga Tinubos paitaas kasama Niya. Oh, hindi ba't napakaganda n'yan? Ako—ako . . . Oh, talagang pinapalukso-lukso n'yan ang puso ko.

⁴⁰ At alalahanin n'yo, habang inilalahad natin ang mga bagay na ito, nais ko lalong-lalo na ang mga kabataang naakay gaya ni Kapatid na Ina rito, o, at ni Ina, ang ibig kong sabihin, at ang kanyang asawang lalaki, at sina Rodney at—at ang kanyang maybahay, at sina Charlie at sila, na maunawaan ang mga bagay na ito, at marami sa inyo na mga kabataan na ngayon pa lang nakalapit sa Panginoon, na hindi pa ganoong kalalim ang nararating, na talagang nalasap Siya at nakita na Siya'y mabuti at mapagbiyaya. Ngayon, pansinin n'yo ito, na itong mga bagay na ipinapangusap natin, na ang bagay na sinisikap nating gawin ay para maitatag ang inyong pananampalataya, na kapag sinasabi ng Diyos ang anumang bagay ay ito'y mangyayari't mangyayari. Totoong hindi mabibigo! Kahit na ano pa . . . Mukha mang milyong milya ang layo . . . at parang hindi kailanman mangyayari, pero pababalingin mismo ito ng Diyos paikot at ipangyayari. At ginagawa Niya 'yan para subukin kayo.

⁴¹ Tingnan n'yo 'yung sinabi Niya kay Abraham. “Dalhin mo ang iyong anak na lalaki sa ibabaw ng burol at patayin mo siya,” matapos na hintayin niya ito nang dalawampu't limang taon. Tapos ang sabi Niya, “Dalhin mo siya rito at patayin siya.” At papaano pa . . . ? “Gagawin Kitang isang ama ng mga bansa.”

⁴² At si Abraham, na sandaang taong gulang na; ang kanyang asawa naman, edad siyamnapu na; at ang nag-iisa nilang anak . . . Si Abraham ay nasa sandaan at labinglima noong panahon na 'yun. Kaya marahil ang sabi niya, “Papaano pa siya, papaano—papaano 'yun? Kung ako, na isang matandang lalaki, yamang matanda na ako, at naghintay nang dalawampu't limang taon . . . Ipinagkaloob Mo sa akin ang pangako na 'yun sa edad na pitumpu't lima, at heto ako na edad sandaan na. At si Sarah ay animnapu't lima noon, at ngayon siya'y siyamnapu na. Papaano pa? Matapos naming magkaroon ng sanggol na ito . . . At sinabi Mo sa akin noon, dalawampu't limang taon ang nakararaan noong ako'y pitumpu't limang taong gulang, na ako'y 'magkakaroon ng sanggol' matapos na

makasama si Sarah sa lahat ng mga taon na ito, na ako'y baog at siya'y baog. Kaya papaano 'yan ngayon? Sa kabila nun, ay ginawa Mo akong di-baog at ginawa siyang di-baog, at dumating mismo at ibinigay Mo sa amin ang bata na ito. At pinalaki namin siya rito hanggang labing-limang taong gulang, at sa pamamagitan ng anak na ito ay Iyong sinabi na Iyong 'Pagpapalain ang mga Gentil at bawat bansa sa mundo,' at gagawin akong isang ama maging sa mga Gentil, gagawin akong isang ama. Pagkatapos sa mga kapanahunan na darating, Panginoon, anupa't gagawin Mo akong ama ng bawat bansa sa ilalim ng kalangitan sa pamamagitan ng bata na ito. At sa pamamagitan ng batang ito ay darating ang isang Manunubos, at sa pamamagitan ng Manunubos na ito ay tutubusin Mo ang buong sangkatauhan. Papaano Mo pa gagawin ito, Panginoon?" Siyanga't hindi ganyan ang naisip ni Abraham, hindi nagtanong ng ganoon si Abraham. Pagsunod! Hindi sinabing, "Papaano Mo gagawin ito?"

⁴³ "Hindi ko na problema 'yun. Iyong sinaysay ito, kaya nga nababatid ko na ang Iyong Salita'y tama, na kung Iyong natutupad ang Iyong Salita para sa akin at nagagawang ipakita sa akin noong ako'y pitumpu't limang taong gulang; noong tawagin ako't sabihin, 'Thiwalay mo ang iyong sarili at maglakbay patungo sa isang banyagang lupain,' haya't ako'y lumagi sa lupaing ito nang dalawampu't limang taon na. Naglakbay mismo, bilang isang matandang lalaki, kasa-kasama ang aking maybahay na kasa-kasama ko na noong siya'y munting dalagita pa, siya'y kapatid na babae ko sa ama. At pagkatapos ako'y nabu- . . . sa buong panahon na ito. At ibinigay Mo sa akin ang batang ito na Iyong ipinangako; tinanggap ko siya bilang isa mula sa patay. At kung sasabihin Mo sa akin na 'patayin siya,' Ikaw po'y may kakayahan na ibangon siya mula sa kamatayan muli." Oh, grabe! Sa ganoong paraan nga, ganoon 'yun. At Kanya ngang ginawa.

⁴⁴ At noong tumalima siya sa Diyos nang buong-buo, hinawi ang buhok ni Isaac sa kanyang mukha, binunot ang sundang para patayin ang . . . kanyang sariling anak, kanyang nag-iisang anak. Ang Diyos ay nagpapakita rito ng huwaran, na ipinapakita sa atin. Sa ano't ginawa Niya 'yun? Hindi naman Niya kailangang gawin. Pero ginawa Niya ito para kayo at ako, ay makatunghay sa mga bagay na ito sa madilim at kakilakilabot na panahon kung saan ang mga puso ng mga tao ay punung-puno na ng kasamaan, para malaman natin na ang Diyos ay tumutupad sa Kanyang pangako. Kahit na gaano pang alangan 'yun, gaano pang kaimposible 'yun, ang Diyos ay nananatiling Diyos at Kanyang tinutupad ang bawat pangako na Kanyang ipinangako.

⁴⁵ Yan ang bagay na pinagsusumikapan kong sabihin sa inyo kapag tumatayo tayo rito sa gawain ng pagpapagaling.

Tatayo rito, sasabihin n'yo, "May sakit ako." At kayo . . . Walang duda, kayo'y may sakit. Pero tinutupad nga ng Diyos ang Kanyang pangako! Pagkatapos Siya'y bababa. Ngayon, kita n'yo, gumawa Siya ng pagbabayad dito para Kanyang—para Kanyang mapagaling kayo. Yan ang bagay na ginawa Niya. Ngayon, ang tanging bagay na hinihiling Niya na gawin n'yo ay ang sumampalataya roon, manghawakan doon gaya ng ginawa noon ni Abraham.

⁴⁶ "Buweno, ang sabi kasi ng doktor ay mabubuhay na lang ako—ako nang isang araw."

⁴⁷ Wala akong pakialam. Sige, ganyan kasi ang buong nalalaman ng taong 'yan, 'yan na ang pinaka mainam niya na nalalaman. Papaano pa tatanggapin ni Abraham ang batang ito matapos na kanyang pahigain siya rito, at sinabi sa kanya ng Salita ng Diyos na "patayin mo ang bata"? Papaano niya 'yun magagawa? Hindi 'yan ang tanong. Sinabi ng Diyos na gawin ito at 'yun na 'yun. "Papaano ako gagaling haya't sinabi na ng doktor na hindi na ako iigi pa?" Ako . . . hindi akin . . . wala sa akin ang magtanong; ang dapat ay panghawakan ang Salita ng Diyos. At sa oras mismo na mahayag ito sa inyo na kayo'y gagaling, kung ganoon alalahanin n'yo lang—alalahanin n'yo lang na kayo nga'y gagaling. Walang bagay na hahadlang sa inyo mula rito. Ganoon nga. Kita n'yo?

⁴⁸ Kaya noong si Abraham ay tumalima nang buo . . . Papaano Niya 'yun gagawin? Sa pinakahuling sandali mismo, huling limang minuto na dumating, huling tatlong minuto, huling dalawang minuto, huling minuto, huling tatlumpung segundo, huling segundo mismo, noong ang kamay ay handa nang kitilin ang buhay nung batang lalaki, ang sabi ng Diyos, "Itigil mo 'yan diyan. Itigil mo 'yan diyan, kita mo. Nakikita Ko na tunay mong pinagkakatiwalaan Ako. Ngayon, ginawa Ko lamang ito, Abraham, para ipakita sa Branham Tabernacle sa mga araw na parating, kita n'yo, na ukol sa mga bagay na nangyayari, ay dapat nilang pagkatiwalaan Ako. Hindi nila Ako dapat pag-alinlanganan. Pagkatiwalaan Ako!"

⁴⁹ Noong mga sandaling 'yun, siya . . . Heto ang isang handog, hindi niya 'yun ginawa nang walang kabuluhan. Hindi, hindi niya 'yun ginawa sa walang kabuluhan, dahil noong sandali na 'yun pagkatapos ay may isang—isang kordero na umunga, may isang munting lalaking tupa na nasabit ang sungay sa ilang doon. At gaanong karaming beses na tinalakay na natin 'yan. Papaano nakarating dun ang lalaking tupa? Papaano, na dinaanan ang lahat ng mababangis na hayop dun? Sandaang milya ang layo mula sa sibilisasyon, nasa gitna mismo ng mga leon, mga dyakal, mga lobo, bawat uri ng mabangis na hayop sa dako roon, tapos nandun mismo sa ibabaw ng bundok kung saan walang tubig ni damo man, anong ginagawa nun doon? Nilikha 'yun ng Diyos, inilagay mismo roon.

50 At ang makita Siya sa panahon na kinabubuhayan natin! Ngayon, sa umagang ito marami po akong bagay na—na mga personal na bagay na sasabihin, para makarating sa bagay na nais kong sabihin. Yan po ang dahilan kung bakit ganito ang pauna ko munang pagbubungad-tagpo, bago ko pasimulan ito. Nais kong maunawaan n'yo na itong mga bagay na parang personal ang dating, ang mga ito'y hindi po ipinaparating nang personal. Binabanggit lamang ito para bigyan kayo ng halimbawa nang sa gayon ang inyong pananampalataya ay manangang nang taimtim sa pananampalataya na nakay Cristo, na kayo'y makapanangan sa Kanyang pangako. Dahil tinutupad ng Diyos ang Kanyang pangako nang sadyang sakdal sa kung papaano ito, na ngayon ay ipinapakita sa atin.

51 At tingnan n'yo po ang siya ring *Jehovah-jireh*, gaya ng pagkakatawag sa Kanya ni Abraham, na ang ibig sabihin sa Hebreo ay “Ang Diyos ay maglalaan para sa Kanyang Sarili ng isang handog.” Magagawa nga 'yun ng Diyos. Gumawa Siya sa pamamaraan Niya. Kung sinabi Niya . . . Kanyang sinabi kay Noe . . .

52 Sasabihin n'yo, “Buweno, si Abraham kasi 'yun.” Hindi po. Kanyang sinasaysay sa lahat sa tugaygay ng kapanahunan, at mapasa hanggang ngayon ay Kanyang sinasaysay pa rin.

53 Sinabi Niya kay Noe sa panahon na 'yun noon, na, habang patugaygay tayo rito sa umagang ito, “Siyanga't, uulan.” Mangyari nga na wala namang . . . walang kaulap-ulap man lang sa himpapawid. Ang pinaka malaking daluyan ng tubig doon ay yaong ilog kung saan tinutubigan ng Diyos ang lupain, isang munting bukal sa isang dako. Yun na ang pinaka malaking daluyan ng tubig na mayroon noon.

54 Ngayon, sinasabi ng mga tao, “Papaanong may tubig na bababa mula sa itaas doon? Ipakita mo sa akin kung nasaan 'yun doon sa itaas na ang araw nga'y grabeng init, kung mayroon ba talagang tubig sa itaas doon.”

55 “Kung Diyos ang nagsabi, 'gumawa ng isang daong, na ito'y parating,' tungkulin ko na gumawa ng daong na 'yun at maghanda, dahil ito'y darating talaga. Siya ang Jehovah-jireh, magagawa Niyang maglaan ng tubig sa itaas doon.”

56 At ang tanging bagay na ginawa Niya ay hinayaan ang tao, na hangal, na palalong tao, na gawin nito mismo ang bagay na 'yun dahil sa kanyang siyensiya, para papangyarihin ang bagay na 'yun na nalalaman Niya na darating. Hindi kailanman winasak ng Diyos ang mundo; ang tao ang wumawasak sa mundo. Ang Diyos ay di kailanman wumawasak, ang Diyos ay nagsusumikap na ingatan ang lahat ng bagay. Winawasak ng tao ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang kaalaman, gaya ng ginawa niya noon sa halamanan ng Eden sa punongkahoy,

at iba pa. At mangyari nga na may panatikong nahawakan ang puwersang atomika noon, sa kung saan, natuklasan nila 'yun.

⁵⁷ Kanila—kanila ngang natratrabaho 'yun noon, dahil may mga bagay silang nagagawa noon dun na hindi pa natin natututunan ngayon. Hindi tayo ganoong kalubhang kaunlad. Siguro'y mga tatlo o apat na taon, o higit pa, bago natin magawa 'yun, na magawa 'yung bagay na nagagawa nila noon. Nagtayo sila noon ng mga piramide at sphinx at kung anu-ano pa. Hindi natin kayang gawin 'yun. Hindi natin kayang kopyahin 'yun, wala ngang paraan para sa atin na gawin 'yun, haya't magagawa lang kung mayroon tayong puwersang atomika. Yung puwersa ng gasolina, puwersa ng elektrisidad, haya't di nun mabubuhay ni isa sa higanteng mga bato na 'yun, ni hindi nga maiaangat man lang sa lupa. At ang ilan pa sa mga 'yun ay isang bloke ng siyudad ang taas, na naiaangat nila sa himpapawid mismo, at tumitimbang ng bilyong tonelada. Papaano nila naiangat ang mga 'yun doon? Kita n'yo, may kaalaman sila.

⁵⁸ At napapakawalan nila 'yun, may kung sino na pinakawalan 'yung mga bomba atomika na lumipad sa takip nung isa pa, noong lumang panahon na 'yun, dahil, "Kung papaano sa mga araw ni Noe," gaya nga noon, sa ganoong uri ng sibilisasyon, sa ganoong uri ng matatalinong tao; "kung papaano sa mga araw ni Noe, ay ganoon din, ay ganoon din sa pagdating ng Anak ng tao." Isa ngang pag-uulit ng kung ano noon! Kita n'yo?

⁵⁹ Dito hindi pa katagalan nakahukay sila ng modernong patubigan, sa dako—sa dako rito ng Mexico bago ang panahon ng malawakang pagkawasak noon dahil sa baha. Nakita n'yo ba 'yun? Nasa diyaryo po, kung saan isang modernong patubigan mismo gaya ng mayroon tayo sa panahon ngayon, na nakalubog sa ilalim ng lupa; may kung anong bagay na atomika na nakabalot sa ibabaw nun. Yun nga'y sumabog at ganoon ang kinahinatnan nun. Kita n'yo?

⁶⁰ Ngayon, "katulad sa mga araw ni Noe," matatalinong tao, matatalinong tao na may mga puwersang atomika't lahat na, na may kakayahang magtayo ng mga piramide't mga sphinx at kung anu-ano pa. "Kung papaano noon sa panahon na 'yun, ay gayundin ngayon." Pero ang paggawa'y puputulin nang maiksi sa panahon ngayon, dahil may Aagawing mga tao na ililikas. Katulad ni Enoc, may mga tao nga na dadalhin sa ibayo. Kabilang tayo sa uri na 'yun sa umagang ito, na mga taong dadalhin para makatawid gaya ni Noe sa baha.

⁶¹ Pero alalahanin n'yo, bago. . . Huwag n'yong kalimutan ito! Bago lumagapak ang isang patak ng ulan, bago magkaroon noon ng isang bagay sa alapaap, bago mismo—bago mismo makumpleto ni Noe ang daong, si Enoc ay iniuwi na sa Tahanan. Si Enoc ay inagaw nang hindi namamatay, mangyari nga na lumakad lamang isang araw, at—at nawala ang kapit ng

grabistasyon sa kanya. At nasumpungan niya ang isang paa niya na mas mataas na, at ang isang paa'y mas mataas pa, at ang isang paa'y mas lalong mataas pa, at malalaman mo na lang, ang sabi niya, "Paalam, mundo." Lumakad lamang patungo sa Kaluwalhatian.

⁶² At noong si Noe ay tumingin sa paligid at hindi mahanap si Enoc kung saan, tumingin siya sa paligid at hindi niya alam kung saan napunta si Enoc, pagkatapos ang sabi niya, "Panahon na para gawin ang daong." Kita n'yo? At nagtungo siya para gawin ang daong para itawid ang mga nalabi.

⁶³ Ganyan na ganyan din ang bagay na nangyari mismo rito. Ang Iglesya'y dinala paitaas sa Langit, at si Juan ngayon ay dinala rin paitaas kasama Nito bilang tipo ng mga ibinangong mag-uli, gaya ng natalakay na natin kagabi. At nalaman natin na ang siya ring Tinig na tinawag siya na tumunghay pabalik sa lupa, ay ang siya ring Tinig na tumawag sa kanya paitaas.

⁶⁴ Oh, bawat Cristiano! Ang mismong Tinig, Charlie, na tumawag sa iyo isang araw doon sa Kentucky, na "Bumaling pabalik," ay ang ang siya ring Tinig na tatawag sa iyo, "Umakyat ka!" Hindi ba't nagagalak ka dahil diyan, Kapatid na Evans? Ang Tinig na nagsabi, "Bumaling ka pabalik," ay ang siya ring Tinig na nagsabi, "Umakyat ka!" Oh, grabe! Hayan nga, grabeng mga pagtawag! Grabeng realidad! Malinaw, na maliwanag gaya ng isang trumpeta, "Bumaling ka, paglingkuran Ako! Umakyat ka sa dako kung nasaan Ako."

⁶⁵ Doon nga'y nakita natin siya na nirerepresenta ang mga namatay, si Moises na nirerepresenta ang mga patay na banal; na bumangon. Si Elias, kasama ang kanyang grupo sa huling araw, kasama ang kanyang Inagaw na grupo na nakatayo roon. Ang lahat ay nasa harapan ng Panginoong Jesus! Inihayag ni Juan na . . . sinabi ni Jesus sa kanila na si Juan—si Juan ay hindi mamamatay, at ano nga naman 'yun sa mga alagad kung si Juan ay mabubuhay hanggang sa makita ni Juan ang Kanyang pagdating. At nagkomento nga ukol dun ang mga alagad.

⁶⁶ Oh, kung maaari lang akong dumako nang tunay, na tunay na malalim ngayon, nang kaunting sandali, sa iglesya. Alam ng lahat. . . At ang lahat ay nabubuhay ng isang—isang pribadong buhay sa Diyos. Ito'y pang-individuwal na pakikitungo, mga bagay ng Espiritu na dadalhin kayo sa mga dako na tangkain n'yo man ay hindi n'yo ito maipapangusap.

⁶⁷ Napansin ko ito sa aking sarili't munting, mapagpakumbabang pagmiministeryo, na maraming beses na magsasabi ako ng isang bagay at hindi ko alam kung bakit ko 'yun sinabi, at mukha ngang hindi tama (Pero sa kabila nun, may kung sino na may masasabi.), pero oobserbahan ko nga at ang bagay na 'yun ay darating nang sadyang ganap sa pagkakasabi nun. Ipangyayari nga ng Diyos! Kapag nais kong magsabi ng

isang bagay, sasabihin ko, “Buweno, ngayon, sandali lang po. Ang *lalaki* na ’yun, *ganito-at-ganoon*, *ito* ang mangyayari rito, ngayon ganoon—ganoon nga ’yun mapangyayari.” Buweno, sa totoo lang, hindi ko—hindi ko alam kung bakit ko nasabi ’yun. At malalaman n’yo na lang, na ganoon lang mismo. Ang Diyos ang nagpangyari nun!

⁶⁸ Ngayon, noong sabihin ng mga alagad na ito, “Oh, sinabi ni Jesus ‘ang lalaking ito’y hindi mamamatay.’” Hindi ganoon ang pagkakasabi ni Jesus.

Ang sinabi ni Jesus, “Ano naman sa inyo kung siya’y mabuhay hanggang sa Ako’y pumarito?”

⁶⁹ Pero ang makita ang mga alagad na nagkomento ukol dun, kaya inunat ni Jesus pababa ang Kanyang kamay at kinuha si Juan at dinala siya paitaas at ibinunsod sa kanya na paunang masilip ang buong bagay, makita ang unang pagpapasilip ng Pagparito ng Panginoon. Nakita ni Juan ang Iglesya, nakita niya ang dulo ng kapanahunan ng Iglesya, nakita niya ang dulo ng mga Judio, nakita niya ang Ikalawang Pagparito, nakita niya ang lahat ng pagkakasunud-sunod.

⁷⁰ At tingnan n’yo kung anong kinailangan na gawin ng Diyos; siya’y pinakuluan sa grasa nang halos dalawampu’t apat na oras sa dako roon, para makita nila na siya’y sa Diyos, na ang Espiritu ng Diyos ay pinahiran ang—ang mala-kaluluwa . . . (o ang panlabas, mala-lupa, o anuman ang tawag n’yo roon, pantaong laman), na nilukuban mismo ng Diyos na kahit ang nagliliyab na grasa mismo sa haba ng dalawampu’t apat na oras ay di pa rin siya nasunog. Tinangka nilang pakuluan ang Espiritu Santo palabas sa taong ito; hindi nila magawa. Kaya inilagay nila siya sa pulo ng Patmos, at sinulat niya ang Aklat, at bumalik at nangaral nang ilan pang taon. Hmm. Hmm.

⁷¹ Anupa’t, ngayon, may nakakabit sa kanyang masamang bansag na, “Isa siyang manghuhula, isa siyang mangkukulam.” Ilan ang nakakaalam na si Juan ay tinawag na isang mangkukulam? Tunay mismo! Maging si Jesus ay binansagan din na ganoon, siyanga. Kita n’yo? Kita n’yo, walang kaalam-alam ang sanlibutan tungkol sa mga bagay na ito. “Isa raw siyang nagbabasa ng isip.” Kita n’yo? Sinabi nila na “Mangkukulam talaga ang lalaking ito na maging ang grasa’y kinulam niya, para ’yung grasa’y hindi siya masunog dahil kinulam nga niya ito,” dahil lamang sa hindi siya sang-ayon sa kanilang mga Katolikong ideya. Ganoon lamang.

⁷² Isa siyang lingkod ng Diyos na . . . mapagpakumbaba, may munting pagmimisyon sa dako roon na kanyang pinapanatili. Hindi siya makikiayon sa naglalakihan nilang magagarbong bagay, at kaya kinalinga siya ng Diyos at iningatan siya. Ganoon din ang ginawa Niya: kina San Martin at—at kay Ireneo, at sa lahat sa pagtugaygay ng kapanahunan.

⁷³ At ginagawa Niya ang siya ring bagay ngayon, hanggang ngayon. Ngayon, huwag na huwag n'yong kakalimutan ito, na ang Diyos ay nangako ng malawakang mga pag-uga, at dakila't, makapangyarihang mga gawa. Ngayon, isulat n'yo ito sa inyong mga talaan na pinagsusulatan n'yo (Kita n'yo. Kita n'yo?), na ang bagay na tinatawag ng tao na "malakas at dakila," tinatawag ng Diyos na "Kahangalan!" At ang tinatawag ng tao na "kahangalan," tinatawag ng Diyos na "Dakila!" Huwag n'yong kakalimutan 'yan, kita n'yo, huwag n'yong kalimutan. Makakatulong 'yan sa inyo sa mga taon pa na parating, dahil tayo'y nakatuon mismo sa isang bagay na mas higit sa tuwina. At tayo'y tumatanggap nang mas higit sa tuwina, pero hindi 'yan nalalaman ng mga tao sa sanlibutan. Mangyari nga na hindi nila 'yun nalalaman noong panahon ni Noe, maging sa panahon ni Juan ay di nila 'yun nalalaman, sa panahon man noon ni Jesus, sa panahon ng mga alagad, sa panahon ni Ireneo, alinman sa mga panahon na ito, hindi nila 'yun nalalaman.

⁷⁴ Maging si Joan of Arc, na isang banal, na munting babae. Anupa't noong siya'y hamak na dalagita lamang, nangusap sa kanya ang Diyos sa mga pangitain, at isang Anghel ang nakipag-usap sa kanya. Alam n'yo ba ang sinabi ng iglesyang Katoliko? "Isa siyang mangkukulam." At itinali nila siya sa isang tulos at sinunog siya hanggang mamatay, ganoon mismo ang ginawa ng mga Katolikong pari; pinatay siya, sinintensyahan siya ng kamatayan dahil sa pagiging "isang mangkukulam," at si Joan of Arc ay namatay na binansagang isang mangkukulam. Mga dalawang daang taon ang nakalipas, nalaman nila na hindi pala siya mangkukulam, na siya pala'y isang—isang tagasunod ni Cristo.

⁷⁵ Ganoon na ganoon ang ginawa nila sa lahat ng mga banal. Sinabi ni Jesus, "Alin sa inyo na ang mga magulang ay hindi umusig? Alin sa mga propeta ang dumating na hindi nila tinanggihan?" Sabi, "Kayo na mga pinaputing pader." Sabi, "Kayo—kayo'y nagtutungo roon at—at naglalagay ng palamuti sa ibabaw ng mga libingan ng mga propeta, at samantalang kayo mismo ang naglagay sa kanila roon." Hmm! Naku! Naku! Kita n'yo? Hindi nga Siya naghunos-dili ng pagbanat sa kanila. Hmm! Kanyang diretsahang sinabihan sila.

⁷⁶ "Ang henerasyon na ito ng mga ahas," sabi ni Juan, "sino ang nagbabala sa inyo na tumalilis mula sa galit na parating? Huwag n'yong pasimulan na sasabihin n'yong si Abraham ay inyong ama." "Kami'y kabilang sa ganitong, malaking mga organisasyon."

"Cristiano ka ba?"

⁷⁷ "Oh, isa akong Methodist. Isa akong Presbyterian. Isa akong Pentecostal." Wala ngang ganoong bagay ang nakalakip dun. Wala ngang kinalaman 'yan gaya—gaya—gaya—gaya—gaya ng

niyebé na wala ring kinalaman sa sikat ng araw. Kita n'yo? Wala ngang kinalaman 'yan dito. Kung kayo'y isang Cristiano, kayo'y ipinanganak-na-muling lingkod ng Diyos.

⁷⁸ Ngayon, ngayon, noong dumating si Juan, natalakay natin ito kagabi. Ngayon, alalahanin n'yo, sa pagsapit n'yo rito. . . Para sa konteksto ng bagay na ito, nabanggit ko—nabanggit ko na ito sa inyo noon. Tandaan n'yo, tatanggapin ng daigdig ang pinaka matindi nitong pag-uga na natanggap nito kailanman, ngayon mismo, ng daigdig ng iglesya.

⁷⁹ Ngayon, alalahanin n'yo, walang pagdududa, noong panahon ni—ni Juan, panahon ni Jesus, mayroon na noong naglalakihang mga pagdiriwang at nagbabantugang mga tagapagsalita noong panahon nila, nagtataasan na intelektuwal na kalalakihan, at nakakahatak sila ng sampung makalibong ilang libong tao. Anong gagawin ni Caifas kung siya'y magpapatawag ng isang—isang pagpupulong na sama-sama lahat? Mapapapunta niya ang buong Jerusalem, mapapapunta niya ang buong Israel mismo, mula sa haligi hanggang sa isa pang poste. At lahat sila'y magsasabi, “Oh,”

“Ngayon, kung magsasabi si Caifas ng *ganito-ganoong* mga bagay, magiging dakila 'yun.”

“Oh, sinasampalatayanan n'yo ba ang Mga Kasulatan, Rabi, Reverend, Doktor, Obispo? Sinasampalatayanan n'yo ba ang Mga Kasulatan?”

“Tunay nga, sinasampalatayanan ko ang Mga Kasulatan, isa akong tanyag na iskolar!”

⁸⁰ “Buweno. Ngayon, sinabi ng Biblia rito na may panahong darating na, ‘Lahat ng bundok ay magsisilukso na gaya ng mumunting lalaking tupa, lahat ng mga dahon ay papalampak ng kanilang mga kamay, at lahat ng matataas na dako ay ibababa at ipagiging mababa, lahat naman ng mabababang dako ay itataas at ipagiging mataas. At ipangyayari ito sa pamamagitan ng tinig ng isa na sumisigaw sa ilang.’ Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun, Rabi, Reverend, Doktor, Pastor?”

“Tunay, sinasampalatayanan ko 'yan!”

“Papaano 'yun mangyayari?”

⁸¹ “Oh, ang Diyos ay magpapadala ng isang magiting na lalaki sa lupa isang araw. Oh, siya nga'y magiging dakila. Siya'y magiging isang tinig ng isa na sumisigaw sa ilang, o magiging tagapanguna siya ng paparating na Mesiyas. At kapag siya'y dumating, wala ngang pagdududa sa isipan ko na anupa't bababa siya mula sa Langit at bababa rito sa templo. Bababa nga siya rito sa may templo, at magsasabi, ‘Ngayon, titipunin natin ang lahat ng mga Romano at gagapiin natin sila hanggang sila'y mamatay. Ganoon mismo. Gagapiin natin ang lahat ng mga Romano.’ At—at sasabihin niya, ‘Bumaba Ka na, Mesiyas!’”

At ang Mesiyas ay bababa, at papandayin natin ang lahat ng ating mga karit na maging . . . o ang ating mga tabak na maging mga araro't karit, at wala nang mga digmaan pa." At, uh-huh, ganyan ang interpretasyon nila.

⁸² Pero anong nangyari noong ito'y dumating na? Anong nangyari? Wala ngang pagpapakita ng Langit, na kanilang nasilip; mayroong isa, pero hindi nila 'yun nakita. Hindi nila 'yun nakita. Kita n'yo. Kailan nangyari na ang lahat ng mga bundok ay nagsilukso na parang mumunting mga lalaking tupa? Kailan nangyari na ang lahat ng matataas na dako ay naging mababa at ang mabababang dako'y naging mataas? Noong ang isang balbasing mangangaral ay lumitaw na naglalakad mula sa ilang at ni hindi nga alam ang kanyang ABC. Batay sa kasaysayan, nagtungo siya sa ilang noong siya'y siyam na taong gulang at hindi na nagpakita uli hanggang sa siya'y trenta na. Nabuhay siya sa pagkain ng mga balang at pulot-gubat. Ang mga balang po'y mga tipaklong, mahahabang tipaklong.

⁸³ Kinakain na nila 'yan ngayon. Buweno, mabibili mo nga rito sa . . . Sa palagay ko nga'y hindi naman ganoong kasama, dahil mabibili mo ang mga ito dito sa supermarket kung gusto mo, bubuyog, pukyutan, balang, ahas-disyerto, anumang gusto mo, kita n'yo.

⁸⁴ Mangyari nga na nabuhay siya sa pagkain ng mga balang at pulot-gubat. Grabeng pagkain! Pero siya nga'y iningatan ng kapangyarihan ng Diyos. Hindi siya nanamit na ang kulyar ay nakapabaligtad nang paganoon; gaya ng may nagbanggit kagabi, si Kapatid na Parnell po yata o kung sino sa kanila. Hindi siya nanamit ng amerikana na may mahabang laylayan sa likod, at lahat ng ganoon. Lumabas sa ilang na ang suot ay malaki't, lumang piraso ng balat ng tupa na nakabalot sa kanya. Gaya ng nasabi ko na, marahil . . . Tayo nga'y kinakailangan nating maligo araw-araw, at siya marahil ay ni hindi naligo ni minsan nang kada tatlo o apat na buwan, doon sa ilang. Di ko alam. Hindi nga siya ganoong kaaya-ayang tingnan. Wala siyang pulpito. Hindi siya nagtungo sa malalaking siyudad at nagdadaos ng malakihang mga gawain. Tumayo siya roon sa pampang ng Jordan, na ang putik ay hanggang tuhod, at nagwika, "Kayo na henerasyon ng mga ulupong, sino ang nagbabala sa inyo na tumalilis mula sa galit na parating?" Hmm. Diyan nga nangyari na ang matataas na dako'y naging mababa, kita n'yo, at ang mabababang dako'y naging mataas. Uh-huh. Ganoon, nga.

⁸⁵ Pagkatapos, malalaman n'yo na lang, inaasahan nila ang Mesiyas na bababa kasama ang Mga Anghel at mga bagay-bagay, at mananangan doon sa mga kulandong sa dako roon at sa templo na itinayo nila para sa Kanyang pagdating (katulad nga na nagsisipagtayo tayo ng naglalakihang mga dako ngayon sa buong bansa at kung ano pa). Kita n'yo? At kailan Siya

dumating? Nilampasan Niya ang bawat isa sa mga ito na mga sinagoga, na bawat isa sa kanila na mga organisasyon, at bumaba roon sa sabsaban. Pinuwersa nila na mapunta Siya sa ganoon.

⁸⁶ Ganyan na gayan mismo sa panahon ngayon. Pinuwersa Siya tungo sa mga bagay na ito, pinuwersa Siya na ipangyari ang ganoon, pinuwersa Siya na maging interdenominasyunal, dahil ang Kanyang Mensahe'y hindi nakikiagapay sa denominasyon. Ang Kanyang mensahe sa ngayon, na ipinangaral ng Kanyang mga ministro, ay interdenominasyunal dahil pinalabas Siya ng mga denominasyon. Ganyan mismo ang sinabi ng Biblia. Naroon Siya sa labas, kumakatok, sinusubukang makapasok (Kita n'yo?), sa Kanyang Sariling iglesya mismo. Naroon nga 'yun. Kita n'yo, parehong-pareho sa panahon ngayon.

⁸⁷ Kaya, alalahanin n'yo, anumang bagay na malaki sa paningin ng tao, ay maliit sa harap ng Diyos. Ngayon, 'yan ang dahilan kung bakit di n'yo kailangan ng maraming bulaklak. At kapag ang Diyos ay babalik muli, kapag si Jesus ay babalik muli, magugulat kayo, na anupa't ang munting labandera sa eskinita roon. Uh-hum. Ikagugulat n'yo, na ang lalaki na walang kaimik-imik, na tinatago ang mga lihim sa kanyang sarili at lumalakad sa palibot sa harapan ng Diyos, na mapagpakumbaba. Ikagugulat n'yo. Tunay na ikagu- . . .

⁸⁸ Nangaral ako di pa katagalan, na sa paghatol. . . *Ang Mga Pagkagulat sa Paghatol*. Hindi ako magugulat na makita roon ang nagtitinda ng alak, alam na niya kung saan siya papunta. Tunay. Hindi ako magugulat na makita ang sinungaling, ang mangangalunya, lahat ng naroon, na mga siguradong hindi. Pero ang pagkagulat, at ang kabiguan ay manggagaling doon, sa mga iniisip nila na makakapasok sila; uh-huh, oo, at pagkatapos ay tatanggihan doon. Sila na nagsasabi, "Buweno, sandali lang muna, ang nanay ko'y kabilang sa iglesyang ito, ang tatay ko'y kabilang sa iglesyang ito, ang lolo at ang lola ko. Ako'y miyembro na buong buhay ko."

⁸⁹ "Lumayo kayo sa Akin, kayo na mga manggagawa ng katampalasan, kailanma'y hindi Ko kayo nakikilala."

⁹⁰ Tingnan n'yo 'yung panahon na si munting, matandang Simeon, na di kilalang tao, walang katanyagan, ni wala tayong nalalaman tungkol sa kanya sa Biblia. Pero ang sabi ng Biblia, "Inihayag sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu Santo," (Hayan nga siya; hayan kayo.) "na hindi siya mamamatay hangga't makita niya muna ang—ang Cristong Panginoon."

⁹¹ Pagkatapos tingnan n'yo si Juan Bautista, na isang kakaibang lalaki, isang taga-gubat na lumitaw mula sa kakahuyan. Inihayag sa kanya. Lumitaw siya na ipinangaral ang Mensahe. Tingnan n'yo 'yun!

Sino si munting Anna?

⁹² Ang munting birheng, Maria, doon sa—sa bayan ng Nazaret (na katumbas ng Jeffersonville) at kung saan ang kasalanan at lahat ay apaw-apaw, pero pinanatili niya ang kanyang sariling dalisay dahil nalalaman niya na balang araw ay may isang parating na Mesiyas. Kita n'yo?

⁹³ Si Jose, na isang karpintero, namatayan ng asawa at— at nililigawan niya ang munting dalaga na ito. At ito nga'y sa pamamagitan nun na ang Espiritu Santo'y dumako roon. At pagkatapos ang mundo'y bumaling at binansagan ito nang masama, gaya ng “holy-roller, pentecostal.” Kita n'yo, binansagan ng masamang pangalan. “Aba, naku, siya . . . ang bata'y ipinanganak nang walang banal na pagkakasal.” Kita n'yo, ganoon ang pinaniwalaan nila, at mukha ngang ganoon mismo. Pero ginagawa 'yan ng Diyos para bulagin ang mga mata ng matatalino't pantas, at inihahayag Ito sa mga sanggol na dito sila'y matututo.

⁹⁴ Umaasa ako na may sapat nang pambungad na nailatag kapag pumunto na ako sa isang bagay maya-maya. Ipapakita ko sa inyo. Nakikita n'yo ba ang langis na ito? Ngayon, gaya ng sinabi ko sa inyo, ang pambungad, para makita mismo na hindi ito tao, ito'y ang Diyos, ako nga'y tumuturo *rito*. Buweno.

⁹⁵ Ngayon, “Umakyat ka rito,” ganoon ang Tinig. At noong buksan niya may narinig siyang tunog ng trumpeta, at pagkatapos pagdaka'y napasa Espiritu—napasa Espiritu si Juan, at kung papaano ngang kabilis na napasa Espiritu siya ay nagsimula siyang makakita ng mga bagay. Magsisimula ka ngang makakita ng mga bagay kapag kayo'y napasa Espiritu. Pero unang-una ay kinakailangan n'yong mapasa Espiritu. Tama ba?

⁹⁶ Ngayon, ano kaya kung pupunta kayo sa isang palaro ng beysbol, at sasabihin n'yo, “Naku gustung-gusto ko talaga ang beysbol.” Um-hum. At bibili ka ng upuan sa harapan, doon mismo sa mga upuan at manonood ka ng Yankees o Bulldogs, kung sino man, na naglalaro. At sila'y naglalaro nang puspusan doon.

⁹⁷ At 'yung panig mo ay malapit nang matalo, at bigla na lang ang makabagong Babe Ruth ay ihahampas ang kanyang bat nang *paganito* at sasabihin, “Tanaw n'yo ba 'yun?” May tatlong tao sa beys. “Whammy!” At papaluin niya 'yun nang todo hanggang sa di na makita; huhubarin niya ang kanyang sumbrero at papaypayan ang kanyang sarili; lalakad dun sa unang beys at titingin sa paligid, sa lahat ng mga tao roon; pupunta sa ikalawang beys, makikipagkamay sa tao nung ikalawang beys; lalakad, lalakad nang tahimik pabalik sa home, yuyuko . . . Naku, aba! Aba! Ang hiyawan, ang lungdagan, ang tilian, ang sigawan ng, “Hurray!” Aba, sila nga'y . . .

⁹⁸ Aktuwal ko mismong nakita ang mga tao na dala-dala nila itong. . . Naalala n'yo ba 'yung lumang mga sumbrerong gawa sa dayami? Nagpunta ako sa isang palaro ng beysbol isang araw at napanood ko ang isang lalaki na humataw ng home run. At itong lalaki na nakaupo sa harapan ko na nakasuot ng sumbrerong gawa sa dayami, siya nga'y natuwa nang husto; hinablol niya ang kanyang sumbrero't naibaba niya nang husto, nabutas at sumuot na parang naging kuwelyo sa palibot nang *paganito* kung saan nabutas 'yung ibabaw nun. Aba, siya nga'y nagtatamasa ng maluwalhating panahon! Siya—siya nga'y wala sa sarili niya na di niya alam kung anong ginagawa niya. Talagang napapapadyak at napapa-hurray at napapasigaw at napapatalon. Buweno, ngayon, alam n'yo ba ang iniisip ko, ang tao ngang ito'y talagang may. . . isa siyang be-. . . isa siyang. . . mahal na mahal niya ang beysbol. Isa siyang tagahanga ng beysbol, katulad na may tagatangkilik ng sigarilyo o tagatangkilik ng alak.

⁹⁹ Ako'y tagahanga ni Jesus. Siyanga. Gustung-gusto ko 'yun. Ako. . . Kung kayo'y magiging tagahanga ni Jesus, kita n'yo, isang tagahanga ng kung anong bagay.

¹⁰⁰ Maiisip n'yo ang lalaki na 'yun na magsasabi, "Oh, totoo 'yan, isa akong tagahanga ng beysbol." At 'yung panig niya ay malapit nang matalo, at pagkatapos makikita nila ang manlalaro na 'yun na lilitaw dun at ipapanalo ang laro nang paganoon, tumingin siya roon at, "Oo, sa palagay ko ang ganda ng laro." Uh-huh. Yan ba 'yung nagsasabi, na "gustung-gusto ng beysbol."

"Oh, magaling na rin ang manlalarong ito!"

¹⁰¹ Sasabihin n'yo, "Aba, hindi mo ba nagustuhan, 'yun? May kung anong bagay na mali sa iyo!" Bawat normal na tagahanga ng beysbol ay magsasabi, "Anong problema sa taong ito? May kung anong bagay nga na mali sa kanya. Tingnan mo't nakaupo lang siya roon." Huh! Masyadong. . .

¹⁰² Sige't ipagtabi mo ang dalawa't dalawa ngayon, kita n'yo. Oh, kapag kayo'y tagahanga ni Jesus, at mararamdaman n'yo ang Espiritu Santo na pinapatimo ang Mga Salita na ito, kung ganoon talagang may bagay na hihiyaw mismo! Oh, hindi n'yo alam kung ano nang nangyayari sa inyo!

¹⁰³ Sana paumanhinan ako ng lalaking ito, siya'y nakaupo kasi sa malapit dito. Ang malaki't, matangkad na lalaking itim ang buhok na nakaupo rito, na nakatayo roon isang gabi sa pasilyo, at may nabanggit dito na isang bagay na sadya ngang. . . nakatulong, alam n'yo, na sadya ngang napagpala siya nang ganoon. At ang kaawa-awang lalaki na ito'y dumadanas ng pagkabalisa, alam ko na iniwan siya ng kanyang—kanyang asawang babae at dinemanda pa siya na magdiborsyo dahil iniibig niya ang Panginoong Jesus. Ganoon nga. At may isa

rito na nagsaysay tungkol kay Jesus, alam n'yo, haya't siya nga'y parang isa sa mga tagahanga na 'yun. At siya'y nagsilbi sa digmaan at nabaril pa nga, at lahat, ganoon ang nangyari sa lalaki; naaawa nga ako sa kanya. Umuwi na may...ang kanyang mga anak at asawa. Pagkatapos siya'y—siya'y nangako sa Panginoon na siya'y maglilingkod sa Kanya, at noong simulan na siyang pagpalain ng Panginoon at siya'y tumuwid sa Diyos, nagbago ang kanyang asawang babae, dinemanda siya para magdiborsyo at iniwan siya. Iniwan siya na wala man lang sinabi. Pero siya pa ri'y isang tagahanga.

104 At noong tumayo siya roon isang gabi at may isa rito na nangusap tungkol kay Jesus, tungkol sa isang bagay, kung gaano kadakila ang Diyos, parang ganoon, ang sabi niya, “Oh, Maluwalhati!” Napasuntok siya at hayan nga na ang kamao niya na bumakat sa dingding nang paganoon. Hindi niya namalayan na ganoon na pala ang nagawa niya. Naibakat niya ang kanyang kamao sa dingding. Sabi, “Kapatid na Bill, babayaran ko 'yan.” Sa palagay ko'y pinuntahan na ni Kapatid na Wood at naglagay doon ng kapisasong dingding, tinapalan ng kapisasong dingding. Wala sa amin 'yun, Kapatid na Ben, kami nga'y—kami nga'y nagagalak pa nga't isa kang tagahanga. Kita n'yo?

105 Kapag ang Espiritu Santo'y may gagawin na isang bagay sa iyo, hindi nga kayo makakatiis na umupo na lang nang tahimik, may kung anong bagay na mag-uumapaw sa inyo. Amen. Whew! Oo, may bagay na kakapit mismo, sa isang tagahanga para kay Cristo. Kapag umiibig ka sa Panginoon, may kung anong bagay sa kaibuturan n'yo na umaabot, humahablot, nagugutom at nauuhaw, ang sabi ni Jesus, “Mapalad sila, dahil sila'y bubusugin. Mapalad sila na mga nauuhaw, kamit n'yo man Ito o hindi pa.” Ilan po ang nagnanais pa nang higit pa ukol sa Diyos? Sige. Buweno, ang dahilan kung bakit nagnanais pa kayo ng higit ukol sa Diyos, ay kayo'y pinagpala mismo na maging ganoon. Kung hindi n'yo pa Ito nakakamit, kayo'y pinagpala pa rin. “At mapalad sila na nagugutom at nauuhaw.” Kayo'y pinagpala sa pagiging gutom at uhaw pa lang. Dahil ninanais n'yo nga Ito, kayo'y pinagpala mismo. Dahil maraming mga tao ang di Ito ninanais.

106 Naalala n'yo ang pangangaral ko noong isang gabi? Kita n'yo, katulad noong mangmang, na tinago niya ang kahon at itinapon naman ang regalo. Kita n'yo? Huwag 'yung kahon ang kunin n'yo, 'yung Regalo ang kunin n'yo. Buweno.

Ngayon, pagdaka'y...napasa Espiritu: at, narito, may isang luklukang...nalagay sa langit, at may isang nakaupo sa ibabaw ng luklukan.

107 Ngayon, pansinin n'yo, maya-maya, o, nadaanan na natin 'yun kagabi, sa palagay ko, na sa ibabaw ng Luklukang ito na...Nasumpungan natin na sa una'y walang nakaupo sa

Luklukan, at ngayon ay may Isa na nakaupo sa Luklukan kaya ipinapakita nito na si Jesus ay dumating na kasama ang Kanyang Iglesya patungo sa Kaluwalhatian at nakaupo sa Kanyang Sariling Luklukan. “Nakaupo sa Luklukan,” ’yun nga’y pagkatapos ng kapanahunan ng Iglesya. Ngayon, ngayon, nais nating makadako diyan maya-maya.

¹⁰⁸ Ngayon, sasabihin n’yo, “Buweno, nasaan na ngayon ang luklukan Niya?” Ngayon, Kapatid na Neville, kung mapalampas ko ’yun, haya’t tatanungin mo ako maya-maya, “Nasaan na ngayon ang Kanyang luklukan.” Sa palagay ko’y matatalakay ko ’yan maya-maya. “Saan naroon ang Kanyang luklukan ngayon kung Siya’y wala sa Kanyang Luklukan ngayon?”

Wala nga Siya sa Kanyang Luklukan ngayon. Wala, po.

¹⁰⁹ Buweno, ngayon:

At ang nakaupo ay katulad ng isang . . . jaspe at . . . batong sardio: at may isang bahaghari na naliligid sa palibot ng luklukan, na tulad . . . na sa anyo ng isang esmeralda.

¹¹⁰ Ngayon, kunin natin ngayon ang ika-3 talata, para pasimulan. At hayan ang “jaspe,” itong Isa na nakaupo sa Luklukan ay katulad sa . . . Sa madaling sabi, kapag kayo’y tutunghay sa Kanya, ganoon na lamang ang Kanyang kariktan, ganoon na lamang ang kagandahan! Oh, ninanais ko ngang makita Siya. Hindi ba’t kayo rin?

¹¹¹ Isang araw . . . Naalala ko si Kapatid na Cadle, Kapatid na babaing Howard Cadle, sa palagay ko’y marami sa inyo ang nakakaalala sa kanya. Naroon ako sa tawid ng kalsada noon, at ang maybahay ko’y nakaupo riyan ngayon na naaalala kung gaano siyang nilalamig, sa loob ng silid. At tumayo ako noon, at mayroon akong munting, lumang . . . isa ’yung hurnuang kalan sa dako roon na may . . . hinuhurno namin noon ’yung tinapay namin sa ibabaw ng hurno, sa labasan ng usok. At ako . . . talagang malamig at umiihip ang hangin, taglamig noon, may niyebe sa lapag, at ang hangin ay pumapasok sa labasan ng usok, at kaya hindi ko maapuyan ’yun, para maligtas ang buhay ko. At ako’y talagang nahihirapan tungkol dun. At mangyari na maglalagay ako ng apoy sa loob, ’yun nga’y nahihipan lang din uli. Nilalamig na si Billy at ang asawa ko’y lamig na lamig din, sinisikap kong makagawa ng apoy. At pagkatapos tamang-tama’t binuksan ko ang radyo at (ilang minuto lang bago ’yun, at uminit-init na, sumindi na), at si Kapatid na babaing Cadle ay umaawit, “Sa pagsapit ko sa Lupain na ’yun, sa isang malayong dako, nais kong makita si Jesus. Hindi ba’t kayo rin?” Oh, ang ganda!

¹¹² Naupo ako mismo sa gitna ng sahig at naupo roon at nagsimulang umiyak. Alam n’yo naman kung gaanong nakakaawit siya, nang maigi, gamit ang tunay na kalugud-lugod

na tinig niyang parang sa ibon. Nais kong marinig siya kapag tumawid na ako sa hangganan patungo sa kabilang buhay; magsasabi, “Nais kong makita si Jesus. Hindi ba’t kayo rin?”

¹¹³ Sa isip-isip ko, “Oh Diyos, oo, nais kong makita Siya balang araw. Kapag ang lahat ng mga bulaklak ay sasalimbay, nais kong makita si Jesus.” Gaanong . . . Ang makita Siya sa Kanyang Luklukan, sa Kanyang kagandahan, Kanyang kariktan! At kung ako . . . Oh, nais kong tumayo sa dako kung saan tumayo si Juan, para ako’y makatayo mismo roon at titingnan Siya.

¹¹⁴ Dito di pa katagalan, sa may . . . sa panahon noon ng mga pang-aalipin. Sinasabi ko ito alang-alang sa mga itim kong mga kaibigan na narito sa umagang ito. May isang matanda’t, itim na lalaki at siya’y . . . patungo siya sa isang munting dako, na pinupuntahan nila dati.

¹¹⁵ At dati-rati’y ginagawa nila ito sa Kentucky, kung saan may nag-aawitan. Siguro’y sina Nanay Cox at sila’y maaalala ’yun na dati-rati’y nagtutungo sila’t nag-aawitan, alam n’yo, magtutungo sa mga bahay at tutugtug ng organ, na ang mga kabataan at lahat ay mag-aawitan. Ginagawa nila ’yun noon dito sa Utica, at sa palibot sa probinsya. Ngayon ang mayroon na sila’y sangkapat na wiski, sa kung saang dako sa isang rock-and-roll na kasiyahan.

¹¹⁶ Pero, noon, ang inaawit nila’y mga himno. Sa isa sa mga awitan na ito ng lumang himno, naroon noon ang isang matanda’t, itim na kapatid na naligtas. At tinawag siya ng Diyos para mangaral, at noong sumunod na araw ay naglibot-libot siya na nagsasaysay sa mga alipin doon sa plantasyon. Sabi niya, “Iniligtas ako ng Panginoon kagabi at tinawag ako para mangaral sa aking mga kapatid.”

¹¹⁷ At nakarating nga ’yun nang tuluyan sa may-ari nung rantso o may-ari nung plantasyon. Pinatawag siya nung may-ari, sabi, “Sambo, gusto kong, pumunta ka rito.” Sabi, “Pumunta ka sa opisina ko.”

Sabi niya, “Sige, po,” nagtungo roon sa opisina.

¹¹⁸ Sabi nung may-ari, “Ano itong nababalitaan ko na naglibot-libot ka raw sa mga alipin, sa gitna ng mga kasamahan mo riyan, na mga trabahador ko, mga alipin ko, na pinalaya ka na raw ng Panginoon?”

¹¹⁹ Sabi, “Siyanga, po.” Sabi niya, “Amo, alipin mo ako.” Sabi niya, “Binili ako ng salapi mo, pero . . .” Sabi niya, “Pero ’yung pamamaraan mismo na pinalaya ako ng Diyos kagabi, pinalaya ako ni Jesus mula sa pamumuhay sa kasalanan at kahihayan, at mula sa isang pamumuhay sa kamatayan. Kanyang pinalaya ako.”

Sabi nung amo, “Sambo, pinaniniwalaan mo ba talaga ’yan?”

Sabi niya, “Pinaniniwalaan ko po.”

¹²⁰ Sabi niya, “Nabalitaan ko na sinasabi mo raw na magpapasimula ka na raw mangaral sa palibot dito sa iyong—iyong mga kalahi sa mga plantasyon at kung saan pa.”

¹²¹ Sabi, “Siyanga, po!” Sabi, “Yan po ang inaadhika kong gawin, ang ipangaral ang Ebanghelyong ito sa mga kalahi ko.”

Sabi, “Pinaniniwalaan mo ba talaga ’yan, Sambo?”

Sabi niya, “Pinaniniwalaan ko po talaga.”

¹²² Sabi, “Halika, sumama ka sa akin ngayon sa—sa korte, ibibigay ko na rin sa iyo ang iyong kalayaan. Malaya ka na mula sa akin, at malaya ka na mula sa anumang pagkaalipin. Binili kita, pagmamay-ari kita, at pinalalaya na kita para makapangaral ka ng Ebanghelyo sa mga kalahi mo.” Nagtungo siya’t pinirmahan ang emansipasyon, o ang proklamasyon, at siya’y pinalaya na. Hindi na siya maaaring ipagbili pa bilang alipin. Isa na siyang malayang lalaki para ipangaral ang Ebanghelyo.

¹²³ Nangaral siya sa gitna ng kanyang mga kapatid nang maraming taon. Marami ring puti ang naakay sa ilalim ng kanyang pagmiministeryo. Isang araw ang matandang lalaki na ito’y sumapit na’t mamamatay na. Nangaral siya nang tatlumpu o apatnapung taon, o higit pa. At noong malapit na siyang mamatay, nakahiga siya roon sa silid, at marami sa mga kapatid niyang puti ang nagtipon sa palibot ng silid at ang akala nila’y wala na siya nang mga dalawa o tatlong oras. Pagkatapos noong magising siya’t tumingin sa paligid ng silid, ang sabi niya . . .

“Saan ka nanggaling, Sambo?”

Sabi niya, “Oh, nakabalik ba ako uli? Nakabalik ba ako uli?”

Sabi nila, “Anong nangyayari, Sambo?”

Sabi, “Oh, tumawid ako sa kabilang Lupain.”

Sabi nila, “Isaysay mo sa amin ang tungkol dun.”

¹²⁴ Sabi niya, “Buweno, ako’y dumako mismo, sa Kanyang Presensya.” Tapos sabi, “Noong tumayo ako roon,” sabi niya, “may isang Anghel na lumakad papalapit, sabi, ‘Ang pangalan mo ba, ay Sambo *Ganito-at-ganoon?*’”

Sabi niya, “Opo, ginoo, tama po.”

Sabi Nito, “Pumasok ka.”

“Pumasok ako roon, at tumingin ako sa Kanya na nakaupo roon.”

¹²⁵ Sabi Nito, “Sambo, halika ngayon dito, matapos na makita mo Siya ay gusto kong, lumapit ka rito, nais naming ibigay sa iyo ang iyong balabal, nais naming ibigay sa iyo ang iyong alpa, nais naming ibigay sa iyo ang iyong putong.”

Sabi ni Sambo, “Huwag n’yong saysayin sa akin ang tungkol sa mga alpa, mga putong, at mga balabal.”

Sabi, “Pero nakamit mo ang gantimpala, nais naming ibigay sa iyo ang iyong gantimpala.”

¹²⁶ Sabi, “Huwag n’yong saysayin...tungkol sa akin...ang tungkol sa mga gantimpala.” Sabi, “Hayaan n’yo lamang akong tumayo at tumingin sa Kanya nang libong taon. Yan ang gantimpala ko.”

¹²⁷ Sa palagay ko’y ganyan ang mararamdaman nating lahat, “Hayaan n’yo akong tumayo at tumingin sa Kanya.” Oh, magkakamit ako ng ibang katawan kaysa sa mayroon ako ngayon, bawat hibla ng inyong pagkatao’y nagnanais na tumingin lamang sa Kanya.

¹²⁸ Doon nga’y tumayo si Juan at nakita niya Siya na nakaupo sa Luklukan, at Siya “ay mistulang gaya sa jaspe at batong sardio.” Ngayon, lahat ng mga bagay at bawat salita’y may kahulugan sa Biblia. Ngayon, “jaspe at batong sardio.”

¹²⁹ Ngayon, kung papansinin n’yo, ito’y humahambing sa iba pang bahagi ng Kasulatan. Sa likurang mga bahagi ng Kasulatan, Siya ang Alpha, Omega, Siya ang Simula at ang Wakas, Siya ang Una at ang Huli, Siya ang Ama, Anak, at Espiritu Santo. Siya’y ang “lahat-lahat” na naroon lahat sa Kanya. Ipinapakita ng Mateo 17 na Siya...sa tuktok ng Bundok ng Pagbabagong-Anyo, na ang lahat-lahat ay naroon sa Kanya.

¹³⁰ Ngayon, ang “jaspe” ay isang—ay isang bato, at ang “sardio” ay isang bato. (Ngayon, dadako tayo sa mga kulay nila maya-maya.) Ngayon, nais kong pansinin n’yo na bawat isa sa mga patriyarka noong sila’y isilang, siyanga, ang bawat tao, ay may bato ng kapanganakan. Ang akin, haya’t ipinanganak ako ng Abril, brilyante. At ang iba’t ibang buwan ay nirerepresenta ng iba’t ibang mga bato. Buweno, ganoon din ’yun sa mga patriyarka. Sa tuwing ang isang patriyarka, kapag siya’y ipapanganak, siya nga-...ay may bato ng kapanganakan.

¹³¹ At sige’t tumigil lang tayo rito pansumandali. Kapag sila na mga Hebreong nanay...Hayaan n’yong ipakita ko sa inyo ang Makalangit na Salita, kaibigan, nang sa gayon ang iyong pananampalataya’y maitindig na tiyak sa Salita ng Diyos. Sa tuwing, sila na mga Hebreong nanay, kapag sila’y nahihirapan, dinadanas ang hirap sa panganganak, para magsilang... ipanganak ang mga anak na ito, ang eksaktong mga salita na sinasambit niya sa kanyang panganganak ang nagbibigay sa taong ’yun (sa sanggol na ipinapanganak niya) ng kanyang pangalan, at ilalagay siya sa pagkakaposisyon sa Palestina kung saan siya lalagi sa pagdating ng Panginoon. Ang mga hirap sa panganganak sa nanay na ito! Katulad na lang, na ang ibig sabihin ng *Ephraim* ay “sa tabi ng dagat.” Kita n’yo? At ang ibinigay nga na bahagi kay Ephraim ay yaong sa tabi ng

dagat. At, halimbawa, ang ibig sabihin ng *Judah* ay . . . hindi ko po alam ang ibig sabihin ng salitang 'yun, pero puwede kong himayin. Ngayon, kita n'yo, diyan nga ako wala nang oras, sa maliliit na bagay na ito, para himay-himayin ang mga ito. Pero heto't balikan natin, haya't ang *Judah*, saanmang dako ang ibig sabihin ng *Judah*, ipinapahiwatig nga nun ang kanyang pagkakaposisyon sa piling ng mga anak ni Israel.

¹³² At kunin n'yo ang Genesis 48 at 49, masusumpungan n'yo roon na si Jacob, noong siya'y naghihingalo na, nakahilig sa kanyang tungkod, bulag na, kanyang sinaysay ang pagkakaposisyon ng mga anak na 'yun kung saan sila pupuwesto sa wakas ng mundo. At tama ang pagkakaposisyon nila roon ngayon mula nang bumalik sila sa kanilang sariling-bayan. Sinabi kay Joseph, "Ikaw ay isang nagbubungang baging sa may pader," kita n'yo, "sa tabi ng balon," ang tubig. Nagpatuloy pa siya. Sabi niya, "Nagtiwala ka sa Panginoong Diyos. Iyong pinaging matibay ang iyong—iyong busog" (Estados Unidos. Kita n'yo?) "sa Panginoon, pero balang araw ang baging na 'yun ay babaling pabalik sa pader." At hayun nga siya, naroon na ngayon. Saktong-sakto sa pagkakasabi niya na halos tatlong libong taon na ang nakararaan, na natutupad mismo. Sinaysay kay Ephraim na isasawsaw niya ang kanyang mga paa sa langis, at si Ephraim ay namalagi roon mismo sa naglalakihang mga deposito ng langis. Saktong-sakto mismo.

¹³³ Ang pagsasaysay ng mga taong 'yun, ano kayang mayroon sa mga mortal na 'yun? Ginagamit ng Diyos ang kanilang hibla't kumikilos sa kanila!

¹³⁴ Mistula nga noong ang Imperyong Romano'y ikinalat sila, noong ikalat sila ng iba pa, noong sila'y kamuhian ni Hitler, haya't sampung makalibong ilang libo, kanyang tinurukan sila ng kemikal sa kanilang ugat at namatay sila, makikita n'yo ang kanilang mga katawan na nakasabit sa mga bakod kasama ng kanilang mga sanggol at lahat na, at ang mga buto . . . at kinalap ang mga 'yun at ginawang pataba ng lupa ang kanilang buto. Dinala nga sila sa dakong 'yun sa labas at tinurukan sila, isinakay sila sa karitela. Pagkatapos pinalabas, noong oras mismo na dinala sila palabas, maging doon sa pasimula pa lang, sila'y nagsisiawitan na, "Ang Mesiyas ay darating at iinumina namin ang katas ng ubas muli." Noong papuntahin sila roon, na mamamatay, sila na mga Judio, sa kanilang paglabas doon, haya't nababatid nila na kaunti na lamang tibok at ang kanilang puso'y papalya na. At hayun nga sila na papunta roon, umaawit, "Makikita namin ang Mesiyas malapit na." Oh, grabe! Ginawang pataba ng lupa ang kanilang mga buto.

¹³⁵ Marami sa inyo na mga sundalo'y alam 'yan at nasaksihan 'yan. Tumayo ako sa dako kung saan sinunog sila't lahat na, sa dakong 'yun, nina Hitler at sila. At saliksikin n'yo si Stalin at ang Rusya at lahat sila, ganoon din ang ginawa. Ganoon nga. Pero

ang Judiong 'yun, anong nangyayari? Pinuwersa siya na bumalik sa kanyang sariling-lupain. Doon nga sila tatayo.

¹³⁶ Ngayon, mayroon nga ako nung magandang pelikula, *Tatlong Minuto Bago Maghatinggabi*. Noong pumasok sila na mga Judio, tinatanong nila sila, sabi, “Bakit kayo bumabalik, ang dahilan ba’y para mamatay sa sariling-lupain?”

¹³⁷ Sabi, “Bumabalik kami para makita ang Mesiyas.” Amen. Hmm! Narito na tayo sa wakas ng panahon.

¹³⁸ Bawat isa sa mga anak na 'yun noong sila'y ipanganak, sila'y may bato ng kapanganakan. At noong si Aaron, ang punong saserdote sa bawat isa sa mga anak na ito, siya'y may pektoral sa dibdib, na kanyang suot. Yan 'yung bagay na gusto kong isantabi nang kaunti, para makadako sa ika-6 na talata, dahil dadalhin n'yan ang bawat simbolo ng Lumang Tipan diyan mismo. Bawat . . . ang lahat ng mga muwebles at lahat ng bagay sa Lumang Tipan ay nakahuwaran sa kung anong makikita sa Langit, nakahuwaran para sa mga tao.

¹³⁹ At heto ang pektoral sa dibdib ni Aaron, siya ang punong saserdote. Pansinin n'yo, ang bato ng kapanganakan ng bawat lipi'y nirepresenta roon. Ang isa'y, isang bato ng kapanganakan, ilalagay ang kanyang bato roon; ang angkan ni Ephraim, ang angkan ni Manases, ang angkan ni Gad, ang angkan ni Benjamin, ang lahat ay nirepresenta mismo rito. At sa ganyang paraan nga . . . Pagkatapos ay kukunin nila ang mga bato ng kapanganakan na 'yun, yaong maririkit na mga hiyas, at isasabit 'yun sa haligi nang paganito. At kung may isang propeta na magproposesiya, at para malaman kung ito ba'y tama sa pandinig o hindi, dadalhin nila siya sa Urim Thummim na ito at sasabihin sa kanya na saysayin niya ang kanyang propesiya; kung may sisinag na banal na Liwanag doon at magsisimulang kumislap ang mga bato na 'yun na sama-sama, ang Diyos nga 'yun na nangungusap. Yun nga'y para sa lahat ng angkan, para sa lahat sa kanila, bawat angkan.

¹⁴⁰ Ngayon, tungkol dito, sa unang bato. Ang una, ilan ang nakakaalam kung sino ang unang anak? Ano pong pangalan niya? Ruben. Tama. Sino naman ang huli? Si Benjamin. Tama po. Ang bato ng kapanganakan ni Ruben ay “jaspe,” ang bato ng kapanganakan naman ni Benjamin ay “sardio.” Siya nga'y magiging mistulang gaya nina “Ruben at Benjamin,” ang Una at ang Huli, Siya Noon, ang Siya Ngayon, at Siya na Darating, Siya ang Alpha (A) sa Griyegong alpabeto, Omega (Z) sa Griyegong alpabeto. Siya ang Una, ang Huli, Siya'y mula kay Benjamin hanggang kay Ruben, mula kay Ruben hanggang kay Benjamin. Oh, ang ganda! Naroon nga Siya, “Gaya ng batong sardio at gaya ng batong jaspe.” Nakaupo Siya sa Luklukan na ito!

141 Nais n'yo bang lahat na makita Siya na nakaupo sa Kanyang Kaluwalhatian? Sige't bumuklat tayo sa Apocalipsis 21:10, nang madali, at tingnan natin Siya rito. Sige po, 21:10 hanggang 11.

At dinala niya akong nasa Espiritu sa isang malaki at mataas na bundok, at ipinakita sa akin ang malaking bayan, ang banal na Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios,

Na may kaluwalhatian ng Dios: . . . Na may kaluwalhatian ng Dios: at ang kaniyang mga ilaw ay katulad ng isang totoong mahalagang bato, na gaya ng . . . jaspe . . . , na malinaw na gaya ng salamin;

142 “Ang Kanyang Liwanag.” Ang Liwanag! Sino ang Liwanag? “At ang Bayan ay di nangangailangan ng araw, dahil ang Cordero ang Liwanag niyaon.”

143 “Jaspe, sardio” na bato. Ang Kaluwalhatian ng Diyos ay si Jesus Cristo, ang Kaluwalhatian ni Jesus Cristo ay ang Kanyang Iglesya. At Siya ang Una. Ano Siya? Siya ang Pasimula ng panahon, Siya ang Wakas ng panahon. Siya ang Una sa mga patriyarka, Siya ang Huli sa mga patriyarka. Siya ang Iglesya na naroon sa . . . Siya ang—ang Espiritu na naroon sa Iglesya ng Efeso, Siya ang Espiritu na nasa Iglesya ng Laodicea. Siya ang Una't ang Huli, A hanggang Z, Huli, Siya Noon at Siya na Parating, ang Ugat at Supling ni David, ang Tala sa Umaga, ang Lila ng Libis, ang Rosa ng Saron! Oh, may nasa apatnaraan at parang ganoon na mga titulo sa Biblia na pumapatungkol sa Kanya. Isipin n'yo nga 'yun, kung ano Siya! At sa kabila nun Siya'y ang nagpakababang Panginoong Jesus na ipinanganak sa sabsaban para sa pagpupuri sa Diyos.

144 Anumang may kababaan, antabayanan n'yo dahil 'yun ay tama. Anumang nagmamalaki'y isang palalo, kaya huwag n'yo 'yung papansinin; kita n'yo, maraming hangin, at wala namang laman. Buweno.

145 Ngayon, “Siya'y mistulang gaya sa jaspe at batong sardio.” Bumuklat tayo pabalik. Kayo ba'y . . . ? Kaunti na lang ang oras natin, di po ba? Mayroon na lang tayong apatnapung minuto. Sige't pagtuunan natin, tayo po'y bumuklat pabalik sa Ezekiel 1. Bumaling tayo pabalik sa Biblia sa Lumang Tipan, sa Ezekiel, at basahin natin dito kung saan nakita rin Siya ni Ezekiel, hayan nga. At ihambing natin ito sa Mga Kasulatan ngayon at tingnan natin kung nasaan na tayo. Ezekiel sa unang kabanata, sige, ngayon basahin natin pansumandali. Ngayon babasahin ko ang unang limang talata, at pagkatapos babasahin natin, minarkahan ko na rito, 'yung mula 26 hanggang 28. Pero basahin po muna natin ang unang mga talata ngayon ng unang kabanata ng Ezekiel, na propeta. Sige:

At nangyari nga nang ikatlong pung taon, at sa ikaapat na buwan, nang ikalimang araw ng buwan, . . .

ako'y kasama ng mga bihag—kasama ng mga bihag sa pangpang ng ilog Chebar, . . . (Tama po ba, Chebar? C-h-e-b-b-r, Chebar). . . at ang langit ay nabuksan, at ako'y nakakita ng pangitain mula sa Dios.

At nang . . . (Ngayon, masdan n'yo). . . Nang ikalimang araw ng buwan, na siyang buwan ng haring Joacim na pagkabihag,

Ang salita ng PANGINOON ay dumating na maliwanag kay Ezekiel na saserdote, na anak ni Buzi, sa lupain ng . . . mga Caldeo sa pangpang ng ilog ng Chebar; at ang kamay ng PANGINOON ay . . . sumasa kaniya.

At ako'y tumingin, at, narito, isang unos na hangin ay lumabas na mula sa hilagaan, . . .

¹⁴⁶ Masdan n'yo ang propeta rito, limang daan at siyamnapu't limang taon bago dumating si Cristo, tingnan n'yo kung gaanong humahambing ang kanyang pangitain kay Juan:

. . . isang unos na hangin ay lumabas mula sa hilagaan, isang malaking ulap, . . . isang apoy na nilaladlad ang sarili, at ang ningning sa palibot, at mula sa gitna niyaon ay kulay na nagbabaga, mula sa gitna ng apoy.

At mula sa gitna niyao'y nanggaling ang kahawig ng apat na nilalang na may buhay. At ito ang kanilang anyo; sila ay nakawangis ng . . . tao.

¹⁴⁷ Pansinin n'yo, ang kulay ng Espiritu ng Diyos na nasa itaas ay kawangis ng apat na Nilalang, kulay na nagbabaga. Ang kulay na nagbabaga po'y manilaw-nilaw na berde. Ngayon, masdan, “manilaw-nilaw na berde,” *kulay na nagbabaga*, oh, Siya'y siya pa ring kahapon. . . Kanyang inihayag ang Kanyang Sarili kay Ezekiel; sa gitna ng pangitain ni Ezekiel, ang Liwanag na ito na nakita niyang nasa ibabaw ng apat na Nilalang na may buhay ay manilaw-nilaw na berde ang kulay. Noong dumating naman Siya kay Juan, nagpakita Siya sa *esmeralda* na “manilaw-nilaw na berde rin.” Heto Siya ngayon na bumabaling sa tagapagsaysay ng kakahayagan na manilaw-nilaw na berde ang kulay. Siya'y bumabaling sa atin na manilaw-nilaw na berde ang kulay, ang Liwanag! Lumakad kayo sa Liwanag, Siya ang Liwanag.

¹⁴⁸ Dumako tayo sa ika-26 na talata ngayon, para mabasa natin hanggang sa ika-28. Ang ika-26 na talata po:

At sa itaas ng la- . . .

Oh, pagkauwi n'yo, gusto kong markahan n'yo 'yan at basahin ang bawat kaliit-liitang bahagi nito. Para makatipid sa oras ngayon:

At sa itaas ng langit na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng bato, na parang anyo ng batong

sardio: *at sa ibabaw ng kawangis ng luklukan ay may kawangis ng isang tao sa itaas . . . niyaon.*

149 Yun po ang Anak ng tao, kita n'yo, si Cristo. Ngayon pagmasdan n'yo kung paano nga Siya, kung papaano nga Siya natatanghal dito:

At ako'y nakakita ng mga kulay na nagbabaga, (masdan n'yo, sa palibot ng Anak ng tao na ito) na parang anyo ng isang apoy sa palibot sa loob niyaon— sa loob niyaon, na nakikita mula sa kaniyang mga balakang na paitaas . . .

150 Pakinggan n'yo! Maging espirituwal po kayo, maging bukas ang pang-unawa, at sa inyong sariling mga puso rito. Ipinapakiusap ko sa inyo sa Pangalan ni Jesus, na ingatan n'yo ito sa sarili n'yo! Anupa't alalahanin n'yo mismo kung gaanong mapagpala!

151 “Ako'y na- . . .” Simulan natin uli sa ika-27 talata. Pakinggan n'yo, ang bawat isa po! Maging tunay na bukas ang pang-unawa n'yo ngayon!

At ako'y nakakita ng kulay na nagbabaga (yun po'y manilaw-nilaw na berde), na parang anyo ng apoy sa palibot sa loob . . . niyaon, . . .

Apoy sa palibot ng manilaw-nilaw na berde. Ngayon:

. . . na nakikita mula sa kaniyang mga balakang na paitaas, (Mula sa kanyang balakang paitaas.) at mula sa kaniyang mga balakang . . . paibaba, ay nakakita ako ng parang anyo ng apoy, at may ningning sa palibot niyaon. (May apoy sa buong palibot.)

Kung paano ang anyo ng isang bahaghari at sa kulay ng mga araw ng ulan, gayon ang anyo ng kinang sa palibot niyaon. Ito ang anyo at ang wangis at ang kaluwalhatian ng PANGINOON. At nang aking makita, ako'y nasubasob, at aking narinig ang tinig ng isang nagsasalita.

152 Masdan! Handa na ba kayo? Pakinggan n'yo! Ingatan n'yo ito ngayon, basta't alalahanin n'yo, para ipaalam sa inyo. (Gene, puwede mong ihinto pansumandali ang teyp.) Pakinggan n'yo! (Hindi, hindi ko pala kailangang pahintuin ito pansumandali ryan, ayos lang pala. Ang ibig kong sabihin ay ituluy-tuloy ang teyp; pahintulutan ito sa Iglesya.) Pansinin n'yo ito! Ngayon, nang sa gayon malaman n'yo ang kulay ng Liwanag na nasa Panginoon, at ang Liwanag ng Panginoon na sumusunod sa Panginoon, at ito'y wangis ng Panginoon, itong kulay na nagbabaga, manilaw-nilaw na berde. Parehong kulay ito nung Liwanag na naritong kasama natin ngayon, gaya ng nakuhanan ng mga siyentipiko ang litrato Nito, manilaw-nilaw na berde, nagbabagang kulay.

153 Noong munting batang-paslit ako, haya't noong unang beses na nakita ko Ito, naaalala n'yo, mga matatagal na rito. Lagi kong sinasabi sa inyo noon bago pa makuhanan ng aktuwal na litrarto, "Ito'y manilaw-nilaw na berde, na nagbabagang kulay." Ngayon, para ipaalam sa inyo na ang Espiritu ng Panginoon . . .

154 Sabi niya, noong makita niya ito mula sa balakang ng Nilalang na may buhay na nakatayo sa presensya niya, "Mula sa balakang paitaas ay gaya sa apoy, isang Liwanag naman mula sa kanyang mga balakang pababa, ay nababalot ng Liwanag. At sa buong palibot ay maraming kulay na gaya sa isang bahaghari." Tama po ba?

155 Nais kong alalahanin n'yo, ang Diyos ay umiiral pa rin sa siya ring mga kulay, "mula sa balakang paitaas, apoy, nagbabagang kulay," nakuhanan mismo ng kamerang pampelikula o ng kamerang teknikolor, "nagbabagang kulay mula sa balakang paitaas, mula sa balakang pababa, at sa buong palibot, maraming kulay gaya ng bahaghari sa langit pagkatapos ng ulan." Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! Ang Espiritu Santo mapasa hanggang ngayon ay sa Kanyang kapangyarihan, nasa Kanyang Iglesya pa rin sa huling mga araw na ito. Hayan nga. Hindi ako, nakatayo lang ako roon, pero ito nga'y ang litrato na nakunan. Nais kong tumingin kayo roon, eksaktong-eksakto sa nakita ni Ezekiel. Pareho ang mga kulay, parehong itsura, at pareho ang kilos, at pareho ang pagliliwanag, ng Mga Nilalang na may buhay. Ano 'yun? Nirerepresenta ng Mga Nilalang na may buhay ang buhay na Iglesya, ang Iglesya na nabubuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Ang siya ring nagbabagang mga kulay na bumalot dito mula sa balakang paitaas, mula sa balakang pababa.

156 Wala na ngang haka-haka pa, nakuhanan na mismo ng siyensiya ng mga litrato! Tingnan n'yo ang mga kulay nun, tingnan n'yo nga mismo ang mga kulay ng apoy roon. Kita n'yo? Ang bahaghari. Tingnan n'yo itong manilaw-nilaw na esmeraldang kulay. Ngayon, dito sa kamera na *ito*, ito nga'y diretsong kamera lang ng litratista. Dito naman sa kamera na *ito* ay may kulay, may kulay ang litrato, Kodachrome na kulay. Tingnan n'yo ang mga esmeraldang kulay diyana. Kung mapapaaninag ko lang ito sa ibabaw ng liwanag sa kung saan para makita n'yo diyana sa likod. Sige't nakikita n'yo na ba ngayon? "Katulad sa isang bahaghari," tingnan n'yo ang mga guhit na paroo't parito na gaya sa bahaghari, ang bawat isa'y ibang kulay. Dadako tayo riyan maya-maya, anu-ano ang mga kulay na 'yun at ano ang pinapaaninag ng mga ito?

157 Oh! Talagang pinalulukso-lukso nito ang aba kong puso sa galak. At ang malaman na sa panahon na ito na kinabubuhayan natin, na ang Cristo na 'yun . . . kapag ang lahat ng iba pang tayo'y buhangang gumuguho, lahat ng iba pang tayo. Iniisip

ko nga, “Bakit hindi ko ’yun maisaysay maigi? Bakit hindi ko maibunsod ang sanlibutan na makita mismo Ito?” Hindi kasi para sa sanlibutan na makita Ito. Hindi Ito makikita ng sanlibutan, hinding-hindi nila Ito kailanman makikita! Pero ang Iglesya nga’y tumatanggap ng pinaka malakas Nitong pag-uuga kailanman!

158 Doon sa panahon nila noon ay hindi nila Ito makuhanan ng litrato. Magagawa na nila ngayon dahil mayroon na sila nitong mekanikal na mga kagamitan. Yaong mga sinusubukang gamitin ang mekanikal para tanggihan ang Diyos, anupa’t bumabalik mismo sa kanila’t pinapatunayan na mayroong Diyos. Ganoon nga, “Esmeralda.” Ngayon, alalahanin n’yo, hindi ko po ’yan gawa-gawa lang, akin lamang binabasa sa inyo nang direkta mula sa Biblia. Masdan n’yo po habang binabasa ko, at tunghayan n’yo na Ito’y ang siya ring Panginoong Diyos, wala ngang pagkakaiba. Masdan n’yo ang ika-27 talata:

At ako’y nakakita ng...kulay na nagbabaga, na parang sa anyo ng apoy... .

159 Kita n’yo, parang mga dila ng apoy. Kita n’yo? May mga kulay na nagbabaga na nanggagaling sa isang apoy. Nakikita n’yo na ba ito ngayon? Nagbabaga, *ito* yaong mga kulay na nagbabaga na nanggagaling mula sa isang apoy. Dito sa ibaba nito’y sinasabi:

At ang anyo na gaya sa isang bahaghari, o isang bahaghari, sa mga araw pagkatapos ng ulan,... bahaghari, sa mga araw pagkatapos ng ulan, . . .

160 At mayroong isang—isang “Nilalang na may buhay.” Ang nirerepresenta ni Juan, na buong Iglesya, ay dinala paitaas. Nabanggit ko na sa inyo noon. Ang isang tao rito sa isang pangitain ay maaaring kumatawan sa buong Katawan ni Cristo, na sakop lahat! Ngayon, masdan:

At ako’y nakakita...ng kulay na nagbabaga, na parang anyo ng apoy...sa palibot kalakip niyaon, at nakikita...nakikita mula sa kaniyang mga balakang na paitaas, at mula sa kaniyang mga balakang na paibaba, ay nakakita ako ng parang anyo ng apoy, . . .

161 Masdan, *tingnan* n’yo ang apoy na tumitilamsik. Mula sa ano? Sa bahaghari, ang pitong kulay. Ngayon, masdan, eksakto mismong may pitong kulay *roon*, at ang bahaghari ay may pitong kulay.

...nakakita ako ng parang anyo ng apoy, at may ningning sa palibot niyaon.

Kung paano ang anyo ng isang bahaghari na nasa mga alapaap sa kaarawan ng ulan, gayon ang anyo ng kinang sa palibot. (Sa palibot mismo ng Luklukan ng Diyos,

kita n'yo.) *Ito ang anyo ng wangis ng kaluwalhatian ng PANGINOON.*

162 Hindi ang *Panginoon*, siyanga, kundi ang *kaluwalhatian* ng *Panginoon*. Ang *kaluwalhatian* ng *Panginoon* ay bumabalot sa Kanyang Iglesya dahil Siya'y nasa Kanyang Iglesya! Amen! Oh, kamangmangan nga ang dating nito sa mga hindi marunong, pero gaano ngang kadakila Ito sa kanila na mga sumasampalataya. Uh-huh.

...Ito ang anyo at wangis ng kaluwalhatian ng PANGINOON. At nang aking makita, ako'y nasubasob sa aking mukha, at aking narinig ang tinig na nagsasalita...

163 Ngayon nagpatuloy siya at sinaysay kung ano ang ibig sabihin ng pangitain, na wala na tayong oras para talakayin sa umagang ito.

164 Ngayon, pansinin n'yo kung papaanong ang *Panginoon* sa Kanyang dakilang kahabagan ay ipinagkaloob sa atin ang mga bagay na ito.

165 Ngayon kumuha pa tayo ng isa pa. Kapwa sina Ezekiel at Juan ay nakita Siya sa hiwaga ng Kanyang mga kulay at Liwanag, at tinawag Ito na isang "nagbabagang kulay." Si Juan pagkatapos... Sa inyo na inililista... sa inyo na inililista ang Mga Kasulatan, Unang Juan 1:5 hanggang 7. Si Juan, paglaon (at siya nga'y nasa pulo ng Patmos nang mga tatlong taon noong isulat niya ang Aklat), noong bumalik siya, isa na siyang matandang lalaki sa edad na mga nobenta, sa Unang Juan 1:5 at 7, ang sabi niya, "Ang Diyos ay Liwanag." Si Juan ay may karanasan, nakita niya Siya at nalalaman niya na Siya ang Liwanag, Liwanag, Walang Hanggang Liwanag; hindi kosmikong liwanag, hindi liwanag ng lampara, hindi de kuryenteng liwanag, liwanag man ng araw, kundi Walang Hanggang Liwanag! Oh, iniibig ko talaga Siya. "Ang Diyos ay Liwanag."

166 Pansinin n'yo, magsisimula na tayo sa pabalik ngayon at tingnan natin kung saan tayo tumigil. Nasa ika-3 talata pa lang, hindi ba? Makakadako ba tayo Rito? Umaasa po ako. Buweno:

...siya...ay katulad ng jaspe at batong sardio: at may isang bahaghari...na naliligid ang luklukan, na tulad sa anyo ng isang esmeralda. (Manilaw-nilaw na berde.)

167 Ngayon, "bahaghari," napansin n'yo ba na isa itong bahaghari. Bumalik tayo sa Genesis 9 at tingnan 'yun, sa Genesis 9:13. At masusumpungan natin dito ang "bahaghari," noong unang lumitaw ang isang bahaghari. Genesis sa ika-9 na kabanata, at sisimulan natin sa ika-13 talata, Genesis 9:13. Lahat ba kayo'y nagustuhan Ito? Oh, ako nga'y gustung-gusto

ko Ito! Hindi lang basta gusto ko Ito, kundi gustung-gusto ko Ito! Tingnan n'yo:

Ang aking bahaghari ay inilalagay ko sa mga alapaap, at siyang magiging tanda (Masdan!), tanda ng tipan sa pagitan ko at ng lupa.

168 Ano? “Sa pagitan Ko ba at ni Noe”? Hindi. “Sa pagitan Ko at ng lupa.”

At mangyayari, pagka ako'y magbababa ng isang alapaap sa ibabaw ng lupa, na makikita ang bahaghari sa alapaap:

At aalalahanin ko ang aking tipan, na—na inilagda ko sa pagitan ko at sa inyo. . .

169 Ngayon bumaling Siya pabalik sa Kanyang tipan sa kanila, pero ang tipan ng bahaghari. . . Kita n'yo, ang tipan ay buhay para kay Noe, na Kanyang iniligtas siya, pero ang tipan na ginawa ng Diyos sa Kanyang Sarili ay isang bahaghari, na hindi Niya. . . Ngayon, ipapakita ko sa inyo kung ano ang tipan ni Noe sa Diyos, maya-maya. Pero ito rito'y ang Sariling tipan ng Diyos sa Kanyang Sarili, amen, isang bahaghari.

170 Ngayon, nalaman natin na ang isang *tipan* noon ay isang “tanda,” isang tanda. Sinabi ng Diyos na isa itong “tanda” rito, hindi ba't sinabi Niya? Kita n'yo?

Aking. . . ilalagay ang aking. . . Ang aking bahaghari ay inilalagay ko sa mga alapaap, (Yan nga'y pagkatapos ng pagkawasak ng mundo, na winasak ng tubig; lahat ng laman, maliban kay Noe—Noe, ay winasak.) at siyang magiging tanda ng tipan sa pagitan ko at ng lupa.

171 Hindi “Ako at ang lupa.” Ang *lupa'y* isang “kosmos.” Kita n'yo? Pero ito'y “sa pagitan Ko at ng lupa.” Sinabi ng Diyos, “Nilikha Ko ang lupa na 'yan. At malubha ang Aking ginawa dito, na binulabog Ko ito't niragasa na magpira-piraso. At—at hindi Ko—hindi Ko—hindi Ko—hindi Ko—hindi Ko dapat ginawa 'yun, marahil.” Sabi Niya, “Ako—Ako nga'y naaawa, na ginawa ang ganoong kalunus-lunos na bagay.”

172 Ano sa palagay n'yo ang mangyayari kapag Siya'y dumating na sa Kanyang kagalitan? Magpakatuwid kayo, makasalanan na kaibigan.

Oh, magmasid at mag-antabay sa tanawing parating,
Siya'y darating muli.

Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan?

Siya'y darating muli.

Gustung-gusto ko 'yan, hindi ba't kayo rin?

Oh, nanaisin n'yo bang kayo'y mabilang na isa sa Kanyang kalaban?

Hindi ko nga nanaisin 'yun. Kayo ba? Hindi, nga. Maging isang kalaban mu- . . . o, maging isang kalaban sa Kanya, ang maging kakampi Siya'y mainam. Pero ang maging laban sa Kanya!

Kayo'y maging walang bahid, magmasid at mag-antabay sa tanawing parating, Siya'y darating muli. (Hmm!)

173 Ngayon, isang tipan, isang tanda ng ano? Isang tanda ng ano? Ng isang handog na tinanggap na. Ngayon kunin n'yo ang Genesis 8:20 at 22. Ngayon, Genesis 8:20 at 22, buweno, dito lang sa katapat na pahina rito.

At ipinagtayo ni Noe ng isang dambana ang PANGINOON; at kumuha . . . sa lahat na malinis na hayop, at . . . sa lahat na malinis na ibon, at nagalay ng mga handog na susunugin sa ibabaw ng dambana.

At sinamyo ng PANGINOON ang masarap na amoy; at nagsabi ang PANGINOON sa sarili, Hindi ko na muling susumpain ang lupa (susumpain ang lupa) dahil sa tao; sa pagka't ang haka ng puso ng tao ay masama mula sa kaniyang pagkabata; ni hindi ko na muling lilipulin pa ang lahat na nabubuhay, na gaya ng aking ginawa.

174 At ngayon maaari na nating basahin ang huling talata:

At . . . Samantalang ang lupa ay lumalagi, ang paghahasik at pagaani, . . . ang lamig at init, . . . ang tagaraw at taginaw, . . . ang araw at gabi ay hindi maglilikat. (Isang tipan.)

175 Siya ring bagay na nakita ni Juan: si Jesus, ang tinanggap na tipan ng Diyos na nililigid ang kalangitan. At sa paligid Niya ay isang bahaghari sa palibot ng Luklukan, na ang anyo ay parang isang esmeralda, nagbabagang-berde na Liwanag sa palibot ng Luklukan. Purihin ang Diyos!

176 Masdan! Si Noe ay pangunahing binubuo . . . Ang bahaghari ni Noe ay pangunahing binubuo ng pitong kulay. Alam ng sinuman na ang bahaghari ay may pitong kulay. Ngayon, ano 'yung mga kulay na 'yun? Pula, kahel, lila, hindi, pula-pula, kahel. . . berde, asul, indigo, at lila. Yun ang mga kulay ng bahaghari. Ngayon, heto na tayo sa malalim na bagay, at tutukuyin ko lang ang mahahalagang bagay nito dahil atrasado na sa oras. Ngayon, alalahanin n'yo, kahel, o, pula, kulay kahel, dilaw, berde, asul, indigo, at lila.

177 Ngayon, kung papansinin n'yo, pito. Masdan. Pitong bahaghari . . . pitong kulay, ang ibig kong sabihin, pitong-kulay na bahaghari. Ang ibig sabihin niya'y pitong arko! Pitong arko, pitong iglesya na pinapaaninag ang pitong kulay, na bawat isang liwanag ay nakalakip sa isa pa. Nagsimula 'yun na pula, pula. Pagkatapos ng pula ay ang kulay kahel, na isang

pagpapaaninang nung pula. Pagkatapos nung kulay kahel ay . . . pagkatapos—pagkatapos ng kahel ay ang dilaw, na pinaghalong pula at kahel, makakabuo ng dilaw. Pagkatapos berde. Ang berde at asul ay makakabuo ng itim. Tapos heto ang indigo. At pagkatapos mula sa indigo ay ang lila naman, na bahagi ng asul. Hallelujah! Hindi n'yo ba nakikita? Ang Diyos, sa Kanyang pitong-kulay na bahaghari, sa Kanyang tipan na Kanyang ginawa, isang tipan na sa pagtugaygay ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya, sa pitong kulay, haya't Kanyang ililigtas ang lupa.

¹⁷⁸ Anong gagawin Niya? Alalahanin n'yo, ginawa Niya 'yun sa lupa, ang Kanyang kulay. Pero ngayon masdan. Itong bahaghari lang, sa pahalang na hugis nito, ay sakop nito (sa isang arko) ang kalahati ng lupa. Yun 'yung kabuoang sakop ng kulay ng bahaghari ni Noe, 'yun lang . . . ang sakop, kalahati lang ng lupa. Yun nga'y nakapaarko, na 'yun lang ang makikita n'yo. Pero noong makita *Siya* ni Juan sa Kanyang kulay esmeralda, Kanyang pinalibutan ang buong Luklukan ng Diyos. Ang kalahati'y hindi pa nasasaysay. Kanyang sinakop . . . Kanya lamang . . . doon nga sa lupa'y isang arko lang, haya't kalahati lang nito; 'yun ang pitong kapanahunan ng iglesya.

¹⁷⁹ Pero noong makita Siya ni Juan sa nagbabagang kulay na ito, sa kulay na nagbabaga, Siya'y pumalibot at nakaligid na parang isang halo. Isang halo! Isang halo na nagbabaga ang kulay, Ito'y lumiligid sa Kanya! Kita n'yo? Isang kulay, isang Diyos sa ibabaw ng lahat, sa kalahatan, at sa lahat-lahat, pero heto ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya.

¹⁸⁰ Masdan n'yo po ang isang dakilang brilyante. Dati-rati'y makikita n'yo ang mga ito . . . makikita n'yo nga lang ang mga ito sa Aprika na nakakalat sa kalsada lang. Hindi ka nga magtatago nun, dahil hindi pa 'yun natatapyas. Kapag nagtago ka ng isa nun na hindi pa natatapyas, ibibilanggo ka nila sa pagkuha nun ngayon, at papatawan ka ng habambuhay na sintensya sa pagtatago nun. Kinakailangan mong, ientrega 'yun sa pagkahanap na pagkahanap mo.

¹⁸¹ Ngayon, kukunin nila ang brilyante na ito . . . Oh, ito nga'y matigas na bagay. Nakita ko 'yung apatnapung-tonelada nilang gilingan na nakatayo nang *paganito*, ibinubuhos nila roon 'yung batong-asul, gigilingin 'yun, dudurugin nun 'yung bato na maging parang abo, pero hindi nun madudurog 'yung brilyante. Yung apatnapung-tonelada na 'yun na nakasabit sa isang paikot na instrumento, sa taas *dito*, na gumugulong-gulong kasabay nung malalaking de ngipin na gulong nang paganoon, ay talagang dinudurog mismo ang bato na magkapira-piraso; pero ang isang brilyante nga'y aalpas lang dun, ipapaling lang nun 'yung apatnapung-toneladang bakal. Oh! Kapag dumaan 'yun sa pagdudurog at bababa roon sa salaan, dadaan pababa sa iba pang salaan, aagos pababa at pagkatapos ay dadako roon sa mahabang daanan.

¹⁸² Ang tagapamahala ng malaking Kimberley Diamond Mines na 'yun ay isa sa mga naging usher ko doon sa pila, tunay na mapagpakumbaba, kalugud-lugod na kapatid.

¹⁸³ At pagkatapos mga tatlong talampakan sa ibabaw ng tubig na 'yun, kung saan 'yun umaagos, ito'y, may Cosmoline na nakapahid dun. (Alam n'yo, ano—ano nga uli ang tawag n'yo dun sa bagay na 'yun? Yung...si Meda, ano nga uli 'yung mayroon tayo sa garapon sa aparador doon? Vaseline!) At ipinapahid namin 'yung Vaseline, nang mga isang pulgada ang lalim, doon sa dako rito nung padausdusan. At bababa 'yun doon, at mapapansin n'yo, sa tuwing may mapapadaan doon na bato, 'yun nga'y gugulong mismo sa ibabaw ng ipinahid na Vaseline na 'yun; pero kapag brilyante ang dadaan dun, 'yun nga'y kakapit. Ang brilyante po kasi'y tuyo at didikit nga 'yun dun. Napanood ko mismo kung papaanong pinupulot nila ang mga 'yun, maging 'yung kaliit-liitan nun, at ibubukod ang mga 'yun habang may suot na salamin. At tinanong ko sila kung para saan ang ginagawa nilang 'yun, ang sabi nila'y ibebenta raw nila 'yun sa Amerika para gamitin sa karayom ng Victrola't mga bagay-bagay; hindi nga 'yun mapupudpod, kita n'yo.

¹⁸⁴ Pero ang malalaking brilyante na 'yun, ngayon, hayun nga ang mga 'yun, na isang malaking kumpol. Pero kapag... Kukunin nila ang mga 'yun at gagamitan ng elektrikal na mga makinarya at tatapyasin ang mga 'yun, at gagawa ng tinapyas na brilyante. Pagkatapos kapag natapyas na nila, 'yun nga'y para ipaaninag 'yung nagbabagang mga kulay ng karat nun, at ipapaaninag din nun ang pitong kulay, siyanga.

Oh, ganoon nga si Jesus na . . .

¹⁸⁵ Oh, marahil marami kang pera, marahil may hile-hilera ka ng mga Cadillac, marahil isa kang pastor sa isang malaki't tanyag na morge o katedral ng kung ano, marahil isa kang obispo o isang arsobispo, pero, oh, kapatid, kapag nasumpungan mo ang Hiyas na 'yun, ang Brilyante na 'yun, ibebenta ng isang tao ang lahat ng kayamanan na mayroon siya, isusuko 'yun, lahat ng iba pa.

¹⁸⁶ Tingnan n'yo ang natutulog na birhen. Oh, anong ginawa niya? Kinailangan niyang ibenta ang kung anong bagay para mabili ang kanyang Langis. Anong kinailangan niyang ibenta? Ang kanyang lumang mga kredo't mga denominasyon at mga bagay-bagay. Kinailangan niyang ibenta ang lahat na mayroon siya upang masumpungan si Cristo, si Cristo, ang mamahaling Hiyas na 'yun. Si Jesus, ang katawan na 'yun... [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]...?... May tiket ako papuntang Langit kapag ang tren ay dumaan na, isa sa madidilim na umagang ito. Oh, grabeng pagpapala!

Oh, ang agos na 'yun ay katangi-tangi
 Na pinagigi akong puti gaya ng niyebe;
 Wala akong ibang nalalamang bukal,
 Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus.

¹⁸⁷ Walang kasikatan, walang naglalakihang mga bagay, walang kahit ano, walang kayamanan, walang—walang kahit ano, haya't ang ibigay lang sa akin ay ang katangi-tanging Agos na 'yun. Yun lang!

Wala akong sukat maihahandog mula sa aking
 mga bisig,
 Sa Iyong krus lamang ako nakakapit
 nananalig.

¹⁸⁸ Ang dakilang Hiyas na 'yun! Ano Ito? Ito'y sakdal. Sa edad na tatlumpu't tatlo at kalahating taon noong ilagay Ito ng Diyos sa malaking bumabayong makinarya, noong Kanyang inilagay Ito roon at sinimulang hugisan Ito. Kanyang tinapyas Ito, Kanyang dinurog Ito, Kanyang binugbog Ito.

...siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, . . . nabugbog dahil sa ating kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.

¹⁸⁹ Anong ginawa ng Diyos sa sakdal na Lalaking ito? Nag-iisa lang sila sa mundo, nag-iisa lang sa mundo, at 'yun nga'y Siya! At inukit Siya ng Diyos dito, "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang." Dahil ako'y isang makasalanan, Kanyang pinaaninag ang bahagharing Liwanag ng Kanyang Pitong Kapanahunan ng Iglesia na kumislap sa akin, para malaman na Siya'y nasugatan para sa aking mga pagsalangsang.

¹⁹⁰ Hayan ang pitong-kulay na bahaghari n'yo. "Siya'y nasugatan para sa ating pagsalangsang, ang parusa ukol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya, haya't sa Kanyang mga latay ay gumaling tayo." Tinapyasan Siya ng Diyos, at binugbog Siya, at dinurog Siya, at tinapyas Siya, nang sa gayon ay Kanyang mapaaninag sa pamamagitan ng nakamamatay Niyang mga sugat, ang kapatawaran ng pagkakasala, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob. Ang pitong Espiritu ng Diyos ay ang pitong bunga ng Espiritu na maaaninag pabalik sa Kanyang mga tao. Siya'y binugbog, inanyuan at pinormahan, nang sa gayon ang Liwanag ng Diyos na sumisinag sa isang katawan na 'yun ng Tao ay matubos ang buong mundo; "Ako'y mataas mula sa lupa, na ang lahat ng mga tao ay palalapitin Ko sa Akin." Masdan n'yo 'yung bahaghari ng mga kulay na 'yun sa pagpapaaninag ng mga ito.

¹⁹¹ Pero noong makita Siya ni Juan dito, ano 'yun? Ang araw ng pagtutubos ay tapos na. Tapos na, kaya natunghayan

niya Siya na bumalik na sa orihinal Niyang kalagayan, na isang nagbabagang kulay. Na hindi lang kalahati ng mundo, magagawa lang kasi noon na...ang araw, magagawa lang nitong suminag sa kalahati ng mundo sa isang partikular na oras, kita n'yo, sa paglibot nito dun. Pero noong makita Siya ni Juan, nakaupo Siya na ang itsura'y gaya sa jaspe at batong sardio, nagbabagang mga kulay; pinaghalo ang dalawang 'yun, ang makukuha n'yo ay nagbabagang kulay. "At isang nagbabagang kulay 'yun sa palibot ng Luklukan!" Oh, ang ganda! Oh, sinasabi ko—sinasabi ko nga sa inyo, na sadyang... maaari nga tayong maglumagi diyan nang tuluy-tuloy.

¹⁹² Pitong Espiritu, pitong kulay, pitong kapanahunan ng iglesya, pitong ministro, pitong liwanag, ang lahat mismo'y pito. Ang Diyos ay ganap sa "pito." Ang Diyos ay gumawa nang anim na araw; sa ikapitong araw, Siya'y nagpahinga. Ang mundo'y iiral nang anim na libong taon, at ang ikapitong sanlibo ay ang Milenyum.

¹⁹³ Pansinin n'yo, sa *kalahating bilog*, "ang kalahati'y hindi pa nalalaman." Ngayon, tunay na ang mga bagay na ito'y rumerepresenta sa isang bagay.

¹⁹⁴ Ngayon, sa Exodo 23:13 at sa Mga Hebreo 6:12, ang Diyos ay gumawa ng tipan sa Kanyang Sarili at nanumpa sa Kanyang Sarili. Sinasabi sa atin ng Mga Hebreo :13 na, o 9, :13, na "Siya'y nanumpa sa Kanyang Sarili." Wala kasing mas tataas pa para panumpaan noong magsaysay Siya noon kay Abraham at Isaac, doon nga'y sinaysay Niya kay Abraham na Siya'y gagawa ng tipan sa kanya, na isang walang hanggang tipan. Ang Diyos...

¹⁹⁵ Ang tipan ay laging ginagawa sa pamamagitan ng panunumpa, para walang...Manunumpa ka sa isa na mas mataas sa iyo; manunumpa ka sa pamamagitan ng iyong nanay, manunumpa ka sa pamamagitan ng iyong bansa, manunumpa ka sa pamamagitan ng kung anong bagay, manunumpa ka sa Diyos. Kaya hindi kayo maaaring manumpa maliban na ito'y mas mataas sa inyo.

¹⁹⁶ At wala nang mas hihigit pa sa Diyos, kaya nanumpa Siya sa Kanyang Sarili, sa pamamagitan ng Kanyang Sarili. Amen! Nanumpa sa Kanyang Sarili na Kanyang pagtitibayin ang tipan na ito. Amen. Oh! Whew! Nanumpa rito, na Kanyang "iingat na ang Binhi ni Abraham." Ano ba ang Binhi ni Abraham sa Gentil? Ang bautismo ng Espiritu Santo, ang Binhi ni Abraham. Nanumpa sa Kanyang Sarili, "Aking ibabangon sila, ang bawat isa, ay ibabangon. Pagkakalooban Ko sila ng Buhay na Walang Hanggan at ilalagay sila pabalik rito sa lupa." Anong kailangan natin mada-...para pagbulayan?

¹⁹⁷ Kaya nakikita natin Siya sa pabilog na arko ng berde't, nagbabagang kulay. Itong mala-berde, ano pong pinapahiwatig ng berde? Buhay. Ang berde'y ang di-pumupusyaw na luntian,

nananatili sa tuwina na luntian, 'yan ay buhay. Anong ibig sabihin nito? Na ang Diyos ay nangako, gaya ng manumpa Siya doon sa Genesis noon, na Kanyang “hindi na . . .” (Naglagay mismo ng bahaghari sa alapaap.) na Kanyang “hindi na wawasakin ang mundong ito sa pamamagitan ng tubig.” Siya’y sumumpa Mismo at sumumpa sa Kanyang Sarili na ang lahat ng Binhi ni Abraham ay Kanyang ibabangon, at itong mundong ito’y titiisin ang lahat ng mga umuugang paghahatol nito. Ang mga kahatulan na 'yan ay tutugaygayin natin sa mga aralin nating parating sa hinaharap, haya't ipapakita sa inyo riyon na ang mundong ito’y magbubuga at magiging mala-bulkan mismo, at sasambulat na magpipira-piraso, at bubulabugin at lahat. Pero Siya’y nanumpa sa Kanyang Sarili na hindi Niya ito wawasakin, pero Kanya mismong pakikinisin itong muli at ilalagay ang Kanyang mga anak sa lupa para sa Milenyum na 'yun. Oh, grabe!

Aking hinihintay ang mabunying kaarawan ng
Milenyum na parating,
Kung kailan ang banal nating Panginoon ay
darating at ang Nobya Niyang naghihintay
palayong aagawin;
Oh! Ang puso ko’y humihyaw, nauuhaw para
sa araw na 'yun nang matimyas na paglaya,
Kapag ang Tagapagligtas nati’y magbabalik
na't darating na muli sa lupa.

¹⁹⁸ Oh, gaanon na lamang ang pag-aasam natin sa Araw na 'yun, Kanyang ipinangako na ang dakilang Milenyum ay darating. At isa pa, ang dahilan kung bakit Siya naliligiran, ay dahil Siya’y isang Diyos na tumutupad sa tipan. Kanyang tutuparin ang Kanyang tipan!

¹⁹⁹ Ngayon, kunin natin ang kasunod na talata, ngayon. Naku, gusto pa nating dakuan ang isa pa, at mayroon na lang tayong sampu, labing-limang minuto para gawin ito. Napapagod na ba kayo nang husto? Nais n'yo pa bang magpatuloy? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sige, kunin natin ang ika-4 na talata:

At sa palibot ng luklukan ay may dalawangpu't apat na luklukan: at sa mga luklukan ay nakita kong nangakaupo ang dalawangpu't apat na matatanda na nadaramtan ng mapuputing damit; at sa kanilang ulo ay may mga putong na ginto.

²⁰⁰ Marahil hindi na natin matatapos ang talata na 'yan. Buweno, sige't simulan natin. Ang ika-4 na talata, tingnan n'yo ngayon, noong makita Siya ni Juan, ang kulay esmeralda na 'yun sa palibot Niya, nakita na natin ang lahat ng mga kulay, ang mga bahaghari, at iba pa, at kung ano ang ibig ipahiwatig ng mga ito.

Ngayon, sa ika-4 na talata, ang unang bagay na ipinangusap niya rito, sa ika-4 na tal- . . .

At sa palibot ng luklukan . . .

²⁰¹ Masdan! Napakagandang larawan nito, huwag n'yong palampasin ito, "ang Luklukan."

²⁰² Alam n'yo, bumaling tayo pabalik kay Moises. Si Moises . . . Wala na tayong oras para dumetalye pa rito, kaya kunin n'yo na lang itong sasabihin ko. Si Moises, noong pagkalooban siya ng pangitain sa Bundok ng Sinai . . .

²⁰³ Nais kong pansinin n'yo na hindi na ito isang Luklukan ng awa. Doon nga'y, ang dugo'y nawala na, at ang handog ay nanumbalik na't ang mga ito'y tinanggap na, at wala na ang dugo sa luklukan ng awa. At isa na itong luklukan ng paghatol dahil may mga kulog at pagkidlat na lumabas mula roon. Tama ba?

²⁰⁴ Alalahanin n'yo, ito'y kagaya sa Bundok ng Sinai. Noong si Moises ay magtungo sa Bundok ng Sinai, anong nangyari? Kumulog, kumidlat. At maski baka o isang guya o isang tupa, o kahit sinuman, ang umapak sa bundok, ay mamamatay. Ang sabi ng Biblia, "Lubhang matindi ang lindol na kinatakutan ito maging ni Moises." At si Moi- . . . Sabi Niya, "Hubarin mo ang inyong panyapak dito, nasa Banal na mga dako ka." Si Josue na dakilang mandirigma, ay may tungkulin na dalhin ang mga anak patawid at paghatian ang pamana sa kanila, siya nga'y maaari lamang umakyat nang kalahatian sa bundok.

²⁰⁵ Heto si Moises na nakatayo roon na ang mga kulay ng Diyos ay kumikislap at ang mga pagkidlat at mga esmeralda ay nasa palibot niya, nakaantabay sa mga kautusan na isinusulat. Nakatayo sa Presensya ng Diyos, na ang Tinig na 'yun ay nangungusap pabalik, "Moises, nasaan ka? Hubarin mo ang iyong panyapak, nasa Banal na dako ka."

²⁰⁶ Isang luklukan ng paghatol, ganoon na ito ngayon, wala ngang makatatayo roon kundi ang mga tinubos lamang. Hindi 'yun maaaring dakuan ng makasalanan (tapos na kasi), ang luklukan ng kahatulan. Buweno.

²⁰⁷ Ngayon, si Moises ay nagtayo ng mga bagay sa lupa, itinayo ang tabernakulo, gaya ng mga bagay na kanyang nakita sa Langit. Alam natin 'yan, hindi ba? Nalaman natin na ganoon din ang ginawa ni Pablo. Mangyari nga . . . Mga Hebreo 9:23, na si Moises ay gumawa ng mga bagay na gaya ng ginawa niya. At si Pablo sa kanyang pangitain noong siya'y tumungo sa Langit (noong ituro niya ang dakilang Aklat ng Mga Hebreo), nakita niya marahil sa kanyang pangitain ang siya ring bagay na nakita ni Moises, dahil sinabi niya 'yun (itinuro niya ang kahanga-hangang Aklat na 'yun ng Mga Hebreo), kung papaanong ang Cristianismo'y anti-tipo ng Lumang Tipan. Isa siyang dakilang guro, si Moi- . . . si Pablo. Ngayon, 'yun ang Kanyang Luklukan noon. Pagkatapos sa . . .

208 Sige't ating . . . Hindi naman siguro gaanong, hindi ko . . . Nais ko sanang lampasan na ito, pero hindi ko talaga magawa. Nasaan po ang pisara? Ibinalik n'yo ba? Ibinalik ba, Doc? Buweno, marahil ay puwede kong ipakita 'yun sa inyo mula rito. Aking—aking . . . Ngayon, kunin n'yo ang mga lapis at papel n'yo, dahil may bagay ako na nais kong sabihin dito. Ako—ako po'y nakaupo ngayong umaga noong may bagay na dumating sa akin. Ngayon sasabihin ko sa inyo kung anong ginawa ko, kung napansin n'yo, iginuhit ko 'yun dito. Kita n'yo? Iginuhit ko nga sa kung papaano ito ibinigay sa akin ng Espiritu, kita n'yo, iginuhit 'yun dito kung ano 'yun mismo. Pero ako—ako po'y may bagay lang na nais kong sabihin dito.

209 Ngayon, ang Diyos, sa Kanyang pagkakaluklok, Siya'y Tagahatol na. Tama ba? Kailang humahatol ang isang tagahatol? Kapag siya'y dumako na roon sa upuan ng paghatol, sa isang luklukan. Ngayon, nais kong masdan n'yo kung papaano ginawa ang Lumang Tipan, kung papaano ginawa ang mga patyo noon patugaygay sa Kanyang Luklukan, at kung papaano 'yun nakita ni Juan dito. Hindi nga lang natin 'yun matatalakay sa umagang ito, ang buong ito. Pero ganoon nga mismo ang pamamaraan na nakita ni Juan na parehong mga patyo ng pagtugaygay sa Kanya, at kung ano ang pagtugaygay tungo sa Kanyang mga patyo. Ngayon, oh, gustung-gusto ko ito.

210 Ngayon, sa Lumang Tipan, mayroon dun na tinatawag na “kongregasyon,” kung saan ang mga tao'y nagtitipon-tipon. Unang-una, bago sila pumasok doon, ang kongregasyon, para makapasok doon, kinakailangan nilang dumaan sa ilalim ng binubong dugo, sa labas na patyo. Unang-una'y dadaan sila sa tubigan ng pagbubukod, kung saan ang pulang dumalagang-baka ay papatayin at gagawa ng tubigan ng pagbubukod. Yan nga'y ang makasalanan na dumudulog at nakikinig sa Salita.

211 Sa ganoong paraan pinalapit ang kilalang Judiong rabi sa Panginoon, napakinggan niya akong nangaral doon sa . . . sa Tulsa. Doon nga sa Tulsa, siyanga. Nandun kami sa Tulsa, Oklahoma. At dumalo siya roon, anupa't nakikiusyoso lang. At tinapos niya ang gawain, sabi niya, “Alam ko!” Sabi . . . Isa siya sa pitong pinaka mahusay na rabi sa buong mundo. At dumalo siya roon, sabi, “Nais kong makita kung ano itong Christian Businessmen . . . Tinatawag nila ang sarili nila na, ‘mga Pentecostal.’ Gusto kong pumunta roon, maupo, makinig.”

212 At noong ibunsod ako ng Panginoon na mangusap tungkol sa pulang dumalagang-baka na handog, pagkatapos ng gawain ay kinatagpo niya ang ilan sa mga kapatid doon, sabi, “Gusto kong makipagkita sa lalaking 'yun. Alam ko na wala nga siyang ganoong edukasyon pero . . .” Sabi, “Isa akong Judiong rabi na nalalaman ang lahat ng iba't ibang pagdulog na 'yun at mga bagay-bagay na gaya nun,” sabi, “Hindi ko nakita 'yun

sa ganoong paraan sa buong buhay ko.” Sabi, “Hindi ko ’yun kailanman nakitang ganoon.”

213 At ngayon siya’y isa nang Pentecostal na rabi, puspos ng Espiritu Santo, humahayo sa lahat ng dako, ipinapangaral ang Ebanghelyo. “Pentecostal na rabi,” ’yan ang tawag niya sa kanyang sarili. Nagtungo siya roon sa Washington Youree Hotel, noong isang araw noong magkita kami kina Kapatid na Jack, at kilala siya nung ginang doon, ang sabi ng ginang, “Rabi,” sabi nito, “may mainam na kuwarto kami para sa iyo, pero” sabi, “wala kaming telebisyon doon.”

214 Sabi niya, “Ang mga bagay na ’yun ay ‘hellebisyon,’ iwaksi n’yo! Ayaw ko ng ganyan doon, siyanga; kung mayroon nun, ipatatapon ko sa inyo.”

Sabi nung ginang, “Rabi!”

Sabi niya, “Isa akong Pentecostal na rabi.” Hallelujah!

215 Sabi, “Ngayon, kapag magtungo ka sa Israel, Kapatid na Branham, nais kong sumama sa iyo.” Sabi, “Maaari nating dalhin ito sa aking mga kababayan.”

216 Sabi ko, “Hindi pa ngayon, Rabi, hindi pa ngayon. Hindi pa ngayon, hindi pa ito ang oras, maghintay ka pa nang kaunti.”

217 Ngayon, pansinin n’yo itong mga banal na dako. Ngayon, sa pagdulog n’yo roon sa mga bulwagan, ang una’y ang mga bulwagan, ang panlabas na bulwagan. Ang kasunod ay yaong dambana, kung saan iniaalay ang mga handog, ang dambanang tanso. Tapos sa labas nung dambanang tanso, may tabing na nakasabit dito na papasok sa Kabanal-banalang dako; naroon nga ang luklukan ng awa, naroon ang mga Kerubin. Yan ang nais kong dakuan sa susunod na aralin, ang mga Kerubin na ’yun na lumililim sa luklukan ng awa. Oh, grabe! Ako. . . Maaari nga tayong lumagi diyan nang buong buwan, kita n’yo, tungkol sa Kerubin.

218 Ngayon, ngayon pansinin n’yo ang pagpasok nila roon. Ang kongregasyon nga’y papasok *doon*; ang mga saserdote nama’y tatayo *rito*; pero tanging ang punong saserdote lamang ang papasok *doon*, minsan sa isang taon, dadalhin niya roon ang dugo.

219 At kinakailangan na madamitan siya sa isang partikular na paraan, isang partikular na kasuotan; kinakailangan na may batiting siya’t isang bunga ng granada, na magkapatong sa isa’t isa. At sa paglakad niya, kinakailangan niyang lumakad sa isang partikular na paraan. Sa paglakad niya, siya’y tutunog, “Banal, banal, banal, ang Panginoon. Banal, banal, banal, ang Panginoon,” na ang mga batiting at mga bungang-granada ay kumakalembang sa isa’t isa, “Banal, banal, banal!” Bakit? Siya kasi’y dumudulog sa Diyos, dala ang dugo ng tipan sa kanyang kamay, dumudulog sa harapan Niya, dala-dala ang dugo.

²²⁰ Pinahiran (Oh, grabe!) gamit ang partikular na mga pabango. Ang mga damit niya'y kinakailangan na gawa ng puspos-ng-Espiritu-Santong kamay, kuwalipikadong mga kamay ang dapat gumawa ng kanyang kasuotan. Ang rosa ng Saron, ang langis na pampahid, haya't ibubuhos ito sa kanyang ulo, tutulo 'yun pababa mismo sa kanyang balbas at pababa sa kinatatayuan niya gamit ang pabangong maharlika; may bungang-granada at isang batiting; dala-dala ang dugo ng korderong walang bahid; at hindi niya basta-basta lang tatangkain na lapitan ang tabing na 'yun sa labas, mamamatay siya mismo roon, kung saan siya nakatayo. Kaya kinakailangan niyang dumako roon, na lalakad sa isang partikular na paraan, "Banal, banal, banal, ang Panginoon. Banal, banal, banal," (habang palapit nang palapit sa Diyos) "ang Diyos. Banal, banal, banal!"

²²¹ At nagtungo siya roon at inalay ang dugo sa luklukan ng awa, isang beses sa isang taon. At habang naroon siya, siya'y binigyan ng pribilehiyo na makita ang Kaluwalhatiang Shekinah; kung kailan ang Haliging Apoy, ang nagbabagang Liwanag na bumaba, na pinangunahan ang mga anak ni Israel palabas. Kanya ring inusukan ang templo para walang makakita Rito. Ang Kaluwalhatian ng Panginoon ay bumaba nang husto na ang buong paligid ay nababalot ng usok. At Siya'y bumaba nang Kanyang Sarili, nagtungo sa likod ng tabing at naglumagi sa luklukan ng awa sa Kabanal-banalang dako. "Pinaka Kabanal-banalang dako," ang tawag dito'y, Kabanal-banal. At siya'y nasusuotan sa isang partikular na paraan, naglalakad sa isang partikular na paraan, pinahiran sa isang partikular na paraan. Siya'y espesyal na tao para pumasok doon. Kinaiingitan siya marahil ng kongregasyon!

²²² Pero noong mamatay si Jesus, nahapak ang tabing ng templo. Anupa't hindi na ang punong saserdote lamang, kundi "ang sinumang may ibig" ay makakapagkamit ng siya ring pahid ng Kaluwalhatiang Shekinah at makalalakad ng isang banal na pamumuhay, "Banal, banal, banal, ang Panginoon," at papasok sa loob sa mismong Presensya ng Diyos, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo sa harapan niya. Dala-dala niya 'yun: "Panginoong Jesus, hetong nakaratay ang isang lalaking may sakit, siya po'y kapatid ko. Siya'y nararatay sa banig ng kamatayan ngayon, naghihingalo. Ako po'y dumudulog sa Iyo, 'Banal, banal, banal, ang Panginoon.'"

"Para sa ano?"

"Bilang isang punong saserdote."

"Para sa ano?"

"Alang-alang sa kapatid ko. 'Banal, banal, banal, ang Panginoon.'"

223 Hayan nga kayo! Ang inyong pangaraw-araw na lakad, ang inyong pangaraw-araw na pagsasalita, ang inyong pang-araw-araw na ugali, ang inyong puso, ang inyong kaluluwa, at lahat, “Banal, banal, banal, ang Panginoon.” Wala itong mga ugat ng kapaitan, walang kahit na ano, “Banal, banal, banal, ang Panginoon. Banal, banal, banal, ang Panginoon,” sa pagsisimula nating pagdulog alang-alang sa ating kapatid. Sinumang lalapit, pinahiran, na ang Dugo ay nasa harap niya, na ang Dugo’y nangunguna sa kanya, habang tumutunog “Banal, banal, banal, ang Panginoon.”

224 Ngayon, ’yun ’yung nasa panlabas na mga bulwagan, ang banal na dako. At ang Kabanal-banalang dako, ’yun ang santuwaryo ng Diyos sa lupa. Masdan, itinipo ’yun sa naroon sa Langit. Ngayon, tayo po’y babaling na pabalik muli sa parehong Kasulatan na ito. Oh, ang lahat sa pagtugaygay natin sa Apocalipsis, magagawa nating tumugaygay diretso rito uli pabalik. Kita n’yo?

225 Ngayon siya. . . si Juan, saan nakatayo si Juan? Doon sa bulwagan. Sige’t magbasa pa tayo nang kaunti rito para makita n’yo ang eksena:

At mula sa luklukan ay lumalabas ang mga kidlat. . . mga kulog. . . mga tinig: at may pitong ilawang apoy (Hintayin n’yo lang hanggang sa makarating tayo rian!) na mga nagliliyab sa harapan ng luklukan, na siyang pitong Espiritu ng Dios.

226 Pinapaaninag ang Liwanag ng Diyos papasok sa Iglesya, na diretso mismo mula sa Luklukan ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng isang seminaryo, hindi sa pamamagitan ng kung sinong obispo, kundi mula sa Luklukan ng Diyos, sa pamamagitan ng isang kapahayagan ng kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ibinubunsod Siya na maging siya rin kahapon at magpakailanman; ang mga sampung bituwin ay naroon na pinapaaninag ang Liwanag na ’yun, ang Liwanag na Shekinah, mula sa Kaluwalhatiang Shekinah mula sa Kabanal-banal. Pitong ilawan ng apoy, ay nakalagay sa ibabaw ng mga kandelerong ito, na pinapaaninag ang Kanyang Liwanag, ang Kanyang mga kulay, ukol sa Kanyang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, diretso sa Iglesya. Amen! Hmm!

At sa harapan ng luklukan. . . ay may isang dagat na wari’y bubog na katulad ng salamin: at sa gitna ng luklukan, at sa palibot ng luklukan, ay may apat na nilalang na buhay na puno ng mga mata sa harapan at sa likuran.

227 At nagpatuloy pa siya roon at sinimulan niyang banggitin itong. . . itong mga nilalang, na siya ring bagay na nakita noon ni Ezekiel; ang mga nagbabantay na ’yun. . . na ang isa’y tulad

sa isang tao, ang isa'y tulad sa isang leon, at ang isa'y tulad sa agila. Ano 'yun? Ngayon, masdan, kapag ipinasok na natin ang mga ito at yaong Leon ng angkan ni Juda at lahat ng iba't iba mula sa kanilang mga angkan, na nakapuwesto sa apat na pader, at kanilang binabantayan ang luklukan ng awa na ito. Oh, grabeng tagpo! Oh, ako talaga'y. . . May dakilang mga araw nga na paparating.

228 Gaya ng pagkakakita natin dito, ngayon, 'yun ang Luklukan ng Diyos sa Langit, haya't pinagkunang-huwaran Ito ni Moises sa lupa, 'yun ang Luklukan ng Diyos dahil ang Kanyang luklukan ng paghatol ay kinatawan dito sa lupa sa Kabanal-banalang dako. Ang Diyos. . . Ang buong Israel ay nagtutungo sa isang dako na 'yun upang makasumpong ng awa, dahil kinakatagpo lamang sila ng Diyos sa ilalim ng nabubong dugo.

229 Ngayon, pakinggan n'yong maigi. Pagkatapos ang Kaluwalhati-ang Shekinah ay tumayo mula sa luklukan ng awa na 'yun isang araw, at Ito'y tumahan sa panibagong Tabernakulo (Amen!), sa Isang ito, "Ang Ama'y hindi humahatol sa kaninuman ngunit Kanyang itinatagubilin ang lahat sa paghahatol ng Anak." Ang Luklukan ng Kahatulan ng Diyos. Whew! "Kung magsalita kayo laban sa Akin, ito'y patatawarin sa inyo," pero kung magsalita kayo sa panibago—panibagong Isa na parating, sa panibagong Luklukan ng Awa. "Magsalita. . . kung kayo'y magsalita laban sa Anak ng tao, Akin kayong patatawarin; pero darating ang araw na darating ang Espiritu Santo para manahan sa puso ng mga tao, na isang salita lang laban Dito ay hindi kailanman ipatatawad."

230 Nagiging mas tumindi nang tumindi sa tuwina, ang kahatulan, dahil ang Diyos ay patuloy na umiikli ang Kanyang pasensya, sa pagsisikap na kunin ang mga makasalanan na lumapit sa Kanya para ipagkasundo. Una, Siya'y naroon sa kalangitan sa itaas at nagliliwanag sa mga bituwin. Ang pangalawa, Siya'y narito sa lupa na nagliliwanag sa pamamagitan ng Kaluwalhati-ang Shekinah. Ang kasunod, Siya'y dumating at nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin, na patuloy na umiikli ang Kanyang pasensya. Pagkatapos Kanyang tinubos ang tao sa pamamagitan ng Kanyang Dugo, dumating sa Kanyang Iglesya sa anyo ng Espiritu Santo, at nangusap mismo ukol Doon na ito'y isang tapos nang bagay, tapos na.

231 Ngayon makikita n'yo kung saan manggagaling ang pag-uuga. Doon sa panahon na 'yun, hindi nila ito namamalayan. Hindi nauunawaan ng mga tao kung anong ibig sabihin Nito.

232 Ngayon, ang unang Luklukan ay nasa Langit, ang luklukan ng kahatulan. Ang ikalawang Luklukan ay nakay Cristo. Ang ikatlong Luklukan ay nasa tao.

233 Ngayon, hayaan n'yong kunin ko itong munting bagay na iginuhit ko rito. Gagawa tayo ng . . . Sana may pisara ako, para mas maipaliwanag ko sa inyo marahil nang mas naiintindihan. Sige't kukunin natin at iguguhit ang mga patyo, pero gagawin natin 'yung pabilog, o paganito, alinman. Ngayon kukunin natin . . . Sa palagay ko, pinaka mainam kung *paganito* marahil, kukunin natin at iguguhit ang mga patyo.

234 Ngayon, ano ang isang tao? Isa siyang tatluhang nilalang; katawan, kaluluwa, at espiritu. Ilan ang nakakaalam nun? Masdan n'yo ang pakikitungo ng Diyos. Ano ang nariyan sa inyong puso? Naalala n'yo ang mensahe kong, *Pinili Ng Diyos Ang Puso Ng Tao Para Maging Kanyang Moog Ng Pamamahala*? Ang pinili naman ng diyablo'y ang ulo ng tao para maging moog nito ng pamamahala; kita n'yo, ibinubunsod niya ang tao na makita ang mga bagay-bagay, sa pamamagitan ng kanyang mga mata. Pero doon . . . Ang Diyos sa kanyang puso ay magbubunsod sa tao na sumampalataya sa mga bagay na hindi nakikita. Ginawa ba Niya? Kita n'yo, ang Diyos ay nasa kanyang puso, sa puso ng tao'y naroon ang Luklukan ng Diyos. Nakukuha n'yo ba? Ang tao! Inilagay ng Diyos ang Kanyang Luklukan sa puso ng tao.

235 Ngayon, masdan. Ano ang unang bahagi ng tao? Ang unang bahagi ng tao ay *katawan*. Ang sumunod na bahagi ay ang kanyang *kaluluwa*, na siyang kalikasan ng kanyang espiritu na siyang nagbubunsod sa kanya na maging kung ano siya. Siya'y lumalapit na ngayon. Ngayon, ang ikatlong bahagi ng tao ay ang kanyang *espiritu*, at ang kanyang espiritu ay nasa sentro ng kanyang puso, at sa sentro ng puso ay ang dako na tinutunguhan ng Diyos bilang Luklukan.

236 Naalala n'yo, nito-nito lang, na inilathala ng—ng pahayagan sa Chicago mga apat na taon na ang nakararaan, noong ang matandang mananampalataya . . . matandang di-mananampalataya po, pala, may sinasabi-sabi siya dati na ang Diyos daw ay nagkamali kay Solomon noong Kanyang sabihin, “Gaya sa isang tao na umiisip sa kanyang puso.” Sabi, “Wala namang mental na kapasidad ang puso para makapag-isip. Papaano siya makakapag-isip gamit ang kanyang puso? Tiyak ang Kanyang . . . Ang ibig Niyang sabihin ay ang ulo nito.”

237 Kung ulo ang ibig sabihin ng Diyos, sinabi sana Niya, “ang ulo nito.”

238 Katulad ni Moises, ano kaya kung si Moises . . . kung ang sinabi ng Diyos, “Moises, hubarin mo ang inyong panyapak, nasa dakong Banal ka”; sasabihin nito, “Buweno, bakit hindi ko na lang hubarin ang sumbrero ko, pareho lang din naman 'yun nun”? Kanyang sinabi, “mga panyapak.” Hindi Niya sinabing, “sumbrero,” ang sinabi'y, “mga panyapak.”

239 At kaya yamang sinabi Niya, “Mangagsisi, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo,” hindi Niya ibig sabihin “Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Kung anong ibig Niyang sabihin ay ’yun ang Kanyang sinabi.

240 Noong sabihin Niya, “*Kailangan* mong maipanganak na muli,” hindi Niya sinabi, “*Maaari* mong gawin.”

241 Sabi Niya, “Ang mga tandang ito *ay* lalakip sa kanila na mga sumasampalataya,” hindi Niya kailanman sinabi, “*Marahil* lalakip ang mga ito.”

242 Kung ano ang sinabi Niya’y ’yun ang ibig Niyang sabihin! At Siya’y Diyos at hindi Niya Ito maaaring bawiin. Batid Niya kung ano ang ganap kaya ginagawa Niya Ito sa paraan na ’yun, at sa ganoong paraan Niya—Niya binalak Ito na maging. At dapat kayong makaabot Doon. Hindi Siya ang bababa para sa inyong hinuha, kinakailangan n’yong makaabot sa Kanyang Ideya. Yun ang pagkakaiba.

243 Ngayon, ngayon, sa sistemang ito ng katawan, kaluluwa . . . Ngayon, kung kukunin n’yo ang salitang *kaluluwa* at titingnan ’yun, sasabihin nito sa inyo sa—sa diksyunaryo ng Biblia o Webster, ang alinman sa mga ito, na ito’y “ang kalikasan ng espiritu.”

244 Ngayon, heto ang isang tao, sasabihin natin, *heto* si John Doe. Buweno, John Doe. At *heto* si Sam Doe. Buweno. Ngayon, si John Doe ay isang lalaki, katawan, siya’y kapatid ni Sam Doe. Ngayon, si John ay isang espiritu, kaluluwa, katawan; at si Sam Doe ay ganoon din (katawan, kaluluwa, espiritu) kung papaano nga siya, katawan, kaluluwa, espiritu. Ngayon, *itong* lalaki na ito’y masama, bulastog, manloloko, magnanakaw, sinungaling, mapangalunya, anumang masamang bagay ay nagagawa niya; pero ang isang lalaki naman na *ito* ay puno ng pag-ibig, kapayapaan, kagalakan. Kapwa sila may kaluluwa, katawan, at espiritu. Buweno, anong pinagkaiba? *Itong* lalaking ito’y makababaling pabalik at sasabihin, “Naalala ko ang nanay, naalala ko ang mga bagay na ginawa namin noong kabataang paslit pa lang kami”; kapwa nila nagagawa ’yun. Kapwa sila may espiritu, kapwa sila may kaluluwa, kapwa sila may katawan.

245 Pero ang kalikasan ng isang lalaki na *ito’y* masama; ang kalikasan naman ng isang lalaking *ito’y* mabuti. Kita n’yo? Kaya ang kalikasan ng espiritu ay ang kaluluwa ng tao. Kita n’yo? Kaya, ngayon, sa ano sinisikap ng Diyos na makadako? Sa espiritu’t puso ng tao. Ang dako kung saan nakapamalagi ang espiritu ay sa puso.

246 Alam n’yo, at sinabi ng siyensiya (dahil hindi ko ’yun natapos), na ang tao’y hindi raw nakakapag-isip sa kanyang puso. Haya’t nasumpungan di umano ng siyensiya na may munting kompartamento sa puso ng tao (hindi sa puso ng

hayop, kundi sa puso ng tao), wala roong selyulang dugo, walang anuman. Sabi nila, “Yun marahil ang dako kung saan namamalagi ang kaluluwa, o ang espiritu.” Haya’t hayaan—hayaan n’yo lang sila, sila’y maglulumagi sa kanilang sariling hangal na mga bagay-bagay at anupa’t mapapatunayan din nila ang Diyos. Ganoon nga. Ibinubunsod ng Diyos ang mangmang para patotohanan Siya.

²⁴⁷ Ngayon, hayan nga ito, malaking ulo ng mga balita sa diyaryo. Ang sabi ng munting anak na dalagita ni Kapatid na Boze, “Kapatid na Branham, alam mo po ba ’yung tungkol sa sinasabi mo noong isang araw?” Sabi, “Tingnan mo po, tingnan mo po, nadiskubre nga ito ng siyensiya.”

²⁴⁸ Sabi, “Buweno, purihin ang Diyos! Gusto ko nga ’yan, kapatid, gusto ko—gusto ko ’yan.”

²⁴⁹ Ang kaluluwa ng tao’y ang kalikasan ng espiritu, at ang espiritu’y nananahan sa puso ng tao.

²⁵⁰ Ngayon, ngayon, ano ang panlabas na patyo? Yun ang laman. Kita n’yo? Yan ’yung unang bagay na madadatnan n’yo, ang laman. Kinakailangan n’yong malampasan muna ito unang-una. Kinakailangan n’yo, para makadako lampas sa laman. “Parang wala akong—wala akong ganang bumangon at magpunta sa simbahan, at ang mga daan kasi’y madulas masyado. Ako—ako... Masyadong mainit. Oh, kung magsimba ba, hindi ko alam.” Yun ang laman. Buweno. Ngayon, kinakailangan n’yong lampasan ’yun at alpasan ’yun, dadaan at dadaan mismo roon ang Diyos.

²⁵¹ Ang kasunod na sasapitan Niya, Siya’y sasapit sa kaluluwa, ’yun ang kalikasan. “Oh, ano na lang ang sasabihin ng mga Jones sa akin? Oh, naku! Alam n’yo, sisipain ako ng iglesia ko kung ako’y—kung ako’y gagawa ng isang bagay na tulad n’yan. Kita n’yo?” Pero kinakailangan n’yong daanan ’yan.

²⁵² At kapag malalampasan n’yo ’yan, pagkatapos nga’y dadako Siya sa puso at doon Siya maluluklok. Yun ang Espiritu Santo na nasa inyo. Ang sabi ni Jesus, “Mas maigi pa kung bitinan ang inyong leeg ng isang malaking batong gilingan at malubog kayo sa kalaliman ng dagat, kaysa sa tisirin ang isa sa maliliit na ito na sumasampalataya sa Akin.” Kaya’t huwag silang gawan ng ikasasama; na saktan ang kanilang kalooban, na pasamain ang loob nila sa kung anong bagay. Mas mainam pa na malunod kayo sa dagat, o hindi na kayo ipinanganak pa sa lupa, kaysa sa magdala ng katitisan sa isa. Seryoso ba Siya rito? Maaari bang nagsisinungaling lang Siya? Ang mga alagad ba ang nagsabi nun? Hindi, hindi. Si Jesus ang may sabi Nito! Ang sabi ni Jesus, “Kung magdadala lamang kayo ng katitisan sa isa sa kanila, sa mumunting ito na sumasampalataya sa Akin.”

“Lalakip ang mga tandang ito sa mga sumasampalataya!”

253 May isang sikat, na bigating tao ang magsasabi, “Oh, sinasampalatayanan ko Siya! Hallelujah!”

254 “Ikaw ba’y nakapagsalita na sa iba’t ibang wika, nakapagpaliwanag ng iba’t ibang wika, nakapagpalayas ng mga diyablo, mga pangitain, at iba pa, gaya ng ipinangako Niya?”

“Hindi, lumipas na ang araw ng mga ’yan.” Hindi siya mananampalataya talaga, isa siyang nagkukunwaring-mananampalataya.

255 Ang sabi ni Jesus, ang huling mga salita na sinabi Niya, “Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya, sa buong mundo at sa bawat nilalang.” Tama. “Lalakip ang mga ito sa mananampalataya hanggang sa Ako’y magbalik.” Yun ang huling Mga Salita na sinabi Niya. Ilan po ang nakakaalam n’yan? Ang Biblia, Marcos 16.

Ngayon, kita n’yo, isa siyang kunwang-mananampalataya.

256 Pero kung makasusumpong ka ng isang mananampalataya na tunay na sumasampalataya, na may mga tandang lumalakip, at nakikita n’yo ang kababaan ng loob sa kanilang buhay, hindi isang manggagaya lang, kundi nababatid mismo na sila’y Cristiano, isang tunay, na dalisay na indibiduwal, manahimik lang kayo. Ang nararapat n’yo ngang gawin, ay sumama sa kanila, sumama sa pag-usad, dahil sa ganito’y umuusad kayo sa lansangan ng Hari.

257 Ngayon, anong mangyayari? Masdan n’yo. Ang labas na patyo: ay ang kapanahunan ni Luther, sa pagsisimula natin sa Katawan ng Iglesyang Gentil.

258 Naalala n’yo ba, sila’y mga Judio hanggang sa panahon marahil na—na A.D. 606 noong sumapit na sa Tiatira, ang lahat ay halos mga Judiong naakay. Pero pagkatapos sa mga Judio, tumugaygay nga rito sa kapwa Judio at Gentil (pero ang karamihan ay Judio pa rin). Pero pagdating mismo na papasok na sa kapanahunan ng Gentil, dumako sa panig na ito, kita n’yo, dumating sina Martin Luther, si John Wesley, at ang iba pa. Kita n’yo?

259 Ngayon, masdan n’yo itong huling tatlo pagkatapos ng Madilim na Kapanahunan, noong sumapit sa Gitnang Kapanahunan at tumugaygay. Noong sumapit na, haya’t masdan n’yo itong mga labas na patyo. Tingnan n’yo: laman, kaluluwa, espiritu. Kita n’yo? Ang labas na patyo, ang laman. Ang dakong banal: mga Nazarene, Pilgrim Holiness, Free Methodist. Kita n’yo? At ang Kabanal-banalan na: bumalik na sa Pentecostal, kung saan ito nagsimula sa pasimula, kita n’yo, bumalik sa pasimula.

260 Ngayon, kung ginuguhit n’yo po, gusto kong markahan ito. Ngayon, may limang pintuan papasok sa laman, na kinokontrol

ang laman. Alam n'yo 'yan. Mayroon ba? Yun ang limang pandama. Ilang pandama ang kumokontrol sa katawan? Lima: paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, pandinig. Tama po ba? Yun ang laman, ang labas na patyo, 'yun ang mga bagay na hindi n'yo madedependehan dahil ito'y laman.

²⁶¹ Ang loobang patyo naman, mayroon tayong loobang mga patyo, na siyang kasunod na dambana. At ang kasunod na dambana'y tumutugaygay, at tumutugaygay ito sa—sa konsyensya, imahinasyon, memorya, simbuyo, at pagmamahal. Yan naman ang limang pandama na kumokontrol sa panloob na mga patyo. Yan ang kaluluwa. Mga pandama ng pagmamahal, 'yan ang kaluluwa, pag-ibig, at iba pa. At pagkatapos ang kasunod na pandama rito, nariyan din ang memorya, ang konsyensya, at habag, at iba pa, at—at—at imahinasyon. Mauupo ka't nag-iisip kayo ng mga bagay-bagay, kung ano itong ginagawa n'yo? Hindi n'yo ito ginagawa sa inyong laman, ang mga pandama n'yo ay hindi nagkakaroon ng guni-guni. Yun ang panloob na patyo na nasa kaibuturan n'yo.

²⁶² May tatlong pintuan ito. Ano ang ginagawa natin? Tayo po'y pumapasok na ngayon, huwag n'yo Itong mapalampas. Dumaan sa laman, na may limang pandama; papasok sa kasunod, sa kaluluwa, ang panloob na mga patyo; pero ngayon ay sumapit na kayo sa puso. Kita n'yo?

²⁶³ Ngayon, diyan nga kayo na mabubuting Pilgrim Holiness at Methodist ay naglumagi sa dambana sa dako *riyan*. Kita n'yo, naroon na kayo sa loob na mga patyo. Kayo na mga Lutheran at iba pa'y nasa laman pa, doon sa limang pandama, sa bagay na nakikita ng mata at naaninag. Kita n'yo?

²⁶⁴ Hetong kasunod ang Pilgrim Holiness na halos mga Free Methodist na rin, pumasok sa kasunod na mga patyo at naniwala sa kabanalan, dahil tinawag itong banal na dako kung saan doon ang hain inilalagap.

²⁶⁵ Pero isang beses sa isang taon ang punong saserdote ay nagtutungo sa Kabanal-banalang dako na may kahatulan. Hayan ang kapanahunang Lutheran noon; pagkatapos ang kapanahunang Methodist; pagkatapos itong kapanahunan na ito, parating na sa mga liwanag ng Iglesya, na gaya sa sistema ng tao.

²⁶⁶ Pagkatapos papaano—papaano tayo makakadako *rito*? Ngayon, alalahanin n'yo, mayroong tabing, may tabing na nakasabit sa pagitan ng banal at Kabanal-banalan. Doon sa Kabanal-banalan ay 'yun ang dako kung saan si Cristo ay mauupo sa luklukan ng inyong puso, na si Cristo'y maluluklok. Siya'y dumarating sa pamamagitan ng pag-aaring ganap (Tama ba?); pagpapaging banal; “At pagkatapos sa pamamagitan ng isang. . .” (tubig. . . sa pamamagitan ba ng isang iglesya. . . sa pamamagitan ba ng isang kredo. . . Hindi!) “sa pamamagitan ng

isang Espiritu,” mula rito’y lahat tayo’y nabautismuhan papasok sa isang Katawan na Katawan ni Cristo. Sa pamamagitan ng ano? Espiritu Santo.

267 Sino ang makakapasok? Methodist, Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal, sinuman ang may nais. Ang tabing na ’yun, alam n’yo ba kung ano yaong tabing na tumatabing sa inyong puso mula Rito? Handa na ba kayo? Ang tabing na tinatawag na “sariling-pasya.” Nakukuha n’yo na ba ang buong larawan ngayon? Ang mga pandama na ’yun *doon*, ang mga pandama sa katawan at ang mga pandama tungo sa kaluluwa, at ang tabing sa pagitan nun at ng banal na dako, ang Kabanal-banalang dako. At ang tanging paraan para kayo’y makapasok doon ay magkaroon ng sariling-pasya! “Sapagkat sinuman. . .” Ano po? Sinumang makipagkamay ba? Sinumang malubog ba? Sinumang umanib sa iglesya ba? Sinumang magpasa ng kanyang liham ba? Sinuman bang. . .? Hindi! “Sinuman *ang may nais* na tumawid tungo sa kabila ng tabing.”

268 Hayaan n’yong si Cristo’y dumako sa mga pandama; sabihin “Buweno, kinakailangan ko. Hindi ko gustong mapunta sa impyerno, ’yun nga’y isang bagay. Aanib ako sa iglesya.” Buweno, Lutheran.

269 “Buweno, sasabihin ko sa inyo kung ano, naniniwala ako na kinakailangan ko nang ipamuhay ang isang ibang uri ng pamumuhay, sa abot ng makakaya ko,” pagpapaging banal sa may dambana. Buweno, Methodist.

270 Buweno, at pagkatapos ay sinuman ang *may nais*, siya nga’y patawirin sa hinapak na tabing. Oh, maluwalhati ang Diyos! Nasa kabilang panig na ako. Hallelujah sa Kanyang Pangalan! Oh, grabe! Sinuman ang may nais, ibunsod niya na mahapak ito, ang mga tabing ng kanyang sariling pagpapasya, at hayaan ang Diyos na dumako sa kanyang puso. Hayan si Cristo sa Kanyang luklukan ng paghatol sa puso ng tao! Anong mangyayari?

271 Sasabihin n’yo, “Kinakailangan kong. . . Oh, ako’y—ako’y nakakapagsalita ng mahahalay na biro, hindi naman ako kinokondena nito.” Bakit? Wala kasi sila Nito na kokondena sa kanila. Wala itong Isa na ito roon para—para iwaglit ’yun. Wala itong Isa na ito para—para kondenahin kayo. “Buweno, sasabihin ko sa inyo,” sinasabi ng mga kababaihan, “Maaari naman akong magpaikli ng buhok, hindi ako nun kokondenahin.” Hindi na nakakapagtaka! Kita n’yo? “Oh, puwede akong magsuot ng short. . . Puwede kong gawin ’yung *ganito*. Aking. . .” Ang sabi ng mga kalalakihan, “Hindi naman ako maaapektuhan sa paninigarilyo, at hindi ako maaapektuhan kung maglalaro ako ng kaunting—kaunting baraha at maglalaro ng dais,” at anupaman na ginagawa nila. “Hindi naman ako aptado.” At sila’y mga miyembro pa rin sa iglesya, kita n’yo,

“Hindi ako naaapektuhan sa paggawa ng *ganito*.” Bakit? Bakit? Wala kasi roon sa loob n’yo na hahatol sa inyo.

²⁷² Pero kapag si Cristo’y nakapasok na, nagtayo kayo ng isang dambana sa inyong puso at ang inyong mga kasalanan ay winawaglit araw-araw. Ang dakilang si San Pablo, ang sabi niya, “Araw-araw akong namamatay. Gayong ako’y nabubuhay, pero hindi na *ako* ang nabubuhay, si Cristo na ang nabubuhay sa akin.” Hayan ang tabing sa loob. Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae!

²⁷³ Sige’t bibilisan na, alam ko. . . Oh, naku, ako’y. . . Hindi ko po ito matatapos, lampas na ako sa oras. Sige, akin na lang. . . Hindi, hindi na siguro. Kita n’yo, gusto ko sanang talakayin ang tungkol sa dalawampu’t apat na matatanda, at alam ko na inaatasado ko na kayo sa tanghalian n’yo. Buweno heto na lang. . . Sige’t tingnan natin, kung. . . Ilan po ba ang may gusto na talakayin pa natin ang dalawampu’t apat na matatanda? Kahit ano lang. . . [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sige, sandali lang. Sige, sandali lang. “Dalawampu’t apat na matatanda,” pagkatapos, sige’t talakayin natin ang mga ito nang mabilis ngayon, “sa palibot ng Luklukan, ay ang dalawampu’t-. . . sa palibot ng Luklukan.”

²⁷⁴ Ngayon nakikita n’yo kung ano. . . Nasaan na ngayon ang Luklukan? Sa puso. Sa puso nino? Sa mga bahagi ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia, kay Cristo! “Magsalita ka lang ng isang salita laban sa kanilang gawa, ikaw ay hinatulan na,” mananagot ka para rito sa Araw ng Paghatol. At sino ang hahatol sa sanlibutan? Ang mga banal ang hahatol sa sanlibutan.

²⁷⁵ Sino yaong nakita ni Daniel na parating na sampung makalibong sampung libo? Ang Mga Banal. Ang mga Aklat ay binuksan na, mga makasalanan. Isa pang Aklat ang binuksan, yaong Aklat ng Buhay, ang natutulog na birhen. Oh, grabe, hindi n’yo ba ito nakikita? Ang natutulog na iglesia, sila na lumabas doon para katagpuin sana ang Nobyo, hinayaan nilang maubos ang Langis sa kanilang ilawan; hindi sila pumasok Dito, hindi hinayaan si Cristo na mamahala nang sa gayon Siya’y makapagpamalalas ng mga himala’t pagsasalita sa iba’t ibang wika at gumawa ng mga kababalaghan at mga bagay na magpapatunay na Siya’y nabubuhay sa Kanyang Iglesia.

²⁷⁶ Ano kaya kung si Jesus ay dadako lang dito sa lupa at magsasabi “Ako si Jesus, Ako ang Anak ng Diyos,” na walang anumang bagay na ginawa, sabihin lang Niya “Ako’y—Ako’y dadako rito at aanib sa iglesia”? Yun ba ang Anak ng Diyos?

²⁷⁷ Anong sinabi Niya? “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan.”

²⁷⁸ Oh, grabe! Nakikita n’yo ba? Dinedeklara ng Diyos ang Kanyang Sarili, gustung-gusto Niya ito. Siya si Jehovah.

Gusto Niyang ipakilala ang Kanyang Sarili. Oh, ako'y lubhang nagagalak dito. Siyanga, po. Ipinakilala Niya ang Kanyang Sarili sa akin, alam ko na ganoon din ang ginawa Niya sa inyo. Ilan sa inyo na mga kabataan ay kababagong-loob pa lang, mangyari nga na hindi n'yo. . . marahil hindi n'yo pa Siya napagkikilala sa kapangyarihan at sa dakilang mga bagay na nalalaman ng mas matatandang Cristiano, pero kayo nga'y papunta na roon. Kayo'y umuusad na mismo sa lansangan ng Hari. Huwag. . . Magpatuloy lang kayong nakatuon at magtumulin sa husto na inyong makakaya. Tumakbo, tumakbo, tumakbo nang husto na inyong makakaya. Huwag kayong tumigil sa kung anong bagay, magpatuloy lamang kayo.

²⁷⁹ Gaya ng sinasabi ni kalugud-lugod na matandang Kapatid na babaing Snelling noon:

Ako'y tumatakbo, tumatakbo, tumatakbo,
 ako'y dumako;
 Tumatakbo, tumatakbo, tumatakbo, ako'y
 dumako;
 Tumatakbo, tumatakbo, tumatakbo, at hindi
 ka lang mauupo.

Kalugud-lugod na kaluluwa, naroon na siya sa dako roon ngayon.

²⁸⁰ Buweno, ngayon, at mayroong—mayroong mga luklukan at dalawampung, mayroong dalawam-. . . mayroong apat at dalawampung luklukan. Ngayon, ilan 'yun bale, apat at dalawampung? Dalawampu't apat. Sige:

. . . *dalawangpu't apat na luklukan: at sa luklukan. . . sa mga luklukan ay nakita kong nangakaupo ang dalawangpu't apat na matatanda (isa sa bawat luklukan), na nadaramtan ng mapuputing damit; at sa kanilang mga ulo ay may mga putong na ginto.*

²⁸¹ Ngayon, “ang dalawampu't apat na matatanda.” Nais kong pansinin n'yo na hindi sila Anghelikong mga Nilalang. Walang kinalaman ang Mga Anghel, ang mga Makalangit na Nilalang ay walang kinalaman sa mga putong at mga luklukan. Kita n'yo, hindi sila iniuugnay dun, sila'y Mga Anghel, hindi sila nagpanagumpay. Kung mapapansin n'yo maya-maya, ang mga awitin na kanilang inawit, at mga bagay-bagay, 'yan nga'y nagpapatunay na hindi nila nagawa 'yun. Kita n'yo? Sila'y umawit ng awit ng pagtutubos; mangyari nga, na ang Mga Anghel ay hindi nangangailangan ng pagtutubos. Kita n'yo? Buweno. Bagkus ang mga ito'y mga taong natubos.

²⁸² Hindi ko. . . sa inyo po, wala na akong sapat na oras para isa-isahin ito. Pero sa inyo riyan na naglilista, kung gusto n'yong malaman na sila'y mga tinubos na mga tao, kunin n'yo ang Mateo 19:28, sige, 19:28, Mateo, Apocalipsis 3:21, pagkatapos kunin n'yo 'yung, Apocalipsis 20:4, Apocalipsis 2:10, Unang Pedro 5:2

at 4, Ikalawang Timoteo 4:8. Ipapaalam n'yan sa inyo na sila'y mga tinubos. Nais kong pahapyawan 'yan sa umagang ito, kita n'yo. At maaari n'yong suyurin 'yan nang ilang linggo, kita n'yo. Hindi sila—hindi sila Anghelikong mga Nilalang, hindi sila Makalangit na mga Nilalang, sila'y mga tinubos na kalalakihan. Kita n'yo? Mapapansin n'yo roon sa kanilang damit, sa paraan ng pananamit nila; matutukoy n'yo ang kanilang posisyon, kung anong kamit nila; malalaman n'yo sa mga awitin, kung anong inawit nila; at malalaman n'yo na hindi sila Anghelikong mga Nilalang. Hmm.

²⁸³ Ayaw ko na sanang dumako rito, pero sige't magbasa pa tayo ng isang Kasulatan. Nais n'yo pa ba? Sige. Bumaling tayo pabalik sa Daniel 7, pansumandali, pabalik dito sa, Daniel 7, at magbasa lang tayo ng isang Kasulatan dito. Nais kong... mangyari po na makatutulong ito sa inyo nang lubos sa natitira pang bahagi ng mensahe sa umagang ito. Tiyak ko na paiigihin nito—paiigihin nito nang lubos ang inyong pakiramdam matapos n'yong basahin ito at makita ito, tingnan n'yo 'yung kay Daniel, ang ika-7 kabanata ni Daniel, at simulan lang natin ngayon mula sa... Daniel 7, kunin natin ang ika-9 na kab-... ika-9 na talata. Ngayon, pakinggan n'yong maigi ang mga bagay na ito:

At... aking minasdan hanggang sa ang mga luklukan ay nangaglagay, at isa na Matanda sa mga araw ay nakaupo, na ang mga suot ay maputing parang niebe, at ang buhok ng kaniyang ulo ay parang... taganas na lana: at ang kaniyang luklukan ay mga liab na apoy, (Makikita n'yo uli, bumaling muli sa esmeraldang apoy.) at ang mga gulong niyaon ay nagniningas na apoy.

At... Isang mabangis na sigalbo ay lumabas at nagmula sa harap niya: makailang libo libo ang naglilingkod sa kaniya, at makasampung libo na sangpung libo (Hayan nga ang mga Tinubos.) ang nagsitayo sa harap niya: at ang kahatulan ay nalagda, at ang mga aklat (mga aklat, maramihan) ay nangabuksan.

²⁸⁴ Ngayon, pansinin n'yo, ang kahatulan na ito'y nilagda. Kita n'yo? Ngayon, masdan. Si Daniel, noong makita niya ang mga luklukan sa paghatol, ang mga 'yun ay walang laman, nakita niya “ang mga luklukan na nakalagay, bumaba mula sa Langit, ang Matanda sa panahon ay bumaba mula sa Langit.” Pero noong makita ito ni Juan, ang Luklukan ay inuupuan na ni Jesus, at maging ang mga luklukan para sa mga alagad at mga patriyarka, mga tinubos, ay natupad na. Kita n'yo? Nakita na 'yun ni Daniel limang daang taon bago ang panahon ni Cristo. At pagkatapos ni Cristo, 'yun nga'y dalawampu't limang daang taon, at si Juan ay nabubuhay pa rin doon sa kapanahunan na 'yun na parating, at nakita niya ang lahat ng mga bagay na ito na nangyari. Kung saan, hindi ito nakita ni Daniel, (Kita n'yo?) ang nakita lang niya ay yaong Matanda sa panahon na

dumating; nakita niya Siya na dumating. Pero noong makita Siya ni Juan, nakaupo na sa Luklukan, kita n'yo, nakalagay noon ang mga luklukan kasama ang Matanda ng panahon, at ang Kahatulan ay nilagda. Pero noong makita Siya ni Juan, ang mga matatanda'y hindi pa napipili noong panahon ni Juan. . . o panahon ni Daniel, anupa't sila'y mga tinubos na pagdating ng kawakasan ng panahon. . .? . . Oh grabe! Oh, hindi ba't. . . Hindi ba't Siya'y kahanga-hanga?

²⁸⁵ Kaya, Daniel 7, siya. . . anong ginawa ni Daniel? Pauna niyang nakita ang Paghatol, nakita ang mga upuang luklukan na walang laman. Kita n'yo, marapat mismo na ang mga 'yun ay walang laman. Samantalang kay Juan sa panahon niya, pagkatapos ng Iglesyang inagaw, ang mga 'yun ay napunan na ng mga tinubos na matatanda. Hmm.

²⁸⁶ Anong ibig sabihin ng *matanda*? Kung suriin n'yo ang salitang *matanda*, mayroon ako ritong mga. . . lahat ng mga kahulugan na ito na isinulat ko rito, nilalaktawan ko lang. Ang ibig sabihin ng *matanda* ay “ulo ng bayan” o “ulo ng angkan.” Ang isang *matanda'y*, “ulo ng kung anong bagay.” Gaya ko—ko na isang. . . Si Kapatid na Neville ngayon ay isang matanda sa iglesyang ito. Ano siya? Siya ang ulo ng lokal na katawan na ito. Kita n'yo? At ang alkalde ng siyudad ay ang matanda ng siyudad na ito; kita n'yo, ang matanda ng mga siyudad. Naalala n'yo ba dun noon sa panahon ng Biblia, ang matatanda ng siyudad? Ang ibig sabihin ng *matanda* ay “ulo ng siyudad” o “ulo ng isang angkan.”

²⁸⁷ Ngayon, ilan sila? Dalawampu't apat, dalawampu't apat na matatanda. Tama ba? Ngayon. . . Oh, grabe! Sino ito? Ang labing-dalawang mga alagad at ang labing-dalawang angkan ni Israel, ang labing-dalawang patriyarka. Ang. . . Ngayon, ipagpapatuloy na natin ito hanggang sa makarating tayo sa iba pang mga aralin, at patutunayan na tama 'yan, kaya kayo, ikinatutuwa ko na isinusulat n'yo ito. Kita n'yo? Ang labing-dalawang patriyarka at labing-dalawang angkan ni Israel! Ngayon, masdan. Sinabi 'yun ni Jesus. . .

²⁸⁸ Nagtanong si Pedro isang araw, sabi, “Anong matatanggap namin? Iniwan na namin ang tatay, ang nanay, ang asawang lalaki, ang asawang babae, ang mga anak, lahat ng iba pa, iniwan nga namin ang lahat.” Sabi ni Pedro, “Iniwan namin ang aming mga asawa, iniwan namin ang aming mga anak, iniwan namin ang aming tatay at nanay, ang aming mga tahanan at lupain, para sumunod sa Iyo.”

²⁸⁹ Sabi Niya, “Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na kayo'y mauupo sa labing-dalawang luklukan na hahatulan ang labing-dalawang angkan.” Hayan nga, 'yan ang tinubos, ang mga tinubos na matatanda.

290 Tingnan—tingnan n'yo si David na inilalarawan si Cristo. Kita n'yo? Noong si David ay maluklok sa kapangyarihan, ang unang bagay, siya nga'y dumanas ng kakila-kilabot na panahon bago siya naluklok sa kapangyarihan. Pero siya nga'y nagtataglay ng pahid, siyanga, mayroon siyang pahid. At maraming tao ang nag-iisip “Isa lang siyang munting taksil, isang munting tao na naiiba, na gusto lang sirain ang bagay-bagay.” Pero may ilang kalalakihan na nalalaman na siya ang parating na hari, sila'y nanatili lang sa tabi niya. Kapatid, ang ibig kong sabihin ay hindi n'yo sila maihihiwalay sa kanya, sa kanilang paglakad.

291 Isang araw tumayo siya roon sa bundok, tumanaw sa ibaba at nakita ang kanyang sariling munti't, minamahal na bayan na kinubkob ng kaaway. At tumayo siya roon at naalala niya noong siya'y munting bata pa, inilalabas niya dati ang mga tupa patungo sa dako roon at umiinom sa tubig na 'yun, 'yun nga'y tunay na tubig. (Ipinangusap na natin 'yan dito di pa katagalan, *Ang Mga Tubig ng Buhay.*) At hayun nga siya, “Ang isipin, na umiinom ako mula roon noon.”

292 At kaunting mithi lang niya ay isa nang mando sa sinumang tauhan niya. Kapatid, dalawa sa kalalakihan na 'yun ay kinuha ang kanilang mga tabak at nakipaglaban sa labing-limang milyang haba ng mga Filisteo, na tinataga ang mga kaaway sa kanan at sa kaliwa, para lang kuhanan si David ng tubig mula sa balon na 'yun. Alam nila na siya'y maluluklok sa kapangyarihan. Siyanga, po. Isang beses, isa sa kanila'y, para maligtas ang isang lalaki, tumalon sa isang hukay at pumatay ng leon, nang mag-isa. Mga mandirigma sila. At noong—noong maluklok na si David sa kapangyarihan, alam n'yo ba ang ginawa niya? Ginawa niya ang bawat isa sa kanila na maging tagapamahala ng tig-iisang bayan.

293 Nakita n'yo si Cristo roon? “Ang magtagumpay ay mamamahala sa isang bayan.” Ang mga mapanagumpay! Ngayon kapag nakikita natin Siya na naluluklok na sa kapangyarihan, si Cristo'y maghahari sa mundong ito. Ang bansang Alemanya, ang Estados Unidos, at ang lahat nga'y kinakailangang bumagsak, bawat bansa ay babagsak at babagsak. Ang mga kaharian ng mundong ito ay magiging mga kaharian ng ating Diyos at ng Kanyang Cristo, at Siya'y mamumuno at maghahari sa kanila. Ganoon nga.

294 Alam natin na Siya'y paluklok na sa kapangyarihan, kaya ang pinakamunti Niyang nais ay isa nang mando para sa atin! “Nais Niyang irepresenta ko Siya sa munting Timbuktu kung saan walang limampung sentimo ng pera, na doon nga'y walang anuman, o ang naroon ay grupo lang ng mahihirap na tao,” 'yun nga'y isang nais. Amen!

295 “Hindi n’yo kailangang lumakap ng marami, hindi n’yo kailangang gawin ang *ganito*, ipaalam n’yo lang sa akin kung saan Niya ako nais humayo.” Amen. Ganoon lamang.

296 “Kung nais Niya akong gumawa ng iba, kumilos nang iba,” katulad ng mga kapatid na babae rito’t iba pang bagay, “kung nais Niyang gawin ko ang isang naturang bagay, purihin ang Diyos, isang pribilehiyo para sa akin na gawin ito.” Hayan nga kayo! Batid natin na Siya’y paluklok na sa kapangyarihan, kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng mundo. “Kung itatabi ko nang walang liwag ang bawat pasan at ang mga pagkakasalang pumipigil sa akin, anupa’t ibunsod ako na tumakbo sa takbuhing inilagay sa harapan ko. Ibunsod nga ako na masdan ang May-Akda’t Sumakdal ng ating Pananampalataya, si Jesus Cristo.” Na lumuluklok na sa kapangyarihan!

297 Ang “matatanda,” ang dalawampu’t apat na matatanda. Buweno. Labing-dalawa . . . Diyan sa Apocalipsis, ay makikita natin ito. Sa Aklat ng Apocalipsis, sa ika-21 kabanata, masusumpungan natin ang bayan ng Jerusalem na may labing-dalawang patatagan. Tama ba? At siya’y may labing-dalawang pintuan, na tatlo sa bawat tagiliran, ang tatlong apat ay labing-dalawa. Ganoon na ganoon mismo sa pagkakupuwesto ng tabernakulo roon sa ilang, yamang nakita ni Juan nang eksakto at nakita nang eksakto ang siya ring bagay na nakita ni Moises noong siya’y naroon sa itaas, pareho rin sa bagay na nakita ni Pablo.

298 At ngayon napansin natin na ang labing-dalawang patatagan ay ang mga pangalan ng mga alagad. At ang labing-dalawang pintuan ay may pangalan ng bawat angkan sa pintuan. Ganoon nga na nasumpungan natin at nakita ang labing-dalawang matatanda na ’yun, ang labing-dalawang angkan, ang labing-dalawang angkan, ang labing-dalawang patatagan, ang labing-dalawang pintuan! Oh, grabe! Kunin n’yo ang mga bilang na ’yan ng Diyos at hindi n’yo ’yun maililigaw sa kung anumang, ’yun nga’y tutugaygay at tutugaygay mismo sa lahat ng dako sa bawat pagkakataon.

299 Yan ang dahilan, kita n’yo, kung bakit may anim na araw tayo na ang mundo’y nilalang, at malapit na malapit na tayo sa ikapitong araw na ito ngayon. Noong unang dalawang-libong taon, winasak ng Diyos ang tubig . . . ang mundo sa pamamagitan ng tubig. Ang ikalawang dalawang-libong taon, dumating si Cristo. Ngayon ay 1961, nasa pintuan na mismo, kakaunti na lang ang panahon. At tingnan n’yo, sabi ni Jesus, “Ngayon, hindi na hahaba pa,” Sabi Niya, “dahil puputulin ko ang gawa nang maiksi. Kung hindi Ko gagawin, lilipulin ng bomba atomika ang lahat na laman. Uh-huh. Alang-alang mismo sa mga Hinirang, Aking puputulin nang maiksi ang gawa sa katuwiran. Puputulin Ko ito, na bahagi ng panahon.” Kita n’yo, pagkatapos ay itong libong-taon na Milenyum na, ang dakilang Araw.

300 Habang nagpupunyagi ang Iglesya laban sa kasalanan nang anim na libong taon, at ang ikapitong libo ay ang Milenyum. Katulad mismo na gumugol ang Diyos ng anim na libong taon para itayo ang mundo, at ang ikapitong libo'y nagpahinga Siya mula sa lahat na Kanyang mga gawa. At ang Iglesya'y nagpupunyagi laban sa kasalanan nang anim na libong taon, at sa ikapitong libo'y magpapahinga ang Iglesya.

301 Ang puting damit na suot ng matatanda'y ang pagkamatuwid ng Mga Banal. Ang ibig sabihin ng *puti* ay “pagkamatuwid.” At yamang sila'y *nadadamitan* ay ipinapakita na sila'y “mga saserdote o mga tagahatol,” *nadadamitan-ng-puti*, mga saserdote, mga tagahatol, mga propeta, at iba pa; kita n'yo, kung ano nga sila. *Nadadamitan* sila ng *puti*, ang dalawampu't apat na matatanda. May dalawampu't apat na matatanda nga. May labing-dalawa mula sa kanila para sa labing-dalawang angkan ni Israel; ang labing-dalawang alagad nama'y para sa Iglesya.

302 At naroon sila sa mga patyo ng dakilang Hari. Alalahanin n'yo, nakaupo sila roon, *heto* nga sila. At *heto* naman ang Nobya at si Cristo na nakaupo sa Kanyang Luklukan, at ang Kanyang Asawang Babae ay nakaupo sa tabi Niya, ang Iglesya. Ang dalawampu't apat na matatanda . . . Ang sandaan at apatnapu't apat na libong bating ng templo'y nagmimistryo naman sa Kanya. Saan man Siya tutungo, kasama Niyang humahayo ang Kanyang Asawa. Oh, oh ang ganda! Sa pagtugaygay sa dakilang Kapanahunan na 'yun na parating, sa panahon na ang lahat ng kasalanan at anyo man ng pagkakasala . . .

303 Lahat ng naglalakihan, na maiinam na mga gusali na pinapahalagahan ng mga tao sa panahon ngayon, lahat ng pera at mga pagnanasa at lahat ng kasalanan at naggagandahang mga babae at lalaki, at anumang bagay na sinusubukan nilang gawin sa kanilang katawan, kung anuman o ano, para maging silo ng diyablo para ipadala ang kanilang mga kaluluwa sa impyerno, haya't mamamatay at mabubulok, at kakainin ng mga uod. At ang unang bagay, ang mga uod . . . lahat ng kung ano sila'y mauwi sa apoy ng bulkan at babalik sa wala kundi magiging kemikal na ulan at—at lahat nitong abo mula sa bulkan.

304 Pero isa sa mga umagang ito, kaibigan, isa sa mga umagang ito, kapag ang lahat ay tapos na, siya'y sisibol muli. Ang kaparangan na namumuti dahil sa mga bulaklak na clover at ang—ang halimuyak mula sa rosas ay hahalo na sa pamumulaklak mula sa Punongkahoy ng Buhay, at si Cristo'y babalik isang umaga. Kapag ang malalaking ibon, ang mga kalapati, ay mauupo sa mga punongkahoy at huhuni, at wala nang kamatayan at wala nang kalungkutan. Si Cristo at ang Kanyang mga Tinubos ay magbabalik sa lupa; hindi na matatanda kundi bata na magpakailanman. Imortal, tatayo tayo

sa Kanyang wangis, na ang araw at ang mga bituwin ay hihigitan natin sa pagsinag.

Ako'y patungo sa magandang Siyudad na iyon
 Na inihanda ng Panginoon para sa Kanyang
 Hirang;
 Kung saan ang lahat ng mga tinubos sa lahat
 na kapanahunan
 Ay aawit ng "Kaluwalhatian!" sa palibot ng
 Puting Luklukan.
 Kung minsan ang Langit ay inaasam ko nang
 lubusan
 At ang kaluwalhatian sa kaitaasan na
 mamamasdan:
 Grabeng kagalakan 'yun kapag ang aking
 Tagapagligtas ay nabanaag ko na,
 Sa magandang Siyudad na iyon na ginintuan!

Grabe mismo ang pag-aasam ko na makita Siya! Oh, gustung-gusto ko Siyang makita!

Ako'y patungo sa magandang Siyudad na iyon.

³⁰⁵ Nakita 'yun ni Juan, doon sa pulo ng Patmos, na bumababa na parang isang inihahandang Nobya para sa kanyang asawang lalaki. Ang kaluwalhatian nun ay nais kong makita, balang araw.

Nais ko Siyang makita, at tumingin sa
 Kanyang mukha,
 Doon ay aawit magpakailanman tungkol sa
 Kanyang nagliligtas na biyaya;
 Sa lansangan ng Kaluwalhatian ang aking
 tinig ay aking iaangat;
 Lahat ng alalahanin ay nakaraan na, nakauwi
 na ako sa tahanan sa wakas, na kailanma'y
 magsasaya.

³⁰⁶ Ang munting pagdulas at pagdausdos na 'yun sa niyebe, ang munting init at mga pagpapagal sa araw; gusto ko sana ang maybahay ko at si Mabel ay lumapit lang at awitin ang awiting ito para sa akin, kung aking—aking magagawa, "Ang mga paghihirap sa daan ay parang balewala na lang, kapag ako'y nakasapit na sa dulo ng aking daan." Ganoon nga.

³⁰⁷ Naalala ko 'yung gabi noong umalis ako sa simbahan para magpasimula ng gawaing pagi-ebanghelyo, noong lahat kayo'y naiiyak noon; wala nang natira, halos, siguro'y kakaunti na lang sa inyo ang narito pa. Si Kapatid na babae at Kapatid na lalaking Spencer, at marahil ilan—ilan pa na matatagal na rito na nandito pa, noong umiyak sila rito noon. Pero mangyari nga na ang sabi ng Espiritu Santo'y, "Kinakailangan mong humayo!"

³⁰⁸ At naalala ko ang unang pagkikita matapos na mawala ako nang ilang buwan, nagpunta noon si Meda sa Jonesboro,

si Becky ay munting paslit pa noon, nagtungo sila roon sa lumang Cottonbelt na tren, inabot rin sila ng ilang araw para makapunta roon. At nakatayo ako roon noong gabihin na siya ng dating. Sinubukan naming makapasok sa awditoryum, na tatlong bloke ang layo, binabantayan ng mga pulis ang kalsada nang paganoon. Punung-puno ang mga kalsada. Kinailangan, na idaan nila ako sa kalsada at umikot para makapasok sa lugar. Sabi ni Meda, “Nagpunta ba sila rito para lang marinig kang nangangaral, Bill?”

309 Sabi ko, “Hindi.” Pagkatapos umawit na kami:

Nanggaling pa sila mula sa Silangan at
Kanluran,
Nanggaling pa sila sa mga lupain sa kalayuan,
Upang sa ating Hari’y makipagpiging, upang
makapananghali bilang Kanyang panauhin;
Napakapalad ng mga manlalakbay na ito!
Na kanilang namamasdan ang ang banal
Niyang mukha
Na nagliliwanag na maningning sa Makalangit
na pag-ibig;
Sila’y mga pinagpala ng Kanyang biyaya,
Bilang mga hiyas sa Kanyang putong na
mangingislap.

Oh, si Jesus ay malapit nang dumating,
Ang ating mga pagsubok ay matatapos na rin.
Oh, ano kaya kung sa sandaling ito’y ang ating
Panginoon ay darating
Sa kanila na sa kasalanan ay nagsilaya na?
Oh, ito ba’y maghahatid sa inyo ng galak,
O pagsisisi at kalungkutang malalim?
Kapag ang Panginoon natin sa kaluwalhatian
ay dumating,
Atin Siyang sasalubungin sa papawirin.

310 Amen! Oh, iniibig ko Siya! Magdadala ba ’yun sa inyo ng pagsisisi at kalungkutang malalim, o magdadala ’yun sa inyo ng kagalakan? Kapag ang ating Panginoon sa kaluwalhatian ay dumating, kakatagpuin natin Siya sa papawirin. Haya’t habang ang mga kaisipan na ’yan ay nasa ating mga isipan, atin pong iyuko na ang ating mga ulo. Loobin ng Panginoon, tatapusin ko ang gawain na ito sa ibang pagkakataon.

311 Makalangit naming Ama, oh, sila’y manggagaling nga mula sa Silangan at Kanluran, sila’y manggagaling sa malayong mga lupain. Pinagninilayan ko po ang dakilang Pag-agaw na ’yun. Ang mga tao na pinangaralan ko doon sa Aprika, sa India, at sa buong mundo, mangyari nga na makikita ko uli ang kanilang mukha. Marami sa kanila ang umiiyak, tumungo noon sa may eroplano, at nakatanaw sa mga bakod at sumisigaw at umiiyak.

Iniiisip ko nga noong magtungo sila kasama si Pablo isang beses, lumuhod sila't nanalangin. Ang sabi niya, "Natitiyak ko na wala sa inyo. . . marami sa inyo rito ang hindi na uli makikita ang aking mukha."

Pero manggagaling sila mula sa Silangan at
 Kanluran,
 Manggagaling sila sa mga lupain sa kalayuan,
 Upang sa ating Hari'y makipagpiging, upang
 makapananghali bilang Kanyang panauhin;
 Napakapalad ng mga manlalakbay na ito!
 Na kanilang namamasdan ang ang
 banal Niyang mukha (sa esmeraldang
 kaluwalhatian,)
 Na nagliliwanag na maningning sa Makalangit
 na Ningning;

Hindi lang ilaw mula sa lampara o ilaw ng kandila, bagkus—
 bagkus Makalangit na Liwanag.

Na nagliliwanag nang maningning sa
 Makalangit na Liwanag;
 Sila'y mga pinagpala ng Kanyang biyaya,
 Bilang mga hiyas sa Kanyang putong na
 mangingislap.

Oh Diyos!

Noong ang baga ng Apoy ay hipuin ang
 propeta,
 Na siya'y pinaging sadyang dalisay at sadyang
 lantay,
 Noong ang Tinig ng Diyos ay magsabi, "Sino
 ang hahayo alang-alang sa amin?"
 Pagkatapos siya'y tumugon, "Heto ako, ako'y
 isugo."

³¹² Oh, Iyo pong ipadala ang Anghel sa umagang ito, ang Mga Kerubin na may anim na pakpak, gaya ng pagkakakita sa kanila ni Isaias, na lumipad sa gusali, na nagsasabi, "Banal, banal, banal, ang Panginoon." At si Isaias na batang propeta'y nagsabi, "Ang aking mga labi'y marumi, at ako'y nasa gitna ng bayan na marumi, at ang aking mga mata'y nakita ang Kaluwalhatian ng Panginoon." Ang mga haligi'y gumalaw mula sa templo. At may Anghel na kumuha ng pang-ipit mula sa dambana, at kinuha ang baga ng apoy at idinampi sa kanyang labi, na ang sabi, "Nililinis ko ang iyong mga labi. Ngayon magpropeisya ka, anak ng tao." Iyo pong ipadala ang Anghel sa umagang ito, Panginoon, upang linisin ang aming mga labi mula sa anumang karumihan. Iyo pong linisin ang aming mga puso, at pumasok Ka, Panginoon. Gibain mo ang sariling-pagpapasya. Na . . . ang aking kalooban (sa Iyo) ay maging ang Kalooban Mo, Panginoon. Oh, nawa'y ang Iyong Kalooban ay maparito sa akin, Oh Diyos. At ibunsod ako

at ang aking iglesya at ang aking mga kapatid na mapasaiyo, Oh Panginoon. Aming itinatagubilin ang aming mga sarili sa Iyo.

313 At gaya ng sinasabi noon ng makata, Ama:

Milyun-milyon ngayon ang lugmok sa sala't
kahihyan ang nagsisipanaw;

Doon sa Aprika, sa India, sa buong mundo, libo-libo mismo sa isang oras, at nakakatagpo Ka nang hindi Ka nakikilala.

Milyun-milyon ngayon ang lugmok sa sala't
kahihyan ang nagsisipanaw;

Anupa't, Diyos, dinudrog nun ang aking kaluluwa sa pagbubulay dun.

Pakinggan Mo ang kanilang pananaghoy na
mapanglaw at mapait;
Magmadali ka, kapatid, magmadali ka nang
sila'y maikubli;
Dali-daling tumugon, "Panginoon, heto po
ako."

314 Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, muli pong ipagkaloob ito. Nakagawa ako ng lahat na ng uri ng pagkakamali, Ama, sa nagdaang taon na ito, dalangin ko po na Iyong patawarin ako dahil sa mga bagay na ito. At sa Bagong Taon na ito, Panginoon, Iyo pong pahiran ako na panibago. Itulot Mo po na ako'y makadako sa milyun-milyon na 'yun na nakasadlak doon sa ibayo ng kasalanan at kahihyan, na mga naghigingalo na, dalhin Mo sila tungo sa dakilang kapahayagan na ito ng Iyong Katotohanan, na hinahatid sa kanila ang pahid ng Espiritu Santo; nang sa gayon sa araw na 'yun na manggaling sila sa Silangan at Kanluran, ay magliliwanag sila na parang mga hiyas sa Iyong Putong. Tulungan Mo po ako, Panginoon, na makadako roon at makapagmina at mahukay sila mula sa lupa, sa dumi mismo ng sanlibutan, sa dumi at mga kahalayan na kinabubuhayan nila. At ibunsod sila na makita ang isang Banal na Diyos na gagawin silang malinis at mabuhay na gaya ng mga Cristiano, na pinaging banal at dalisay sa harapan Mo; na tumalikod na mula sa kasamaan, mula sa lahat na ng uri ng makamundong kaaliwan, at bumaling na sa isang Diyos na buhay, at gagawin silang mga kinatawan ng Iyong Kaharian para sa dakilang araw na 'yun.

315 Iyo pong papaging banalin ang munting iglesya na ito sa umagang ito, Panginoon. Papaging banalin ang bawat tao rito nang Iyong Espiritu, at ibunsod ang Espiritu Santo na dumako sa kanilang mga puso, sa bawat isa sa amin. Papagsariwain ang Espiritu sa kanila na nag- . . . na nagbukas na ng kanilang mga puso sa pamamagitan ng kanilang sariling-pagpapasya, na tinanggihan na ang sarili nilang pagpapasya at dumulog na para kilalanin ang Iyong Kalooban.

³¹⁶ Ang mga kabataan na ito, Panginoon, marami sa kanila ang munting paslit pa lang. Gaano nga mismo na Iyong kinakalinga sila sa Iyong mga bisig! Kung papaano nga na inaalagaan ng isang nanay ang kanyang munting sanggol, na pinapahid ang mga luha sa kanilang mga mata at—at binibigyan sila ng espesyal na mga bagay dahil minamahal niya sila. Ganoon po ang Iyong pagmamahal sa Iyong munting mga bagong silang na mga anak, Panginoon. Hindi pa nila kayang lumakad, hindi pa sila nakakapagsalita. Ang tanging nagagawa nila'y umiyak at tumingin sa Nanay. Oh Diyos, hawakan Mo po sila sa Iyong mga bisig, nang may pagmamahal, gaya ng munting mga kordero, at pangunahan sila hanggang sa sila'y humusto na sa laki na sila'y makakapaglakad na. Pagkatapos pangunahan mo sila, Panginoon, doon po sa mga tahakin ng paglilingkod. Iyo pong ipagkaloob ito.

³¹⁷ Iyo pong patawarin kami sa aming mga pagkakasala, gaya ng pagpapatawad namin sa nagkakasala laban sa amin. Huwag Mo kaming ihatid sa tukso, bagkus ay ilitas kami sa masama. Sapagkat sa Iyo ang Kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³¹⁸ Pagpalain kayo ng Diyos! Umaasa ako na ang Diyos ay nakagawa ng espesyal na bagay sa inyo sa umagang ito para ibunsod kayo na simulan ang Bagong Taon sa isang bagay na ito, na iniibig n'yo si Jesus Cristo, at balang araw ay magnanais kayo na makita Siya at iibigin Siya at mabubuhay kasama Siya magpakailanman. Inaasam ko na wala sa inyo ang mawaglit, na ang bawat isa sa inyo ay maligtas at mapuspos ng Espiritu Santo, at mapanatili hanggang sa araw ng Kanyang Pagdating, dahil naniniwala ako na 'yan ay napipinto na.

Ngayon ibinabalik ko na ang gawain kay Kapatid na Neville.



APOCALIPSIS, IKAAPAT NA KABANATA BAHAGI II TAG61-0101

(Revelation, Chapter Four Part II)

SERYE NG ANG KAPAHAYAGAN UKOL KAY JESUS CRISTO

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Enero 1, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org